Mayroong kang nakakamatay na sakit (medikal na isyu na nagbabanta sa buhay)	Mga Sakop na Serbisyo hanggang magpatuloy ang iyong sakit. Ang mga wala nang lunas na sakit ay mga sakit na hindi na maaaring gamutin o ibalik at malamang na magiging sanhi ng kamatayan sa loob ng isang taon o mas maaga sa karamihan ng sitwasyon.
Nakaiskedyul ka para sa operasyon o iba pang medikal na procedure hanggang sakop ito, medikal na kinakailangan, at awtorisado bilang bahagi ng dokumentado ang haba ng paggamot at inirerekomenda at dokumentado ng provider	Mga Sakop na Serbisyo kaugnay sa iyong operasyon o procedure: <ul style="list-style-type: none"> • Kung ikaw ay bagong Miyembro, ang operasyon o procedure ay dapat inirekomenda at dokumentado ng provider para mangyari sa loob 180 araw ng petsa ng pagsisimula ng iyong coverage. • Kung matatapos ang kontrata ng iyong provider sa Kaiser Permanente, ang operasyon o procedure ay dapat inirekomenda at dokumentado ng provider na mangyari sa loob 180 araw ng petsa ng pagtatapos ng kontrata sa pagitan ng Kaiser Permanente at ng providerr

Mga karagdagang kinakailangan para sa Pagpapatuloy ng Pangangalaga

Dagdag pa sa pamanatayang nakalista sa itaas, ang mga sumusunod ay dapat mangyari para makakuha ka ng Pagpapatuloy ng Pangangalaga:

- Magsisimula na ang iyong Medi-Cal coverage sa petsa kung kailan mo natanggap ang mga serbisyo
- Mayroon kang umiiral na ugnayan sa provider



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

2 | Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

- Para sa paggamot ng kalusugan ng pag-uugali para sa mga batang wala pang 21, ang ibig sabihin nito ay nagpatingin ka sa provider sa loob ng nakalipas na 12 buwan para sa hindi emergency na pagpapatingin.
- Para sa lahat ng iba pang serbisyo, ang ibig sahin nito ay nagpatingin ka sa provider sa loob ng nakalipas na 12 buwan para sa hindi emergency na pagpapatingin.
- Sumasang-ayon ang provider sa aming karaniwang mga tuntunin at kondisyon ng kontrata
- Ang mga serbisyong ito ay Medikal na Kinakailangan at sakop ng pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal

Walang alalahanin ng dokumentadong kalidad ng pangangalaga ang Kaiser Permanente sa Provider na Wala sa Network

Hindi **namin** sinasakop ang Pagpapatuloy ng Pangangalaga mula sa mga Provider na Wala sa Network ng Medi-Cal kung mangyayari ang alinman sa mga sumusunod:

- Ang mga serbisyo ay hindi sinasakop ng pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal
- Hindi magtatrabaho sa amin ang iyong Provider na Wala sa Network ng Medi-Cal. Kakailanganin mong maghanap ng bagong Provider na nasa Network ng Medi-Cal

Hindi lahat ng serbisyo ay kwalipikado para sa coverage sa ilalim ng Pagpapatuloy ng Pangangalaga. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Pagpapatuloy ng Pangangalaga, o para hilingin ang mga serbisyo o kopya ng aming patakaran ng "Pagkumpleto ng Mga Sakop na Serbisyo", mangyaring tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**).

Mga Gastos

Mga gastos ng miyembro

Naglilingkod ang aming Medi-Cal Plan sa mga taong kwalipikado para sa Medi-Cal. Sa karamihan ng mga sitwasyon, ang mga Miyembro ng Kaiser Permanente Medi-Cal ay hindi kailangang magbayad para sa mga sakop ng serbisyo, mga premium, o deductible. Para sa listahan ng Mga Sakop na Serbisyo, tingnan ang Kabanata 4, "Mga benepisyo at mga serbisyo", ng Handbook ng Miyembro na ito.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

2 | Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

Kung ikaw ay American Indian, hindi mo kailangang magbayad ng mga singil sa pag-enroll, mga premium, deductible, co-pay, hatian sa gastos, o iba pang katulad na singil. Hindi namin dapat singilin ang sinumang miyembro ng American Indian na nakakakuha ng item o serbisyo mismo mula sa Mga Plano ng Pangangalagang Pangkalusugan na Pang-indibiduwal (Individualized Health Care Plan, IHCP) o sa pamamagitan ng referral sa IHCP o bawasan ang mga pagbabayad dahil sa IHCP sa pamamagitan ng halaga ng bayad sa pag-enroll, premium, deductible, copayment, hatian sa gastos, o iba pang katulad na singil.

Kung naka-enroll ka sa Children's Health Insurance Program ("CCHIP") ng County ng mga county ng Santa Clara, San Francisco, o San Mateo, o naka-enroll sa Medi-Cal for Families, maaari kang magkaroon ng buwanang premium at mga copayment.

Para makakuha ng mga serbisyo ng Mga Provider na Wala sa Network ng Medi-Cal, maaaring hindi sila masakop kung hindi ka nakakuha ng maagang pag-apruba (paunang pahintulot). Sa mga sitwasyon kung saan hindi sakop ang mga serbisyo, maaaring kailanganin mong bayaran ang mga serbisyo.

Maaari kang pumunta sa Mga Provider na Wala sa Network ng Medi-Cal para sa ilang Maselang Pangangalaga nang walang maagang pag-apruba. Para sa impormasyon sa kung ano ang Maselang Pangangalaga, pumunta sa heading na "Maselang Pangangalaga" sa Kabanata 3, ("Paano makakakuha ng pangangalaga") ng Handbook ng Miyembro na ito.

Hindi mo kailangan ng maagang pag-apruba para sa mga Pang-emergency na Pangangalaga kahit pumunta ka sa Mga Provider na Wala sa Network ng Medi-Cal. Kung ikaw ay nasa labas ng United States bukod sa Canada o Mexico at kailangan ng Pang-emergency na Pangangalaga, **hindi** sasakupin ng Kaiser Permanente ang iyong pangangalaga.

Kapag ikaw ay nasa labas ng United States, sasakupin namin ang mga serbisyo sa Agarang Pangangalaga. Kung ikaw ay nasa loob ng iyong Pinaglilingkurang Lugar sa Tinitirhang Rehiyon, ikaw dapat ay may maagang pag-apruba para pumunta sa isang provider ng Agarang Pangangalaga na Wala sa Network. Hindi mo kailangan ng maagang pag-paruba para sa Agarang Pangangalaga kung ikaw ay nasa labas ng iyong Pinaglilingkurang Lugar sa Tinitirhang Rehiyon. Kung ikaw ay nasa labas ng United States, ang mga serbisyo para sa Agarang Pangangalaga **ay hindi** sinasakop, at kakailanganin mong bayaran ang pangangalaga sa iyo. Ang iyong Tinitirhang Rehiyon ay alinman sa Kaiser Permanente Rehiyon ng Hilagang California o ang Kaiser Permanente Rehiyon ng Katimugang California. Ang iyong ID Card ng Kaiser Permanente ay may pangalan ng iyong Tinitirhang Rehiyon sa harapan.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Para sa Mga Miyembrong may Pangmatagalang Pangangalaga at Bahagi sa Gastos

Maaaring kailanganin mong magbayad ng bahagi ng gastos bawat buwan para sa iyong mga serbisyo para sa pangmatagalang pangangalaga. Depende sa iyong kita ang halaga ng iyong bahagi sa gastos. Bawat buwan, babayaran mo ang iyong sariling mga bayarin sa pangangalagang pangkalusugan, ngunit hindi limitado, sa mga bayarin sa Mga Pangmatagalang Suporta at Serbisyo (Long-term Support Services, “LTSS”), hanggang sa ang halagang binayaran mo ay maging katumbas ng iyong bahagi sa gastos. Pagkatapos noon, sasakupin namin ang iyong pangmatagalang pangangalaga para sa buwan na iyon. Hindi ka sasakupin ng Planong Pangkalusugan hangga’t hindi mo nababayaran ang iyong buong bahagi sa gastos para sa pangmatagalang pangangalaga para sa buwan na iyon.

Paano binabayaran ang isang provider

Binabayaran ng Kaiser Permanente ang mga provider sa mga paraang ito:

- Capitation na mga pagbabayad
 - Binabayaran namin ang ilang provider ng itinakdang pera kada buwan para sa bawat Miyembro. Tinatawag itong capitation na pagbabayad. Magkasamang nagtutulungan ang Kaiser Permanente at mga provider para magpasya sa halaga ng pagbabayad.
- Mga FFS na pagbabayad
 - Nagbibigay ang ilang provider ng pangangalaga sa mga miyembro ng Medi-Cal at magpapadala sa amin ng bayarin para sa mga serbisyong ibinigay nila. Tinatawag itong FFS na pagbabayad. Magkasamang nagtutulungan ang Kaiser Permanente at mga provider para magpasya sa kung magkano ang bawat serbisyo.

Para alamin pa ang tungkol sa paano naming binabayaran ang mga provider, tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY 711).

Kung makatanggap ka bayarin mula sa provider ng pangangalagang pangkalusugan

Ang mga Sakop na Serbisyo ay mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na dapat naming bayaran. Kung makatanggap ka ng bayarin para sa anumang sakop na serbisyo ng Medi-Cal, huwag bayaran ang bayarin. Tawagan kaagad ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY 711).



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY 711). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Kung makakatanggap ka ng bayarin mula sa isang parmasya para sa isang inireresetang gamot, mga supply o mga suplemento, tumawag sa Serbisyo sa Customer ng Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **711**, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. Maaari ka ring pumunta sa website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/> (sa Ingles).

Hinihiling sa amin na bayaran ka para sa mga gastos

Kung nagbayad ka para sa mga serbisyo na natanggap mo na, maaari kang maging kwalipikado para ma-reimburse (mabayaran) kung natutugunan mo ang **lahat** ng mga kondisyong ito:

- Ang serbisyonang natanggap mo ay sakop ng serbisyo na responsable kaming bayaran. Hindi ka namin ire-reimburse para sa serbisyo na hindi namin sakop.
- Natanggap mo ang sakop na serbisyo habang kwalipikado kang miyembro ng Medi-Cal. Hinihiling mong bayaran ka sa loob ng isang taon mula sa petsa na natanggap mo ang sakop na serbisyo
- Nagpapakita ka ng katunayan, o isang tao sa ngalan mo, na binayaran mo ang sakop na serbisyo, tulad ng detalyadong resibo mula sa provider.
- Natanggap mo ang sakop na serbisyo mula sa naka-enroll na provider ng Medi-Cal sa aming network ng provider ng Medi-Cal. Hindi mo kailangang matugunan ang kondisyong ito kung nakatanggap ka ng pang-emergency na pangangalaga, mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, o iba pang serbisyo na pinapayagan ng Medi-Cal ang mga provider na wala sa network na gumawa nang walang maagang pag-apruba (paunang pahintulot).
- Kung karaniwang hinihiling ng sakop na serbisyo ang maagang pag-apruba (paunang pahintulot), kailangan mong magbigay ng katunayan mula sa provider na nagpapakita ng medikal na pangangailangan para sa sakop na serbisyo.

Kung hindi mo matutugunan ang isa sa mga kondisyon sa itaas, hindi ka namin babayaran. Hindi karin namin babayaran kung:

- Humiling at tumanggap ka ng mga serbisyonang hindi sakop ng Medi-Cal, tulad ng mga serbisyo para sa pagpapaganda
- Ang serbisyo ay hindi sakop na serbisyo para sa amin



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

2 | Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

- Hindi mo natugunan ang bahagi sa astos ng Medi-Cal
- Pumunta ka sa isang doktor na hindi tumatanggap ng Medi-Cal at pinirmahan mo ang form na sinasabing gusto mo pa ring matingnan at ikaw mismo ang magbabayad para sa mga serbisyo
- Mayroon kang mga copay ng Medicare Part D para sa mga gamot na sakop ng iyong Medicare plan

Sasabihin namin sa iyo sa pamamagitan ng sulat kung babayaran ka namin. Dapat ka namin i-reimburse sa loob ng 45 araw ng trabaho mula nang matanggap ang claim. Kung magpasya kaming hindi ka kwalipikado para sa reimbursement, sasabihin namin sa iyo sa isang sulat na tinatawag na Abiso ng Aksyon (Notice of Action, “NOA”). na kasama ang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan para sa apela.

Paano mag-file ng claim

Kung nagbayad ka na para sa mga serbisyong natanggap mo, maaari kang mag-file ng claim. Gumamit ng claim form at sabihin sa amin sa sulat kung bakit kinailangan mong magbayad. Tawagan ang aming Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)** para humingi ng claim form. Susuriin namin ang iyong claim upang malaman kung maisasauli ang iyong pera.

Maaari kang mag-file ng claim (humiling ng bayad/reimbursement):

- Sa pagbisita sa kp.org (sa Ingles), ang pagkumpleto ng electronic form at pag-upload ng mga sumusuportang dokumentasyon;
- Sa pagpapadala sa koreo ng papel na form na maaaring makuha sa pamamagitan ng pagbisita sa kp.org (sa Ingles) o pagtawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**; o
- Kung hindi mo ma-access ang electronic form (o makuha ang papel na form), ipadala sa koreo ng pinakamababang dami ng impormasyon na kailangan namin para maproseso ang iyong claim:
 - Pangalan ng Miyembro/Pasyente at Numero ng Rekord para sa Medikal/Kalusugan
 - Ang petsa na natanggap mo ang Mga Serbisyo
 - Kung saan mo natanggap ang Mga Serbisyo
 - Sino ang nagbigay ng Mga Serbisyo
 - Bakit sa tingin mo kailangan naming magbayad para sa Mga Serbisyo



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

2 | Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

- Kopya ng bayarin, ang iyong (mga) medikal na rekord para sa Mga Serbisyong ito, at ang iyong resibo kung ikaw ang nagbayad para sa Mga Serbisyo.

Address sa pagpapadala ng sulat upang isumite ang iyong claim sa Kaiser Permanente sa Hilagang California:

Kaiser Permanente
Claims Administration - NCAL
P.O. Box 12923
Oakland, CA 94604-2923

Address sa pagpapadala ng sulat upang isumite ang iyong claim sa Kaiser Permanente sa Katimugang California:

Kaiser Permanente
Claims Administration - SCAL
P.O. Box 7004
Downey, CA 90242-7004



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY 711). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

3. Paano makakuha ng pangangalaga

Pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan

MANGYARING BASAHIN ANG SUMUSUNOD NA IMPORMASYON UPANG MALAMAN MO KUNG KANINO O SA ANONG GRUPO NG MGA PROVIDER KA MAAARING MAKATANGGAP NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN.

Ang impormasyon tungkol sa coverage sa Handbook ng Miyembro na ito ay naaangkop kapag nakakatanggap ka ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa iyong Pinaglilingkurang Lugar sa Tinitirhang Rehiyon. Ang iyong Tinitirhang Rehiyon ay ang Rehiyon ng Kaiser Permanente kung saan ka naka-enroll. Ito ay alinman sa aming Rehiyon ng Hilagang California o Rehiyon ng Katimugang California. Ang pangalan ng iyong Tinitirhang Rehiyon ay naka-print sa iyong ID Card ng Kaiser Permanente. Kung bibisita ka sa ibang Rehiyon ng California, ikaw ay sakop lang para sa Pang-emergency na Pangangalaga, Agarang Pangangalaga, at mga Serbisyo para sa Pagpaplano ng Pamilya, maliban kung maagang aprubahan namin ang mga serbisyo para sa iyo. Kung bibisita ka sa Rehiyon ng Kaiser Permanente sa labas sa California, ikaw ay sakop lang para sa Pang-emergency na Pangangalaga o Agarang Pangangalaga, maliban kung maagang aprubahan namin ang mga serbisyo para sa iyo. Para sa higit pang impormasyon sa kung maghanap ng Mga Provider na nasa Network ng Medi-Cal sa iyong Pinaglilingkuran na Lugar sa Tinitirhang Rehiyon, pumunta sa aming mga listahan ng provider sa kp.org/finddoctors (sa Ingles) o tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**.

Nagbibigay kami ng mga serbisyo sa aming mga Miyembro sa pamamagitan ng aming Mga Provider na nasa Network ng Medi-Cal. Nagtutulongan ang mga ito upang bigyan ka ng may kalidad na pangangalaga. Kapag pipiliin mo ang Kaiser Foundation Health Plan, Inc. bilang iyong plano ng pinamamahalaang pangangalaga, pinipili mong makuha



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

3 | Paano makakakuha ng pangangalaga

ang iyong pangangalaga sa pamamagitan ng aming programa sa pangangalagang medikal. Para hanapin kung saan matatagpuan ang aming Mga Provider na Nasa Network ng Medi-Cal, bisitahin ang aming website sa kp.org/finddoctors (sa Ingles). Para sa higit pang impormasyon, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**).

Masisimulan mong matanggap ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa iyong petsa ng simula ng pag-enroll sa aming Medi-Cal Plan. yong Identification ("ID") card ng Kaiser Permanente, Identification Card ng mga Benepisyo ng Medi-Cal (Benefits Identification Card, "BIC"), at anumang iba pa mga card ng insurance sa kalusugan na mayroon ka. Huwag kailanman pahintulutan na gamitin ng ibang tao ang iyong BIC card o ID card Kaiser Permanente.

Ang mga bagong miyembro na may coverage ng Medi-Cal ay dapat lang pumili ng pangunahing provider sa pangangalaga (primary care provider, "PCP") sa aming network ng provider ng Medi-Cal. Ang mga bagong miyembro na may Medi-Cal at komprehensibong iba pang coverage sa kalusugan ay hindi kailangang pumili ng isang PCP. Gayunpaman, hinihikayat namin ang lahat ng mga Miyembro na pumili PCP.

Ang network ng provider ng Kaiser Permanente Medi-Cal ay grupo ng mga doktor, ospital, at iba pang provider na nakikipagtulungan sa amin. Dapat kang pumli ng PCP sa loob ng 30 araw sa oras na maging miyembro ka sa amin. Kung hindi ka pipili ng PCP, kami ang pipili ng isa para sa iyo.

Maaari kang pumili ng parehong PCP o magkakaibang PCP para sa lahat ng miyembro ng pamilya sa Kaiser Permanente Medi-Cal Plan, basta't available ang PCP.

Kung mayroon kang doktor na ayaw mong alisin, o gusto mong maghanap ng bagong PCP, pumunta sa iyong Direktoryo ng Provider ng Medi-Cal ng Kaiser Permanente para sa listahan ng PCP at iba pang provider sa aming network ng provider ng Medi-Cal. Ang Direktoryo ng Provider ay may iba pang impormasyon upang tulungan kang pumili ng PCP. Kung kailangan mo ng Direktoryo ng Provider, tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Maaari mong makita ang aming direktoryo ng provider kung saan maaaring maghanap sa kp.org/finddoctors (sa Ingles). Maaari mo ring i-download ang Direktoryo ng Provider ng Medi-Cal mula sa aming website sa kp.org/Medi-Cal/documents (sa Ingles). Para sa higit pang impormasyon, tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**).

- Sa Hilagang California, hindi mo makukuha ang pangangalagang kailangan mo mula sa Provider na nasa Network ng Kaiser Permanente Medi-Cal, hihiling ang iyong PCP sa The Permanente Medical Group ng pag-apruba para ipadala ka



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

sa isang Provider na Wala sa Network ng Medi-Cal. Tinatawag itong Referral na Wala sa Network. Hindi mo kailangan ng pag-apruba para pumunta sa isang Provider na Wala sa Network ng Medi-Cal upang makakuha ng Maselang Pangangalaga, na inilalarawan sa heading na “Maselang pangangalaga” sa huling bahagi ng kabanata ng Handbook na Miyembro na ito.

- Sa Katimugang California, kung hindi mo makukuha ang pangangalagang kailangan mo mula sa provider na nasa network ng Kaiser Permanente Medi-Cal, hihingi ng pag-apruba ang iyong PCP sa Southern California Permanente Medical Group para ipadala ka sa isang Provider na Wala sa Network ng Medi-Cal. Tinatawag itong Referral na Wala sa Network. Hindi mo kailangan ng pag-apruba para pumunta sa isang Provider na Wala sa Network ng Medi-Cal upang makakuha ng Maselang Pangangalaga, na inilalarawan sa heading na “Maselang Pangangalaga” sa huling bahagi ng kabanata ng Handbook ng Miyembro na ito.

Basahin ang natitirang bahagi ng kabanatang ito upang malaman pa ang tungkol sa mga PCP, Direktoryo ng Provider at ang network ng provider.

Pinangangasiwaan ng Medi-Cal Rx program ang coverage ng inireresetang gamot para sa outpatient. Para alamin pa, basahin ang “Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa Kabanata 4. “Mga benepisyo at serbisyo”, ng Handbook ng Miembro na ito.

Provider ng pangunahing pangangalaga (“PCP”)

Ang iyong pangunahing provider ng pangangalaga (“PCP”) ay ang lisensyadong provider na pupuntahan mo para sa karamihan ng iyong pangangalagang pangkalusugan. Tinutulungan ka rin ng iyong PCP na makakuha ng iba pang uri ng pangangalagang kailangan mo. Dapat kang pumili ng PCP sa loob ng 30 araw ng pag-enroll sa aming Medi-Cal Plan.

Para matulungan kang makakita ng doktor na naaangkop sa iyo, puwede kang mag-browse sa aming online na mga profile ng doktor sa kp.org/finddoctors (sa Ingles). Malalaman mo kung aling mga doktor ang tumatanggap ng mga bagong pasyente at pumili ng tumutugma sa iyong mga pangangailangan.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Maaaring pumili ang mga nasa hustong gulang ng isang PCP mula sa mga sumusunod:

- Paggamot sa nasa hustong gulang/internal medicine
- Family medicine
- Mga espesyalista sa OB/GYN na itinatag ng The Permanente Medical Group o ang The Permanente Medical Group ng Katimugang California bilang mga PCP

Para sa mga bata na hanggang sa edad na 18, maaari kang pumili ng doktor mula sa Gumagamot ng mga bata/nasa hustong gulang o Family medicine para maging PCP ng iyong anak. Ang bawat sakop na miyembro ng pamilya ay maaaring pumili ng sarili nilang personal na doktor. Depende sa uri ng provider, maaari kang pumili ng isang PCP para sa iyong buong pamilya na mga Miyembro ng Kaiser Permanente Kung ikaw ay parehong may Medicare at Medi-Cal, o mayroon kang komprehensibong iba pang insurance sa pangangalagang pangkalusugan, hindi mo kailangang pumili ng PCP. Gayunpaman, hinihikayat ka naming gawin ito.

Maaari mo ring piliin ang iyong pangunahing pangangalagang pangkalusugan sa isang Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan (Federally Qualified Health Center, “FQHC”), isang Provider sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Indian (Indian Health Care Provider, “IHCP”), o isang Panlalawigang Klinikang Pangkalusugan (Rural Health Clinic, “RHC”) sa aming network. Depende sa uri ng provider, maaari kang pumili ng isang PCP para sa iyong sarili at ang iyong iba pang miyembro ng pamilya na mga miyembro ng Kaiser Permanente, basta't available ang PCP.

Tandaan: Maaaring piliin ng mga American Indian ang isang IHCP bilang kanilang PCP, kahit na wala sa aming Network ng mga Provider ng Medi-Cal ang IHCP.

Kung hindi ka pipili ng PCP sa loob ng 30 araw ng pag-enroll, magtatalaga kami sa iyo ng PCP.

Maaari kang lumipat sa ibang available na doktor sa aming network ng provider ng Medi-Cal anumang oras, para sa anumang dahilan. Maaari mong palitan ang iyong doktor sa online anumang oras sa kp.org (sa Ingles) o maaari mong tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Kung pipiliin mo ang iyong PCP mula sa The Permanente Medical Group o ang The Permanente Medical group ng Katimugang California, agad magiging iyong PCP ang iyong pipiliin. Kung pipiliin mo ang iyong PCP mula sa ibang site, tulad ng FQHC, magsisimula ang iyong pagpapalit sa unang araw ng kasunod na buwan.

Ang iyong PCP ay:

- Aalamin ang iyong kasaysayan at pangangailangan sa kalusugan
- Magpapanatili ng iyong mga rekord



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

3 | Paano makakakuha ng pangangalaga

- Magbibigay sa iyo ng pang-iwas sa sakit at karaniwang pangangalaga ng kalusugan na kailangan mo
- Ire-refer (ipapadala) ka sa isang espesyalista kung kailangan mo ito
- Mag-aayos para sa pangangalaga sa ospital kung kailangan mo ito. Sa ilang sitwasyon, pwedeng ayusin din ng isang espesyalista ang pangangalaga ng ospital kung kailangan mo ito

Maaari mong tingnan ang Direktoryo ng Provider ng Medi-Cal para maghanap ng PCP sa network ng provider ng Kaiser Permanente Medi-Cal. Ang Direktoryo ng Provider ng Medi-Cal ay may listahan ng mga provider na nakikipagtulungan sa Kaiser Permanente upang magbigay ng Mga Sakop na Serbisyo, kasama ang mga IHCP, FQHC, at mga RHC.

Maaari mong makita ang Direktoryo ng Provider ng Kaiser Permanente Medi-Cal na maaaring maghanap sa online sa [kp.org/finddoctors](https://www.kp.org/finddoctors) (sa Ingles). Maaari mo ring hilingin na ipadala sa iyo sa koreo ang Direktoryo ng Provider ng Medi-Cal sa pamamagitan ng pagtawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Malalaman mo rin kung ang PCP na gusto mo ay tumatanggap ng mga bagong pasyente.

Pagpili ng mga doktor at iba pang mga provider

Pinakamabuting kung ikaw ang pipili ng iyong PCP.

Pinakamabuting manatili sa isang PCP para malaman niya ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Kung gusto mong magpalit ng bagong PCP, maaari kang magpalit anumang oras. Dapat kang pumili ng PCP na nasa network ng provider ng Kaiser Permanente Medi-Cal at tumatanggap ng mga bagong pasyente.

Kung pipiliin mo ang iyong PCP mula sa The Permanente Medical Group o ang The Permanente Medical Group ng Katimugang California, agad magiging iyong PCP ang iyong pipiliin. Kung pipiliin mo ang iyong PCP mula sa ibang site, tulad ng FQHC, magsisimula ang iyong pipiliin sa unang araw ng kasunod na buwan pagkatapos mong gawin ang papapalit. Para alamin pa kung paano pumili o palitan ang iyong PCP, tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**).

Maaari naming palitan ang iyong PCP kung hindi tumatanggap ng mga bagong pasyente ang iyong PCP, umalis sa aming network ng provider ng Medi-Cal, hindi nagbibigay ng pangangalaga sa mga pasyente na katulad ng iyong edad, o mayroong hindi nalutas na mga alalahanin sa kalidad sa PCP na hindi nalulutas. Kami o ang iyong PCP ay maaaring hilingin sa iyo na magpalit ng bagong PCP kung hindi mo nakakasundo o sinasang-ayunan ang iyong PCP, o hindi ka nakakapunta o nahuhuli ka sa mga appointment. Kung kailangan naming palitan ang iyong PCP, sasabihin namin ito sa iyo sa pamamagitan ng sulat.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa [kp.org](https://www.kp.org) (sa Ingles)

Ilang bagay na dapat pag-isipan kapag pumipili ng PCP:

- Nangangalaga ba ng mga bata ang PCP?
- Nagtatrabaho ba ang PCP sa isang Pasilidad ng Plan na gusto kong gamitin?
- Malapit ba ang tanggapan ng PCP sa aking tahanan, trabaho o paaralan ng mga anak?
- Malapit ba ang opisina ng PCP kung saan ako nakatira at madali bang makapunta sa opisina ng PCP?
- Nagsasalita ba ng aking wika ang mga doktor at tauhan?
- Akma ba sa aking iskedyul ang mga oras ng tanggapan ng PCP?

Inisyal na Appointment sa Kalusugan (“IHA”)

Para sa Mga Miyembro ng Medi-Cal na bago sa Kaiser Permanente

Inirerekomenda namin na, bilang bagong miyembro, pumunta ka sa iyong bagong PCP sa loob ng 120 araw para sa iyong inisyal na appointment sa kalusugan, na tinatawag na Inisyal na Appointment para sa Kalusugan (Initial Health Appointment, IHA). Ang layunin ng unang appointment sa kalusugan ay matulungan ang iyong PCP na malaman ang iyong kasaysayan at mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Maaaring magtanong ang iyong PCP tungkol sa kasaysayan ng iyong kalusugan o maaaring hilingin sa iyo na magkumpleto ng kuwestyonaryo. Sasabihin rin sa iyo ng iyong PCP ang tungkol sa pagpapayo at mga klase sa edukasyong pangkalusugan na maaaring makatulong sa iyo.

Kung ang iyong PCP ay nasa isang pasilidad na hindi bahagi ng The Permanente Medical Group o ang The Permanente Medical Group ng Katimugang California:

- Kapag tumawag ka para magpaskedyul ng iyong unang appointment sa kalusugan, sabihin sa taong sasagot ng telepono na ikaw ay Miyembro ng Kaiser Permanente Medi-Cal. Ibigay sa kanila ang iyong numero ng ID ng Kaiser Permanente.

Dalhin ang iyong ID card ng Kaiser Permanente at iyong ID na may litrato sa iyong appointment. Magandang ideya na magdala ng listahan ng iyong mga gamot at mga



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

tanong sa iyong pagpapatingin. Maging handa na makipag-usap sa iyong PCP tungkol sa iyong pangangailangan at alalahanin sa pangangalagang pangkalusugan.

Siguraduhing tawagan ang tanggapan ng iyong PCP kung mahuhuli ka o hindi makakapunta sa iyong appointment.

Para sa Miyembro ng Medi-Cal na may naunang coverage ng Kaiser Permanente

Kung bago ka sa Medi-Cal at ang iyong dating coverage sa kalusugan ay sa Kaiser Permanente rin, mangyaring kontakin ang iyong PCP para tingnan kung kailangan mong ng Inisyal na appointment sa kalusugan (“IHA”). Kung bago ang iyong medikal na rekord, maaari kang makapaghintay ng hanggang sa iyong susunod na nakaiskedyul na pagpapatingin sa Karaniwang Pangangalaga para gumawa ng karagdagang update sa iyong medikal na rekord.

Tinitirhang Rehiyon	Numero ng telepono para magpaskedyul ng appointment
Hilagang California	Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong unang appointment sa kalusugan, tawagan ang aming Mga Serbisyo ng Miyembro sa 1-833-721-6012 (TTY 711) , Lunes hanggang Biyernes, 8:30 a.m. hanggang 1 p.m. at 2 p.m. hanggang 5 p.m.
Katimugang California	Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong unang appointment sa kalusugan, tumawag sa aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-855-839-7613 (TTY 711) , 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban sarado sa mga holiday).

Regular na pangangalaga

Ang karaniwang pangangalaga ay ang regular na pangangalagang pangkalusugan. Kabilang dito ang mga pangangalagang pang-iwas sa sakit, na tinatawag ring wellness o pangangalaga upang mapanatili ang kalusugan (well care). Tumutulong ito para manatili kang malusog at tutulong sa iyo na maiwasang magkasakit. Kabilang sa



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

3 | Paano makakakuha ng pangangalaga

pangangalagang pang-iwas sa sakit ang mga regular na checkup, mga screening, bakuna, edukasyong pangkalusugan, at pagpapayo.

Inirerekomenda namin lalo na ang mga bata, na makatanggap ng karaniwan at pangangalagang pang-iwas sa sakit. Ang mga miyembro ng Kaiser Permanente ay maaaring matanggap ang lahat inirerekomendang ng mga serbisyo sa maagang pang-iwas na inirerekomenda ng American Academy of Pediatrics at ang Centers for Medicare at Medicaid Services. Kasama sa mga screening na ito ang mga screening sa pandinig at paningin, kung saan makakatulong na matiyak ang malusog na paglaki at pag-aaral. Para sa listahan ng mga serbisyo na inirekomenda ng pediatrician, basahin ang mga alituntunin ng “Bright Futures” mula sa American Academy of Pediatrics sa https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf (sa Ingles).

Kabilang din sa karaniwang pangangalaga ang pangangalaga kapag may sakit ka. Sinasakop namin ang karaniwang pangangalaga mula sa iyong provider sa network ng Medi-Cal.

Ang iyong PCP ay:

- Magbibigay sa iyo ng karamihan sa iyong karaniwang pangangalaga, kasama ang mga regular checkup, mga bakuna, paggamot, mga gamot, mga kailangang screening, at medikal na payo
- Magpapanatili ng iyong mga rekord sa kalusugan
- Ire-refer (ipapadala) ka sa mga espesyalista kung kinakailangan
- Mag-o-order ng mga X-ray, mga mammogram o pagsusuri sa laboratoryo kung kailangan mo ang mga ito

Tinitirhang Rehiyon	Numero ng telepono para magpaskedyul ng appointment
Hilagang California	1-866-454-8855 (TTY 711), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo o pumunta sa kp.org (sa Ingles)
Katimugang California	1-833-574-2273 (TTY 711), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo o pumunta sa kp.org (sa Ingles)



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY 711). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Para sa Pangangalagang Pang-emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na ospital.

Para alamin pa ang tungkol sa pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyo na sinasakop namin at ano ang hindi namin sinasakop, basahin ang Kabanata 4 ("Mga benepisyo at serbisyo") at Kabanata 5 ("Pangangalaga sa walang sakit na anak at kabataan") sa Handbook ng Miyembro na ito.

Ang lahat ng Provider na nasa Network ng Medi-Cal ay maaaring gumamit ng mga tulong at serbisyo upang makipag-usap sa mga taong may mga kapansanan. Maaari rin silang makipag-usap sa iyo sa ibang wika o format. Sabihin sa iyong provider o tumawag sa amin para sabihin sa amin ang kailangan mo.

Network ng Medi-Cal Provider

Ang network ng provider ng Kaiser Permanente Medi-Cal ay ang grupo ng mga doktor, ospital at iba pang provider na nakikipagtulungan sa Kaiser Permanente para magbigay ng mga sakop na serbisyo ng Medi-Cal sa aming mga miyembro.

Ang Kaiser Foundation Health Plan, Inc. ay isang plano ng pinamamahalaang pangangalagang pangkalusugan. Kapag pinili mo ang aming Medi-Cal Plan, pinipili mong makuha ang iyong pangangalaga sa pamamagitan ng aming medical care program. Dapat mong makuha ang karamihan ng iyong sakop na serbisyo mula sa aming mga provider ng Medi-Cal. Maaari kang pumunta sa Provider na Wala sa Network nang walang referral o maagang pag-apruba para sa Pangangalagang Pang-emergency. Maaari ka ring pumunta sa Provider na Wala sa Network ng Medi-Cal para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya nang walang referral o maagang pag-apruba. Maaari ka ring pumunta sa Provider na Wala sa Network para sa Agarang Pangangalaga na wala sa lugar kapag ikaw ay nasa labas ng iyong Pinaglilingkurang Lugar ng iyong Tinitirhang Rehiyon. Maliban para sa mga sitwasyon na ito, dapat mayroon kang referral o maagang pag-apruba para sa lahat ng mga serbisyo na wala sa network, o kung hindi, hindi masasakop ang mga ito.

Tandaan: Maaaring piliin ng mga American Indian ang isang Indian na Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan ("IHCP") bilang kanilang PCP, kahit ang IHCP ay wala sa aming network ng provider ng Medi-Cal.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Kung ang iyong PCP, ospital o iba pang provider ay may moral na pagtutol sa pagbibigay sa iyo ng isang sakop na serbisyo, tulad ng pagpapalano ng pamilya o aborsyon, matutulungan ka nilang maghanap ng ibang provider na nasa network na magbibigay sa iyo ng mga serbisyong kailangan mo. Maaari mo ring tawagan ang Mga Serbisyo ng Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)** para humingi ng tulong na maghanap ng ibang Provider na nasa Network ng Medi-Cal. Para sa higit pa tungkol sa mga moral na pagtutol, basahin ang seksyong “Moral na pagtutol” sa huling bahagi ng kabanatang ito.

Mga Provider na nasa Network ng Medi-Cal

Gagamit ka ng mga provider na nasa network ng provider ng Kaiser Permanente Medi-Cal para sa karamihan ng iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Makakatanggap ka ng pangangalaga para sa pang-iwas sa sakit at karaniwang pangangalaga mula sa aming Mga Provider na nasa Network ng Medi-Cal. Gagamit ka rin ng mga espesyalista, ospital, at iba pang mga provider sa network ng provider ng Kaiser Permanente Medi-Cal.

Para makakuha ng kopya ng Direktoryo ng Provider ng Medi-Cal para sa iyong lugar, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Maaari mo ring makita ang Mga Provider na nasa Network ng Kaiser Permanente Medi-Cal at mga lokasyon online sa kp.org/finddoctors (sa Ingles).

paara makakuha ng kopya ng Listahan ng mga gamot ayon sa Kontrata ng Medi-Cal Rx, tawagan ang Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273)** at pindutin ang **7** o **711**. O pumunta sa website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/> (sa Ingles).

Dapat kang makakuha ng maagang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa amin bago ka pumunta sa isang provider sa labas ng network ng provider ng Kaiser Permanente Medi-Cal, kahit sa iyong Pinaglilingkurang Lugar sa Tinitirhang Rehiyon, maliban sa mga sitwasyon na ito:

- Kung kailangan mo ng Pangangalagang Pang-emergency, tumawag sa 911 o pumunta sa pinakamalapit na ospital.
- Kung nasa labas ka ng iyong Pinaglilingkurang Lugar ng Tinitirhang Rehiyon at kailangan ng agarang pangangalaga, pumunta sa alinmang pasilidad ng agarang pangangalaga,
- Kung kailangan mo ng mga serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya, pumunta sa sinumang provider ng Medi-Cal nang walang maagang pag-apruba (paunang pahintulot).



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

- Kung kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip, pumunta sa provider na nasa network o sa provider ng plano para sa kalusugan ng isip ng county, nang walang maagang pag-apruba (paunang pahintulot).

Kung ikaw ay wala sa isa sa mga kasong nakalista sa itaas at hindi ka nakakakuha ng maagang pag-apruba (paunang pahintulot) bago makatanggap ng pangangalaga mula sa Provider na Wala sa Network, maaaring maging responsable ka sa pagbabayad ng anumang pangangalagang natanggap mo mula sa Provider na Wala sa Network. Ang mga provider ng Kaiser Permanente na nasa labas ng Pinaglilingkurang Lugar sa Tinitirhang Rehiyon ay Wala sa Network.

Mga Provider na Wala sa Network na nasa iyong Pinaglilingkurang Lugar sa Tinitirhang Rehiyon

Ang mga provider na wala sa network ay mga provider na walang kasunduan na makipagtulungan sa Kaiser Permanente.

Dapat kaming magbigay ng pag-apruba bago ka pumunta sa Provider na Wala sa Network na nasa Pinaglilingkurang Lugar ng Tinitirhang Rehiyon, maliban sa:

- Pangangalagang Pang-emergency
- Maselang Pangangalaga, gaya nang inilarawan sa ilalim na “Maselang Pangangalaga” sa kabanatang ito

Kung kailangan mo ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na medikal na kinakailangan na hindi available sa network ng provider ng Kaiser Permanente Medi-Cal, maaaring makuha ang mga ito mula sa provider na wala sa network nang libre. Aaprubahan namin at ire-refer ka sa Provider na Wala sa Network ng Medi-Cal para makuha ang mga serbisyong iyon. Kung bibigyan ka namin sa referral sa Provider na Wala sa Network Medi-Cal, babayaran namin ang pangangalaga sa iyo.

Para sa agarang pangangalaga sa loob ng Pinaglilingkurang Lugar sa Tinitirhang Rehiyon, dapat kang pumunta sa Provider na nasa Network ng Kaiser Permanente Medi-Cal. Hindi mo kailangan ng maagang pag-apruba upang makakuha ng agarang pangangalaga mula sa mga Provider na Nasa Network ng Medi-Cal.

Dapat mong makakuha ang aming pag-apruba (paunang pahintulot) upang makakuha ng Agarang Pangangalaga mula sa isang Provider na Wala sa Network na nasa iyong Tinitirhang Rehiyon. Kung hindi ka makakakuha ng maagang pag-apruba, maaaring



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

kailanganin mong bayaran ang Agarang Pangangalaga na nakukuha mo mula sa Provider na Wala sa Network ng Medi-Cal na nasa iyong Pinaglilingkurang Lugar ng Tinitirhang Rehiyon. Maaari mo pang basahin ang tungkol sa Pangangalagang Pang-emergency, Agarang Pangangalaga, at Maselang Pangangalaga sa kabanatang ito.

Maaari kang bigyan ng gamot ng iyong provider ng Agarang Pangangalaga bilang bahagi ng pagpapatingin para sa Agarang Pangangalaga. Kung kukuha ka ng mga gamot bilang bahagi ng iyong pagpapatingin, sasakupin namin ang mga gamot bilang bahagi ng iyong sakop na Agarang Pangangalaga. Kung bibigyan ka ng reseta ng iyong provider ng agarang pangangalaga na kailangan mong dalhin sa isang parmasya, magpapasya ang Medi-Cal Rx kung sakop ito. Para sa higit pang impormasyon sa Medi-Cal Rx, pumunta sa heading ng “Medi-Cal Rx” sa heading ng seksyong “Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal na hindi sakop ng Kaiser Permanente” sa Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo”, Handbook ng mlyembro na ito.

Tandaan: Kung ikaw ay American Indian, makakakuha ka ng pangangalaga sa isang IHCP sa labas ng aming network ng provider nang walang referral. Ang IHCP na wala sa network ay maaari ring i-refer ang mga miyembro ng American Indian provider na nasa network nang hindi muna humihiling ng referral mula sa PCP na nasa network.

Kung kailangan mong mga serbisyo na Wala sa Network, tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY 711).

Mga Provider sa Labas ng iyong Pinaglilingkurang Lugar ng Tinitirhang Rehiyon

Karamihan sa Karaniwang Pangangalaga, kasama ang pangangalaga sa pang-iwas sa sakit, sakop sa labas ng iyong Pinaglilingkurang Lugar ng Tinitirhang Rehiyon. Ang mga serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya ay sakop sa labas ng iyong Pinaglilingkurang Lugar ng Tinitirhang Rehiyon kapag kinuha mula sa kwalipikadong provider ng Medi-Cal sa California. Para sa higit pang impormasyon sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, pumunta sa heading ng “Maselang Pangangalaga” sa Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo”, ng Handbook ng Miyembro na ito.

Kung nasa labas ka ng Pinaglilingkurang Lugar ng Tinitirhang Rehiyon at kailangan ng pangangalaga na **hindi** Pangangalagang Pang-emergency o Agarang Pangangalaga, tawagan ang numero ng telepono para sa payo sa likod ng iyong ID card ng Kaiser Permanente, at makipag-usap sa isang lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY 711). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

3 | Paano makakakuha ng pangangalaga

Maaari kang bigyan ng gamot ng iyong provider ng Agarang Pangangalaga bilang bahagi ng pagpapatingin para sa Agarang Pangangalaga. Kung kukuha ka ng mga gamot bilang bahagi ng iyong pagpapatingin, sasakupin namin ang mga gamot bilang bahagi ng iyong sakop na Agarang Pangangalaga. Kung bibigyan ka ng reseta ng iyong provider ng agarang pangangalaga na kailangan mong dalhin sa isang parmasya, magpapasya ang Medi-Cal Rx kung sakop ito. Para sa higit pang impormasyon sa Medi-Cal Rx, pumunta sa heading ng “Medi-Cal Rx” sa heading ng seksyong “Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal na hindi sakop ng Kaiser Permanente” sa Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo”, Handbook ng mlyembro na ito.

Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga sa labas ng iyong Pinaglilingkurang Lugar ng Tinitirhang Rehiyon, pumunta sa pinakamalapit na pasilidad ng agarang pangangalaga. Hindi sinasakop ng Medi-Cal ang mga serbisyo ng Agarang Pangangalaga sa labas ng Estados Unidos Kung magbibiyahe ka sa labas ng Estados Unidos at kailangan ng Agarang Pangangalaga, hindi namin babayaran ang pangangalaga sa iyo. Para sa higit pang agarang pangangalaga, basahin sa ibang pagkakataon ang “Agarang pangangalaga” sa kabanatang ito.

Para sa pangangalagang pang-emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na ospital. Sinasakop ng Kaiser Permanente ang Pangangalagang Pang-emergency na Wala sa Network. Kung magbibiyahe ka sa Canada o Mexico at kailangan ng Pangangalagang Pang-emergency na nangangailangan ng pagkakaospital, sasakupin ng Kaiser Permanente ang iyong pangangalaga. Hindi namin sinasakop ang iba pang mga serbisyo sa Canada o Mexico. Kung magbibiyahe ka sa ibang bansa sa labas ng Canada o Mexico at kailangang ng Pangangalagang Pang-emergency, Agarang Pangangalaga, o iba pang mga serbsiyo sa pangangalagang pangkalusugan, hindi namin will **sasakupin** ang iyong pangangalaga.

Kung babayaran mo ang pangangalagang pang-emergency na nangangailangan ng pagkakaospital sa Canada o Mexico, maaari mong hilingin sa aming bayaran ka pa rito. Magsumite ng claim form at susuriin namin ang iyong kahilingan. Para sa higit pang impormasyon sa paghahain ng claim, tingnan ang seksyong “Hilingin sa aming bayaran ang isang bayarin” sa Kabanata 2, “Tungkol sa iyong planong pangkalusugan”, ng handbook na ito.

Kung ikaw ay nasan ibang estado o nasa United States Territory tulad ng American Samoa, Guam, Northern Mariana Islands, Puerto Rico, o ang United States Virgin Islands, sakop ka para sa Pangangalagang Pang-emergency. Hindi lahat ng ospital at doktor ay tumatanggap ng Medicaid (Ang Medi-Cal ay ang tawag sa Medicaid sa



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

California lang.) Kung kailangan mo ng Pangangalagang Pang-emergency sa labas ng California, sabihin sa ospital o doktor sa emergency room, sa lalong madaling panahon na mayroon kang Medi-Cal at ikaw ay miyembro ng Kaiser Permanente.

Hilingin sa ospital na gumawa ng mga kopya ng iyong ID card ng Kaiser Permanente. Sabihin sa ospital at mga doktor na siniglin kami. Kung makatanggap ka ng bayarin para sa mga serbisyo na natanggap mo sa ibang estado, tumawag kaagad sa amin. Makikipagtulungan kami sa ospital at/o doktor upang asikasuhin ang pagbabayad para sa pangangalaga sa iyo.

Kung ikaw ay nasa labas ng California at may pangangailangang pang-emergency upang mapapunan ang mga inireresetang gamot para sa outpatient, patawagin ang parmasya sa Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Tandaan: Ang mga American Indian ay maaaring kumuha ng mga serbisyo sa mga IHCP na wala sa network.

Mga Provider na Wala sa Network para sa mga Kondisyon na Karapat-dapat sa CCS

Ang programang Mga Serbisyo ng California Children's Services (CCS) ay isang programa ng estado na gumagamot sa mga batang walang pang 21 taon ang edad na mayroong ilang kondisyon sa kalusugan, mga sakit, o hindi gumagaling mga problema sa kalusugan at natutugunan ang mga panuntunan ng programa ng CCS. Kung kailangan mo ng mga serbiyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa medikal na kondisyon na karapat-dapat ng CCS at wala kaming CCS-paneled specialist sa aming network ng provider ng Medi-Cal na maaaring makapagbigay ng pangangalagang kailangan mo, maaaring pumunta ka sa isang provider na nasa labas ng network ng provider nang libre. Para alamin pa ang tungkol sa programa ng CSS, basahin ang Kabanata 4, "Mga benepisyo at serbisyo", ng Handbook ng Miyembro na ito.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga makukuhang serbisyo mula sa Mga Provider na Wala sa Network ng Medi-Cal sa labas ng iyong Pinaglilingkurang Lugar ng Tinitirhang Rehiyon, tawagan ang aming mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY 711).

Paano gumagana ang Pinamamahalaang Pangangalaga

Ang Kaiser Permanente ay direktang nagbibigay ng mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa mga Miyembro sa pamamagitan ng pinagsamang programa ng pangangalagang medikal. Binibigyan ka ng aming programa sa pangangalagang medikal



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY 711). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

ng access sa karamihan ng mga Sakop na Serbisyo na maaaring kailangan mo, tulad ng karaniwang pangangalaga, pangangalaga ng ospital, laboratoryo at mga serbisyo, pangangalagang pang-emergency, agarang pangangalaga, at iba pang mga benepisyo na inilarawan sa Handbook ng Miyembro na ito. At, nagbibigay sa iyo ang aming mga programa ng edukasyong pangkalusugan ng magagandang paraan upang protektahan at mapabuti ang iyong kalusugan.

Minsan, maaaring mangailangan ka ng serbisyo na hindi available mula sa provider sa aming network ng provider ng Medi-Cal. Sa sitwasyong iyon, The Permanente Medical Group (Hilagang California) o ang Katimugang California Permanente Medical Group (Katimugang California) ay magbibigay ng pahintulot sa referral sa Provider na Wala sa Network ng Medi-Cal. Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa mga serbisyong Pang-emergency, mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, o mga serbisyo sa kalusugan ng isip na nasa network.

Mga miyembro na may parehong Medicare at Medi-Cal

Ang mga benepisyaryo na may parehong coverage ng Medicare at Medi-Cal ay mga benepisyaryo ng Dually Eligible. Kung mayroon kang parehong coverage ng Medicare at Medi-Cal, unang magbabayad ang iyong coverage ng Medicare para sa mga sakop na serbisyo. Ang Medi-Cal ang palaging huling resort sa pagbabayad.

Hindi sinasakop ng Medi-Cal plan ang mga serbisyo ng karaniwang pangangalaga o transportasyon sa mga serbisyo ng karaniwang pangangalaga sa labas ng iyong Pinaglilingkurang Lugar ng Tinitirhang Rehiyon. Sinasakop lang ng Medi-Cal ang Pangangalagang Pang-emergency, kasama ang pang-emergency na transportasyon, Agarang Pangangalaga, at ilang serbisyo para sa Maselang Pangangalaga kapag nasa labas ka ng iyong Pinaglilingkurang Lugar ng Tinitirhang Rehiyon.

Kung ang iyong coverage ng Medicare ay sa Kaiser Permanente

Kapag malayo ka sa iyong tahanan, ang iyong Kaiser Permanente Medicare plan ang magiging pangunahing nagbabayad para sa mga serbisyo matatanggap mo. Mangyaring tingnan ang iyong Katunayan ng Coverage ng Medicare ng Kaiser Permanente para sa mga detalye ng coverage. Limitado ang coverage ng Medi-Cal sa labas ng iyong Pinaglilingkurang Lugar ng Tinitirhang Rehiyon, gaya ng inilarawan sa itaas.

Sa karamihang sitwasyon, ang iyong coverage ng inireresetang gamot ng Medicare Part D ay hinihiling sa iyo ng punan ang iyong mga gamot sa mga parmasya sa network ng Kaiser Permanente Medicare. Kung pupunta ka sa parmasya ng Medi-Cal Rx sa labas



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

ng network ng Kaiser Permanente, maaaring hindi sakupin ng iyong Medicare plan ang iyong mga gamot. Dahil ang Medicare ang unang nagbabayad, hinihikayat ka naming gamitin ang aming Mga Parmasya ng Plano para sa iyong mga gamot. Tingnan ang iyong direktoryo ng parmasya ng Medicare para sa impormasyon sa mga parmasya ng network.

Kung mayroon ka ng Kaiser Permanente PCP, hindi mo kailangang pumili ng ibang PCP para sa iyong coverage ng Medi-Cal.

Kung ang iyong coverage ng Medicare ay hindi sa Kaiser Permanente

Para sa impormasyon sa iyong coverage ng gamot ng Medicare, tingnan ang mga dokumento ng iyong coverage ng Medicare mula sa iyong coverage ng FFS Medicare o ang iyong Medicare plan. Tandaan na unang nagbabayad ng Medicare, kaya maaaring hilingin sa iyo na makuha ang iyong mga gamot ng Part D sa pamamagitan ng iyong Medicare plan at hindi sa pamamagitan namin. Makikipagtulungan kami sa iyong Medicare plan o iyong mga provider ng Medicare para tumulong sa pag-coordinate ng iyong pangangalaga.

Kakailanganin mong pumili ng PCP ng Kaiser Permanente para sa iyong coverage ng Medi-Cal.

Mga doktor

Pipili ka ng doktor o iba pang provider mula sa Direktoryo ng Provider ng Kaiser Permanente Medi-Cal bilang iyong PCP. Ang pipiliin mong doktor ay dapat isang Provider na nasa Network ng Medi-Cal. Para maghanap ng PCP na malapit sa iyo, maaari kang maghanap sa aming website sa kp.org/finddoctors (sa Ingles). Maaari kang mag-download ng kopya ng iyong Direktoryo ng Provider ng Medi-Cal sa kp.org/Medi-Cal/documents (sa Ingles). Maaari ka ring tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**.

Maaari mo tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro o tingnan ang aming online direktoryo ng provider sa kp.org/finddoctors (sa Ingles) para tiyakin na ang gusto mong PCP ay tumatanggap ng mga bagong pasyente.

Kung mayroon ka nang doktor dati bago ka naging miyembro ng Kaiser Permanente, at ang doktor na iyon ay hindi kabilang sa aming network ng provider ng Medi-Cal, maaari mong mapanatili ang doktor na iyon para sa limitadong panahon. Tinatawag itong Pagpapatuloy ng Pangangalaga. Mababasa mo ang higit pa tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga sa handbook na ito. Para alamin pa, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Kung kailangan mo ng espesyalista, ire-refer ka ng iyong PCP sa isang espesyalista na nasa network ng provider ng Kaiser Permanente Medi-Cal. Ang ilang espesyalista ay hindi humihingi ng referral. Para sa higit pa sa referral, basahin ang “Mga referral” sa huling bahagi ng kabanatang ito.

Tandaan, kung hindi pipili ka ng PCP, pipili kami ng isa para sa iyo, maliban kung mayroon kang ibang komprehensibong coverage ng kalusugan bilang karagdagan sa Medi-Cal. Ikaw ang mas nakakaalam sa iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, kaya pinakamabuti kung ikaw ang pipili.

Kung gusto mong palitan ang iyong PCP, dapat kang pumili ng PCP mula sa network ng provider ng Kaiser Permanente Medi-Cal. Maaari mong ma-access ang aming maaaring mahanap online na Direktoryo ng Provider ng Medi-Cal sa **kp.org/finddoctors** (sa Ingles). Siguraduhing ang PCP ay tumatanggap ng mga bagong pasyente. Para alamin kung paano pumili o magpalit sa ibang PCP, mangyaring bisitahin ang aming wesite sa **kp.org** (sa Ingles) o tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**)

Mga Ospital

Para sa Pangangalagang Pang-emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na ospital.

Kung hindi ito emergency at kailangan mo ng pangangalaga ng ospital, ang iyong PCP ang magpapasiya kung saang ospital ka pupunta. Kakailanganin mong pumunta sa ospital sa aming network ng provider ng Medi-Cal. Para mahanap ang mga ospital na nasa network ng Medi-Cal maaari kang maghanap sa aming website sa **kp.org/facilities** (sa Ingles). Maaari ka ring tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**).

Mga espesyalista sa kalusugan ng mga babae

Maaari kang pumunta sa espesyalista sa kalusugan ng mga babae sa network ng provider ng Kaiser Permanente Medi-Cal para sa sinasakop na pangangalaga na kinakailangan para makapagbigay ng mga serbisyo sa pangangalaga sa pang-iwas sa sakit at karaniwang pangangalaga ng mga babae. Hindi mo kailangan ng isang referral o pahintulot mula sa iyong PCP upang makuha ang mga serbisyong ito. Para sa tulong sa paghahanap ng mga espesyalista sa kalusugan ng mga babae, maaari mong tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Maaari mo ring tawagan ang **1-866-454-8855** (TTY **711**) at makipag-usap sa isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

3 | Paano makakakuha ng pangangalaga

Para sa mga serbisyo sa maselang pangangalaga, hindi kailangan ng iyong provider na maging provider ng network ng Kaiser Permanente Medi-Cal. Maaari mong piliin ang sinumang provider ng Medi-Cal at pumunta sa kanila nang walang referral o maagang pag-apruba (paunang pahintulot). Para sa tulong sa paghahanap ng provider ng Medi-Cal sa labas ng aming network ng provider ng Medi-Cal, tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Naririto kami 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo (maliban sa mga araw na pista opisyal)

Mga Direktoryo ng Provider ng Medi-Cal

Inililista ng Mga Direktoryo ng Provider ng Kaiser Permanente Medi-Cal ang mga provider sa network ng provider ng Kaiser Permanente Medi-Cal. Ang network ay ang grupo ng mga provider na nakikipagtulungan sa Kaiser Permanente para magbigay ng Mga Sakop na Serbisyo ng Medi-Cal.

Mayroon anim na Mga Direktoryo ng Provider ng Medi-Cal sa Hilagang Rehiyon ng California at anim na Direktoryo ng Poverider ng Medi-Cal sa Rehiyon ng Katimugang California. Ang bawat Direktoryo ng Provider ay para sa partikular na lugar na pinaglilingkurang namin. Halimbawa, kung nakatira ka sa County ng Santa Clara, ang direktoryo ng South Bay at Peninsula ay inililista ang Mga Provider ng na nasa Network ng Medi-Cal sa iyong county.

Ang talahayanan sa ibaba ay matutulungan kang magdesisyon kung aling Diretoryo ng Provider ang magkakaroon ng mga provider na pinakamalapit sa iyo. Maaari kang magpatingin sa sinumang Provider ng Kaiser Permanente Medi-Cal sa iyong Lugar na Pinaglilingkuran sa iyong Tinitirhang Rehiyon.

Kung Saan Nakatira ka sa Hilagang California	Ang Direktoryo ng Provider ng Medi-Cal na maaaring pinaka nakakatulong sa iyo.
Mga County ng Sacramento, Amadaor, El Dorado, Placer, Sutter at Yuba	Lugar sa Sacramento
Mga county ng San Francisco, Marin, at Sonoma; at Mga ZIP Code na 94515 at 95476 sa Napa County	Mga Lugar sa San Francisco, Marin, at Sonoma



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

3 | Paano makakakuha ng pangangalaga

Mga county ng Eastern Contra Costa County, at Solano at Yolo; Mga ZIP Code na 94505, 94514, 94550, 94551, 94566, 94568, 94586, at 94588 sa Alameda County; at Napa County hindi kasama ang mga ZIP Code na 94515 at 95476	Mga Lugar sa Diablo, Napa, Solano at Yolo
Mga County ng San Mateo, Santa Clara, at Santa Cruz	Mga Lugar sa South Bay at Peninsula
Mga county ng Fresno, Kings, Madera, Mariposa, San Joaquin, Stanislaus, at Northern Tulare, at Mga ZIP Code na 95377 at 95391 sa Alameda County	Lugar sa Central California Area

Kung Saan Nakatira sa Katimugang California	Ang Direktoryo ng Provider ng Medi-Cal na maaaring pinaka nakakatulong sa iyo.
Mga county ng Riverside at San Bernardino; at Mga ZIP Code na 91711, 91759, 91766, at 91767 sa Los Angeles County	Mga Lugar sa Inland Empire at Coachella Valley
Mga County Kern, Northern Los Angeles, Southern Tulare, at Ventura	Mga Lugar sa Kern County, Valleys, at WVC
Central Los Angeles County	Lugar sa Los Angeles
County ng Eastern at Southern Los Angeles	Mga Lugar sa Baldwin Park, Bellflower, at South Bay
Orange County; at mga ZIP Code na 90623, 90630, 90631, 90637, 90638, at 90639 sa Los Angeles County	Lugar sa Orange County
Mga county ng San Diego at Imperial	Mga Lugar sa San Diego at Imperial



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Kasama sa Direktoryo ng Provider ng Kaiser Permanente Medi-Cal ang mga sumusunod na uri ng mga provider na nasa aming network ng provider ng Medi-Cal:

- Mga ospital
- Mga PCP
- Mga Espesyalista
- Mga Nurse practitioner, at Nurse midwife
- Mga assistant ng doktor
- Mga provider para sa pagpapalano ng pamilya
- Mga Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan (“FQHC”), kung saan available
- Mga provider sa kalusugan ng isip para sa outpatient
- Mga Nagsasariling Paanakan (Freestanding Birth Centers, “FBC”)
- Indian na Mga Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan (“IHCP”)
- Mga pangmatagalang serbisyo at suporta (“LTSS”)
- Mga Panlalawigang Klinikang Pangkalusugan (“RHC”), kung saan available
- Mga Provider ng Pinahusay na Pamamahala ng Pangangalaga (Enhanced Care Management Providers, “ECM”)
- Mga Suporta sa Komunidad (Community Supports Providers “CS”)

Ang mga Direktoryo ng Provider ng Medi-Cal ay may mga pangalan, mga espesyalidad, address, numero ng telepono, mga oras na bukas ang opisina at wikang sinasalita ng provider na nasa Network ng Kaiser Permanente Medi-Cal. Sinasabi din nila sa iyo kung ang provider ay tumatanggap ng mga bagong pasyente. Nagbibigay ang Mga Direktoryo ng Provider ng Medi-Cal ng antas na kakayahang ma-access sa pisikal na paraan para sa mga gusali, tulad ng paradahan, mga ramp, mga hagdan na may mga hawakan, at mga banyo na malalapad ang pintuan at mga bar na hawakan.

Kung gusto mo ng impormasyon tungkol sa edukasyon, mga kwalipikasyon sa pagiging propesyonal, pagkumpleto ng residency, pagsasanay, at sertipikasyon sa board ng isang doktor, tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**.

Makikita mo ang online, nahahanap, Direktoryo ng Provider sa **kp.org/finddoctors** (sa Ingles). Sa website, pumunta sa link ng Advanced Search, at piliin ang “Pinamamahalaang Pangangalaga” sa field ng Planong Pangkalusugan para siguraduhing na makuha mo ang listing ng mga provider ng Medi-Cal. Maaari kang mag-download ng



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

3 | Paano makakakuha ng pangangalaga

kopya ng alinman ng aming mga direktoryo ng Medi-Cal sa **kp.org/Medi-Cal/documents** (sa Ingles)

Kung kailangan mo ng naka-print na Direktoryo ng Provider o gustong humiling ng alternatibong format, tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**).

Mahamanap mo ang listahan ng mga parmasya na nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx sa Direktoryo ng Parmasya ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/> (sa Ingles). Mahahanap mo rin ang kalahok na parmasya na malapit sa iyo sa pagtawag sa Customer Service ng Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa **1-800-977-2273** at pindutin ang **7** or **711**, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m.

Napapanahong access sa pangangalaga

Ang iyong Provider na nasa Network ng Medi-Cal ay dapat magbigay ng napapanahong access sa pangangalaga batay sa iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Sa pinakmababa, dapat silang magbigay sa iyo ng appointment na nakalista sa mga timeframe sa talahayanan sa ibaba.

Uri ng appointment	Kailangang makakuha ka ng appointment sa loob ng:
Mga appointment para sa agarang pangangalaga na hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot)	48 oras
Mga appointment para sa agarang pangangalaga na nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot)	96 na oras
Mga appointment na hindi agaran (karaniwan) na pangunahing pangangalaga	10 araw ng negosyo
Mga appointment para sa hindi agaran (karaniwan) na pangangalaga ng espesyalista	15 araw ng negosyo
Mga appointment para sa hindi agaran (karaniwan) na pangangalaga ng provider (hindi doktor) sa	10 araw ng negosyo



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Uri ng appointment	Kailangang makakuha ka ng appointment sa loob ng:
kalusugan ng isip	
Mga follow-up appointment para sa pangangalaga ng hindi agaran (karaniwan) na provider sa kalusugan ng isip (hindi doktor)	10 araw ng negosyo ng huling appointment
Mga hindi agarang appointment (karaniwan) para sa mga serbisyo na nagbibigay ng kinakailangang suporta (sumusuporta) para sa diagnosis o paggamot ng pinsala, karamdaman, o iba pang kondisyon ng kalusugan	15 araw ng negosyo

Iba pang pamantayan ng tagal ng paghihintay	Makakakonekta ka sa loob ng:
Mga tagal ng paghihintay para sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga karaniwang oras ng negosyo	10 minuto
Mga tagal ng paghihintay sa telepono para sa Appointment at Linya para sa Payo	30 minuto) para kumonekta sa nurse para sa payo)

Minsan hindi problema ang paghihintay nang mas matagal para sa appointment. Ang iyong provider ay maaaring bigyan ka ng mas matagal na paghihintay kung hindi ito makakapinsala sa iyong kalusugan. Dapat itala sa iyong record na ang mas matagal na paghihintay ay hindi makakapinsala sa iyong kalusugan. Maaari mong piliin na maghintay para sa appointment para sa ibang pagkakataon o tawagan ang Kaiser Permanente para sa ibang provider na piliin mo. Dapat igalang ng iyong provider ang iyong gusto.

Maaaring irekomenda ng iyong doctor ang partikular na iskedyul para sa mga serbisyo para sa pag-iwas sa sakit, follow-up na pangangalaga para sa patuloy na mga kondisyon, o mga standing na referral sa mga espesyalista, depende sa iyong pangangailangan.

Mga serbisyo ng interpreter

Sabihin sa amin kung kailangan mo ng mga serbisyo ng interpreter, kasama ang sign language, kapag tinawagan mo kami o kapag makakuha ka ng mga sakop na serbisyo, mangyaring ipaalam sa amin. Makakuha ka ng mga serbisyo ng interpreter nang libre. Lubos naming hindi inirerekomenda ang paggamit ng mga menor de edad o miyembro



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

ng pamilya bilang mga interpreter. Para alamin pa tungkol sa mga serbisyo interpreter na inaalok namin, tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**).

Kung kailangan mo ng mga serbisyo ng intepreter, kasama ang sign language, sa parmasya ng Medi-Cal Rx na nasa labas ng network ng Kaiser Permanente, tumawag sa Customer Service ng Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa **711**, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m.

Tagal ng pagbibiyahе o layo papunta sa pangangalaga

Dapat sumunod ang Kaiser Permanente sa mga pamantayan sa tagal o layo ng biyahe para sa iyong pangangalaga. Ang mga pamantayang iyon ay tumutulong upang masigurong makukuha mo ang pangangalaga nang hindi kailangang magbiyahe nang mahaba o masyadong malayo mula sa kung saan ka nakatira. Ang mga pamantayan sa tagal o layo ng biyahe ay depende sa county kung saan ka nakatira.

Kungkami makakapaghandang Provider na nasa Network ng Medi-Cal nang ayon sa mga pamantayan sa tagal o layo, maaaring payagan ng DHCS ang ibang pamantayan, na tinatawag na pamantayan sa alternatibong access. Para sa aming mga pamantayan sa tagal at layo para sa kung saan ka nakatira, bisitahin ang aming website: **kp.org/Medi-Cal/documents** (sa Ingles). O tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**).

Itinuturing itong malayo kung hindi ka makakarating sa Provider ng Medi-Cal na iyon nang nasa mga pamantayan sa tagal at layo ng biyahe para sa iyong county, anuman ang alternatibong pamantayan para sa access na maaaring gamitin namin para sa iyong ZIP Code.

Kung kailangan mo ng pangangalaga ng provider na matatagpuan na malayo kung saan ka nakatira, tumawag sa Mga Serbisyo ng Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Matutulungan ka nilang maghanap ng provider ng Medi-Cal na mas malapit sa iyo. Kung hindi kami makakahanap ng pangangalaga para sa iyo sa mas malapit na provider ng Medi-Cal, maaari mong hilingin na ayusin namin ang transportasyon para sa iyo para magpatingin ka sa provider, kahit malayo ang provider na iyon kung saan nakatira ka.

Kung kailangan mo tulong sa mga provider sa parmasya pharmacy, tawagan ang Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273** (TTY **1-800-977-2273**) at pindutin ang **7** o **711**.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Mga Appointment

Kapag kailangan mo ng pangangalagang pangkalusugan:

- Sa Hilagang California, tawagan ang **1-866-454-8855 (TTY 711)**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang para magpaikedyul ng appointment.
- Sa Katimugang California, tawagan ang **1-833-574-2273 (TTY 711)**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Maaari ka ring magpaikedyul ng ilang uri ng mga appointment online sa **kp.org** (sa Ingles).
- Ihanda ang iyong numero ng medikal na record sa Kaiser Permanente (na makikita sa iyong ID card ng Kaiser Permanente) kapag tatawag ka.
- Dalhin ang iyong BIC card ng Medi-Cal, ID card sa Kaiser Permanente, at ID na may litrato sa iyong appointment.
- Humiling ng transportasyon para sa iyong appointment, kung kailangan.
- Humiling ng tulong para sa wika o mga serbisyo ng interpreter kung kailangan kapag nagpaikedyul ng iyong appointment
- Dumating sa iyong appointment nang nasa oras, dumating ng ilang minutong maaga para mag-sign in, punan ang mga form, at sagutin ang anumang tanong na maaaring mayroon ang iyong provider
- Tumawag agad kung hindi makakapunta sa iyong appointment o mahuhuli sa iyong pagdating
- Ihanda ang iyong mga tanong at impormasyon sa gamot kung sakaling kailangan mo ang mga ito

Para sa Pangangalagang Pang-emergency, tumawag sa 911 o pumunta sa pinakamalapit na ospital.

Pagpunta sa iyong appointment

Kung wala kang paraan para makapunta sa at makabalik mula sa iyong mga appointment para sa iyong mga sakop na serbisyo, makakatulong kami para ayusin ang transportasyon para sa iyo. Depende sa iyong sitwasyon, maaari kang maging kwalipikado para sa alinman sa Pangmedikal na Transportasyon o Hindi Pangmedikal na Transportasyon. Ang mga serbisyo ng transportasyon ay hindi para sa mga emergency at maaaring maging available nang libre.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Kung mayroon kang pangmedikal na emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na ospital.

Pumunta sa seksyong “Mga serbisyo ng transportasyon para sa mga sitwasyon na hindi mga emergency” sa Kabanata 4, “Mga benepsiyo at serbisyo” ng Handbook ng Miyembro na ito para sa higit pang impormasyon na available sa iyo.

Pagkansela at muling pag-iskedyul

Kung hindi ka makakapunta sa iyong appointment, tumawag kaagad sa tanggapan ng iyong provider. Karamihan sa mga provider ay hihilingin sa iyo na tumawag 24 na oras (1 araw ng negosyo) bago ang iyong appointment kung kailangan mo ito kanselahin. Kung napalampas mo ang paulit-ulit na mga appointment, maaaring itigil na iyong provider ang pagbibigay ng pangangalaga sa iyo at kailangan mong maghanap ng bagong provider.

Mga serbisyo ng telehealth

Ang telehealth ay isang paraan para ng pagkuha ng mga serbisyo nang hindi kailangang pumunta sa parehong aktwal na lokasyon ng iyong provider. Maaaring kasama sa telehealth ang live na pakikipag-usap sa iyong provider sa pamamagitan ng telepono, video, o iba pang mga paraan. O maaaring kasama sa telehealth ang pagbabahagi ng impormasyon sa iyong provider nang walang live na pakikipag-usap. Maaari kang makakuha ng maraming serbisyo sa pamamagitan ng telehealth. Ang mga pagpapatingin sa telehealth ay nilalayong maging mas maginhawa para sa iyo na makatanggap ng Mga Sakop na Serbisyo, kapag napagpasyahan ng Provider na Nasa Network ng Medi-Cal na medikal na naaangkop para sa iyong medikal na kondisyon. Maaaring hindi available ang telehealth para sa lahat ng Sakop na Serbisyo. Hindi mo kailangang gamitin ang telehealth. Ang ilang Provider na Nasa Network ng Medi-Cal ay nag-aalok ng mga serbisyo sa pamamagitan lang ng telehealth at walang aktwal na lokasyon kung saan maaari kang makatanggap ng Mga Sakop ng Serbisyo. Maaari mong piliin na makatanggap ng mga Serbisyo nang personal mula sa Provider na Nasa Network ng Medi-Cal sa halip.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Pagbabayad

Hindi **mo** kailangang magbayad para sa mga sakop na serbisyo maliban kung mayroon kang bahagi sa gastos para sa pangmatagalang pangangalaga. Para alamin pa, basahin ang “Para sa mga miyembro na may pangmatagalang pangangalaga at bahagi sa gastos” sa Kabanata 2, “Tungkol sa iyong planong pangkalusugan” ng Handbook ng Miyembro na ito.

Sa karamihang sitwasyon, hindi ka makakatanggap ng bayarin mula sa isang provider. Kailangan mong ipakita ang iyong ID card ng Kaiser Permanente, ang iyong Medi-Cal BIC card, at iyong ID na may litrato kapag kumukuha ng mga anumang ng anumang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o mga gamot. Sasabihin ng iyong ID Card sa mga doktor kung saan ipapadala ang bayarin. Maaaring makatanggap ka ng Paliwanag ng mga Benepisyong (Explanation of Benefits, “EOB”) mula sa amin o pahayag mula sa provider. Mga EOB at pahayag na hindi mga bayarin.

Kung makatanggap ka ng bayarin, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**.

Kung makakuha ng bayarin para sa mga gamot, tawagan ang Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273)** at pindutin **7** o **711**. O bisitahan ang website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/> (sa Ingles).

Sabihin sa amin ang halagang siningil, ang petsa ng serbisyo, at ang dahilan para sa bayarin. Tutulungan ka naming malaman kung ang bayarin ay para sa sakop na serbisyo o hindi. Hindi mo kailangang bayaran ang mga provider para sa anumang dapat bayaran ng Kaiser Permanente para sa anumang sakop na serbisyo.

Kailangan mong kumuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) bago ka pumunta sa isang Provider na Wala sa Network ng Medi-Cal maliban kung kailangan mo:

- Pangangalagang Pang-emergency
- Agarang Pangangalaga sa labas ng iyong Pinaglilingkurang Lugar ng Tinitirhang Rehiyon
 - Sa loob ng iyong Lugar ng Pinaglilingkurang ng Tinitirhang Rehiyon, kailangan mo ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para magpatingin sa isang Provider na Wala sa Network ng Tinitirhang Rehiyon para sa Agarang Pangangalaga
- Ilang Maselang Pangangalaga gaya ng inilarawan sa ibang pagkakataon sa kabanata na ito



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Kung hindi ka makakakuha ng maagang pag-apruba, maaaring kailanganin mong bayaran ang pangangalaga mula sa mga provider na sa labas ng aming network ng provider ng Medi-Cal. Para sa higit pang impormasyon sa pangangalagang pang-emergency, agarang pangangalaga at mga serbisyo para sa maselang pangangalaga, pumunta sa mga heading na iyon sa kabanatang ito.

Kung kailangan mo ng Mga Serbisyo na Kinakailangan sa Paggamot na sakop ng Medi-Cal at hindi available sa network ng provider ng Kaiser Permanente Medi-Cal, aaprubahan at ire-refer ka namin sa isang provider na wala sa network upang makuha ang mga serbisyong iyon Para alamin pa ang tungkol sa pangangalagang pang-emergency, agarang pangangalaga, at mga serbisyo para sa maselang pangangalaga, pumunta sa mga heading na iyon sa kabanatang ito.

Kung makakatanggap ka ng bayarin o hihilingin sa iyo na magbayad ng copay na sa tingin mo ay hindi mo kailangang magbayad, maaari ka ring maghain ng claim form. Kakailanganin mong sabihin sa amin sa papagitan ng sulat tungkol sa item o serbisyo na binayaran mo. Babasahin namin ang iyong claim at magpapasya kami kung maisasauli sa iyo ang pera.

Maaari kang makakuha ng claim form online sa kp.org (sa Ingles). Maaari ka ring tumawag sa aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Ikalulugod naming tulungan ka kung kailangan mo ng tulong sa pagkumpleto sa aming claim form.

Kung tumatanggap ka ng mga serbisyo sa sistema ng Veterans Affairs o hindi sakop o walang pahintulot na mga serbisyong natanggap sa labas ng California, maaari kang magbayad.

Mga Referral

Kung kailangan mong magpatingin sa espesyalista na nangangailangan ng referral, ang iyong PCP o ibang espesyalista ay magbibigay sa iyo referral para sa isa. Ang espesyalista ay isang provider na nakatuon sa isang uri ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Ang doktor na nire-refer ka ay makikipagtulungan sa iyo para pumili ng espesyalista. Para tumulong matiyak na maaari kang pumunta sa espesyalista sa napapanahong paraan, nagtakda ang DHCS ng mga timeframe para sa mga miyembro para makakuha ng mga appointment. Ang mga timeframe na ito ay nakalista sa seksyong “Napapanahong access sa pangangalaga” Handbook ng Miyembro na ito. Maaari kang tulungan ng iyong tanggapin ng doktor na mag-set up ng appointment sa isang espesyalista.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

3 | Paano makakakuha ng pangangalaga

Iba pang serbisyo na maaaring mangailangan ng referral na kasama ang mga procedure sa tanggapan, mga x-ray o iba pang imaging, at pagsusuri sa laboratoryo.

Kung mayroon kang problema sa kalusugan na nangangailangan ng espesyal na medikal na pangangalaga sa matagal na panahon, maaaring kailanganin mo ang standing referral. Ang pagkakaroon ng standing referral ay ibig sabihin na maaari kang pumunta sa parehong espesyalista nang mahigit sa isang beses nang hindi ka na kukuha ng referral sa tuwing pupunta.

Kung mayroon kang problema sa pagkuha ng standing referral o gusto mo ng kopya ng aming patakaran sa referral, tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**.

Hindi **mo** kailangan ng referral para sa:

- Mga pagpapatingin sa PCP
- Mga pagpapatingin sa Obstetrics/Gynecology (“OB/GYN”)
- Mga espesyalista sa pagsusuri ng mga depekto sa mata (Optometry)
- Mga serbisyo sa Kalusugan ng Isip para sa hindi malubha hanggang sa katamtamang kondisyon, kasama ang insiyal na pagsusuri ng kalusugan ng isip
- Agarang Pangangalaga mula sa Provider na Nasa Network ng Medi-Cal
- Mga pagpapatingin para sa Pang-emergency na Pangangalaga
- Mga maselang serbisyo para sa nasa hustong gulang, tulad ng pangangalaga para sa sekswal na pang-aatake
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya (para alamin pa, tawagan ang Office of Family Planning Information at Referral Service sa **1-800-942-1054**)
- Pagsusuri at pagpapayo para sa HIV (12 taon o mas matanda)
- Mga serbisyo para sa mga impeksyong nakukuha sa Pakikipagtalik (12 taon o mas matanda)
- Mga serbisyo ng chiropractic (maaaring kailanganin ng referral kapag ibinigay ng mga FQHC at RHC, at IHCP na wala sa network)

Maaari ring makakuha ang mga menor de edad ng ilang serbisyo sa kalusugan ng isip para sa outpatient, mga serbisyo ng maselang pangangalaga, at mga serbisyo sa paggamot mula sa pang-aabuso sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak nang walang pahintulot ng kanilang mga magulang.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Para alamin pa ang impormasyon, basahin ang “Mga serbisyo na may pahintulot ang menor de edad” sa kabanatang ito at “Serbisyo sa paggamot mula sa pang-aabuso sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak” sa Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo”, ng handbook na ito.

Mga referral ayon sa Batas ng California para Mas Madaling Makakuha ng Mga Serbisyo ang May Kumplikadong Kanser

Ang epektibong paggamot ng mga komplikadong kanser ay depende sa maraming dahilan. Kasama rito ang pagkuha ng tamang diyagnosis at pagkuha ng napapanahong paggamot mula sa mga eksperto sa kanser. Kung na-diagnose kang may komplikadong kanser, pinahihintulutan ka ng bagong Batas ng California para sa Mas Madaling Makakuha ng Mga Serbisyo ang May Kumplikadong Kanser allows na humiling ng referral mula sa iyong doktor para makakuha ng paggamot ng kanser partikular na mula sa cancer enter na itinalaga ng Pambansang Institusyon ng Kanser (National Cancer Institute, “NCI”), Programa ng Pananaliksik kaugnay sa Oncology sa Komunidad ng NCI (NCI Community Oncology Research Program, “NCORP”)-affiliated site, o isang kwalipikadong pang-akademikong cancer center..

Kung wala kaming cancer center na itinalaga ng NCI o site na kabilang sa NCORP, o kwalipikadong pang-akademikong cancer center sa aming network ng provider ng Medi-Cal sa iyong county, maaari kang humiling ng referral sa isang kwalipikadong cancer center na Wala sa Network sa California.. Para masakop ang mga serbisyo sa isang cancer center na Wala sa Network, dapat naaangkop ang lahat ng mga sumusunod:

- Ang hiniling na serbisyo ay dapat Kinakailangan sa Paggamot
- Dapat mayroon sa cancer center ang mga serbisyo na Kinakailangan sa Paggamot
- Dapat sumang-ayon ang cancer center sa aming mga tuntunin sa pagbabayad

Maaari ka ring humiling ng referral para sa ibang kwalipikadong cancer center na nasa aming network

Kung na-diagnose ka na may kanser, makipag-usap sa iyong doktor para malaman kung kwalipikado ka sa mga serbisyo mula sa isa sa mga cancer center na ito.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Handa ka na bang tumigil sa paninigarilyo? Para alamin pa ang tungkol sa mga serbisyo sa Ingles, tawagan ang 1-800-300-8086. Para sa Espanyol, tumawag sa 1-800-600-8191.

Para alamin pa, pumunta sa www.kickitca.org (sa Ingles).

Paunang pag-apruba (paunang pahintulot)

Paunang Pahintulot sa Hilagang California

Para sa mga nakalsitang serbisyo sa ilalim ng heading “Mga serbisyo na kailangan ng Paunang Pag-apruba (Paunang Pahintulot)” sa huling bahagi ng kabanatang ito, kailangang tanungin ng iyong PCP o espesyalista The Permanente Medical Group para sa pahintulot bago mo makuha ang pangangalaga. Tinatawag itong paghiling ng paunang pag-apruba o paunang pahintulot. Nangangahulugan ito na kailangang siguraduhin ng Permanente Medical Group na ang pangangalaga ay kinakailangan para sa paggamot (kailangan ito).

Ang mga serbisyong kinakailangan sa paggamot ay makatwiran at kinakailangan upang maprotektahan ang iyong buhay, pinipigilan kang magkaroon ng malubhang sakit o kapansanan, o binabawasan ang matinding pananakit mula sa na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembro na wala pa sa edad na 21, kasama sa mga serbisyong Kinakailangan sa Paggamot ang pangangalaga na kinakailangan upang maayos o tulungang mapagaan ang karamdaman o kondisyon sa katawan o isip.

Sa ilalim ng Code sa Kaligtasan at Kalusugan Seksyong 1367.01(h)(1), The Permanente Medical Group, The Permanente Medical Group ay mayroong 5 araw ng negosyo mula sa kapag nakuha nila ang impormasyon na makatwirang na kinakailangan para pagpasyahan ang mga kahilingin ng (aprubahan o tanggihan) paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Para sa mga kahilingan kung saan ipapahiwatig ng provider, o pagpapasiyahan ng naaangkop na itinalaga ng Permanente Medical Group na ang pagsunod sa karaniwang takdang panahon ay seryosong makakapaglagay sa panganib sa iyong buhay o kalusugan o kakayahan upang makamit, mapanatili, o mabawi ang pinakamataas na pagganap, magsasagawa ang The Permanente Medical Group ng isang pinabilis (mabilis) na desisyon sa pagbibigay ng pahintulot nang hindi tatagal nang 72 oras. Magbibigay kami ng abiso sa iyo nang kasing bilis ng pangangailangan para sa iyong kondisyon ng kondisyon at hindi lalampas sa 72 oras pagkatapos makuha ang kahilingan para sa mga serbisyo.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Sinusuri ng clinical o medikal na kawani tulad ng mga doktor, nars, at mga pharmacist ang mga kahilingan para sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Hindi namin naiimpluwensiyahan ang mga desisyon ng reviewer para tanggihan o aprubahan ang coverage o mga serbisyo sa anumang paraan. Kung The Permanente Medical Group ay hindi aaprubahan ang iyong kahilingan, magpapadala kami sa iyo ng sulat na Abiso na Kailalangan ng Aksyon (Notice of Action, “NOA”). Sasabihin sa iyo ng NOA kung paano maghain ng apela kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon.

Kokontakin ka namin kung contact you kung kailangan ng Permanente Medical Group ang higit pang impormasyon o mas maraming panahon para suriin ang iyong kahilingan.

Paunang pahintulot sa Katimugang California

Para sa mga nakalistang serbisyo sa ilalim ng heading “Mga serbisyo na kailangan ng Paunang Pag-apruba (Paunang Pahintulot)” sa huling bahagi ng kabanatang ito, kailangang tanungin ng iyong PCP o espesyalista ng The Permanente Medical Group Katimugang California para sa pahintulot bago mo makuha ang pangangalaga. Tinatawag itong paghiling ng paunang pahintulot, paunang pag-apruba, o maagang pag-apruba. Nangangahulugan ito na kailangang siguraduhin ng Permanente Medical Group ng Katimugang California na ang pangangalaga ay Kinakailangan sa Paggamot o na kailangan ito.

Ang mga serbisyong kinakailangan sa paggamot ay makatwiran at kinakailangan upang maprotektahan ang iyong buhay, pinipigilan kang magkaroon ng malubhang sakit o kapansanan, o binabawasan ang matinding pananakit mula sa na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga Miyembro na wala pa sa edad na 21, kasama sa mga serbisyong Kinakailangan sa Paggamot ang pangangalaga na kinakailangan upang maayos o tulungang mapagaan ang karamdaman o kondisyon sa katawan o isip.

Sa ilalim ng Code sa Kalusugan at Kaligtasan Skesyong 1367.01(h)(1), ang Southern California Permanente Medical Group ay mayroong 5 araw ng negosyo kung kailan nakuha nila ang impormasyon na makatwirang na kinakailangan para pagpasyahan ang mga kahilingan ng (aprubahan o tanggihan) paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Para sa mga kahilingan kung saan ipapahiwatig ng provider, o pagpapasiyahan ng naaangkop na itinalaga ng Southern California Permanente Medical Grupo, na ang pagsunod sa karaniwang takdang panahon ay seryosong makakapaglagay sa panganib sa iyong buhay o kalusugan o kakayahan upang makamit, mapanatili, o mabawi ang pinakamataas na pagganap, magsasagawa ang Southern California Permanente



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Medical Group ng isang pinabilis (mabilis) na desisyon sa pagbibigay ng pahintulot. Magbibigay kami ng abiso nang kasing bilis ng pangangailangan para sa iyong kondisyon ng kondisyon at hindi lalampas sa 72 oras pagkatapos makuha ang kahilingan para sa mga serbisyo.

Ang klinikal o medikal na tauhan, tulad ng mga doktor, nurse, at pharmacist ay sinusuri ang mga kahilingan para sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Hindi namin naiimpluwensiyahan ang mga desisyon ng reviewer para tanggihan o aprubahan ang coverage o mga serbisyo sa anumang paraan. Kung hindi aprubahan ang iyong kahilingan ng Southern California Permanente Medical Group, padadalhan ka namin ng sulat ng Abiso tungkol sa Aksyon (“NOA”). Sasabihin sa iyo ng NOA kung paano maghain ng apela kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon.

Kokontakin ka namin kung kailangan ng Southern California Permanente Medical Group ng karagdagang impormasyon o mas maraming panahon upang suriin ang iyong kahilingan.

Mga serbisyo na kailangan ng Maagang Pag-apruba (Paunang pahintulot)

Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng mga serbisyo na palaging kailangan ng maagang pag-apruba:

- Mga serbisyo ng acupuncture kapag kailangan mo ng mahigit sa dalawang pagpapatingin bawat buwan
- Mga Serbisyo sa Komunidad para sa Nasa Hustong Gulang (Community-Based Adult Services, “CBAS”)
- Anesthesia para sa ngipin
- Matibay na kagamitang medikal
- Pangangalagang pangkalusugan sa bahay
- Mga supply para sa ostomy at may kaugnayan sa pag-ihing
- Mga prosthetic at orthotic
- Mga serbisyo na hindi makukuha mula sa Mga Provider na Nasa Network ng Medi-Cal
- Mga transplant
- Medikal na Transportasyon kapag hindi ito pang-emergency



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Pangangalagang Pang-emergency, kasama ang mga pang-emergency na serbisyo ng ambulansiya, na hindi kailangan ang paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Hindi mo kailanman kailangan ang paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa pangangalagang pang-emergency, kahit ito ay Wala sa Network o sa labas ng iyong Lugar ng Pinaglilingkuran ng Tinitirhang Rehiyon. Kasama rito ang labor at panganganak kung ikaw ay buntis, Hindi mo kailangan ng maagang pag-apruba para sa karamihan ng Maselang Serbisyo. Para sa higit pang impormasyon sa Maselang Pangangalaga, pumunta sa seksyong “Maselang Pangangalaga” sa kabanatang ito sa ibang pagkakataon.

Para sa kumpletong listahan ng mga serbisyo na nangangailangan ng paunang pag-apruba, at ng mga pamantayang ginagamit sa paggawa ng mga desisyon sa pahintulot, mangyaring bisitahin ang aming website sa kp.org/UM (sa Ingles) o tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**).

Mga pangalawang opinyon

Maaaring naisin mo ang pangalawang opinyon tungkol sa pangangalagang kailangan mo ayon sa iyong provider o tungkol sa iyong diagnosis o plano sa paggamot. Halimbawa, maaaring naisin mo ang pangalawang opinyon kung gusto mong makasiguro na tama ang iyong diyagnosis, hindi ka sigurado na kailangan mo ang isang iniresetang paggamot o pag-opera, o kung sinubukan mong sundin ang isang plano ng paggamot at hindi ito gumana.

Babayaran namin ang pangalawang opinyon kung hihilingin mo o ng iyong Mga Provider na Nasa Network ng Medi-Cal, at makakakuha ka ng pangalawang opinyon mula sa isang Provider na Nasa Network. Hindi mo kailangan ng pahintulot mula sa amin upang kumuha ng pangalawang opinyon mula sa Hindi mo kailangan ng pahintulot mula sa Provider na Nasa Network ng Medi-Cal. Maaari kang tulungan ng iyong Provider na Nasa Network ng Medi-Cal na kumuha ng referral para sa pangalawang opinyon kung kailangan mo.

Para makakuha ng pangalawang opinyon, tumawag sa iyong PCP. Maaaring kang i-refer ng yong PCP sa Provider na Nasa Network ng Medi-Cal na angkop na kwalipikadong medikal na propesyonal para sa iyong medikal na kondisyon para sa pangalawang opinyon. Maaari mong ring tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**) para tulungan kang mag-ayos ng isa sa Provider na Nasa Network ng Medi-Cal.

Kung walang kwalipikadong Provider na Nasa Network ng Medi-Cal para magbigay sa iyo ng pangalawang opinyon, tutulungan ka ng aming Mga Serbisyo sa Miyembro na



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

makakuha ng pangalawang opinyon sa provider na wala sa network. Kung ire-refer ka namin sa Provider na Wala sa Network para sa pangalawang opinyon, magbabayad kami para sa pangalawang opinyon. Sasabihin namin sa iyo sa loob ng 5 araw ng negosyo kung naaprubahan ang provider ng iyong pinili para sa pangalawang opinyon. Kung mayroon kang hindi gumagaling, malubha o seryosong karamdaman, o nahaharap sa isang napipinto at seryosong banta sa iyong kalusugan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa pagkawala ng buhay, paa at kamay o pangunahing bahagi ng katawan o paggana ng katawan, magpapasiya kami sa loob ng 72 oras.

Kung tatanggihan namin ang iyong kahihlingan para sa pangalawang opinyon, maaari kang maghain ng karunungan. Para alamin pa ang tungkol sa mga karaingan, basahin ang “Mga reklamo” sa Kabanata 6, “Pag-uulat at paglutas ng mga problema”, ng Handbook ng Miyembro na ito.

Maselang pangangalaga

Mga serbisyo na nangangailangan ng pagpapahintulot ng menor de edad

Kung wala ka pang edad na 18, maaari kang makatanggap ng ilang serbisyo nang walang pahintulot ng isang magulang o tagapag-alaga. Ang mga serbisyong ito ay tinatawag na mga serbisyo na nangangailangan ng pagpapahintulot ng menor de edad.

Maaari mong makuha ang mga serbisyong ito nang walang pahintulot ng iyong magulang o tagapag-alaga:

- Mga serbisyo para sa panggagahasa at iba pang sekswal na pang-aatake
- Pagsusuri at pagpapayo para sa pagbubuntis
- Mga serbisyo para sa kontrasepsyon tulad ng pagpigil sa pagbubuntis (hindi kasama ang sterilization)
- Mga serbisyo para sa aborsyon

Kung ikaw ay 12 taong gulang o mas matanda, maaaring makuha mo rin ang mga serbisyong ito nang walang pahintulot ng iyong magulang o tagapag-alaga:

- Mga serbisyo sa kalusugan ng isip para sa outpatient at pagpayo, o mga serbisyo sa residential shelter, batay sa iyong antas ng maturity at kakayahang lumahok sa sarili mong pangangalagang pangkalusugan



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

3 | Paano makakakuha ng pangangalaga

- Pagpapayo, pag-iwas, pagsusuri, at paggamot ng Virus na Umaatake sa Immune System (Human Immunodeficiency Virus, HIV)/Nakuhang Sakit na Umaatake sa Immune System (Acquired Immunodeficiency Syndrome, AIDS)
- Pag-iwas, pagsusuri, at paggamot ng mga impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik na maaaring kabilangan ng mga sakit na naipapasa sa pakikipagtalik tulad ng syphilis, gonorrhea, chlamydia, at herpes simplex.
- Paggamot sa sakit dahil sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak para sa pag-abuso sa droga at alak kasama ang screening, pag-assess, interbensyon, at mga serbisyo ng referral
 - Para alamin pa, basahin ang “Mga Serbisyo ng Paggamot sa Sakit mula sa Pang-aabuso sa Paggamit ng Droga o Pag-inom ng Alak” sa Kabanata 4, “Mga benepisyong at serbisyo”, ng Handbook ng Miyembro na ito.

Para sa pagsusuri ng pagbubuntis, o mga serbisyo para sa mga impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik hindi kailangang nasa network ng provider ng Kaiser Permanente Medi-Cal ang doktor o klinika. Maaari mong piliin ang sinumang provider ng Medi-Cal at pumunta sa kanila nang walang referral o maagang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa mga serbisyonang ito. Para sa higit pang impormasyon na may kaugnayan sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, pumunta sa ang “Mga Serbisyo sa Pag-iwas sa Sakit at Pagiging Nasa Mabuting Kalusugan at Pamamahala ng Hindi Gumagaling na Sakit” sa Kabanata 4, “Mga benepisyong at serbisyo”, ng Handbook ng Miyembro na ito. Maaaring hindi sinasakop ang mga serbisyo mula sa isang provider na wala sa network na hindi nauugnay sa Sensitibong Pangangalaga. Para maghanap ng provider ng Medi-Cal na wala sa network ng Kaiser Permanente Medi-Cal, o upang humingi ng tulong para sa transportasyon para makapunta sa isang provider, tawagan ang aming Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**.

Para sa mga serbisyonang nangangailangan ng pagpapahintulot ng menor de edad na mga serbisyo para sa kalusugan ng isip ng outpatient, maaari kang pumunta sa Provider na Nasa Network ng Medi-Cal o Provider na Wala sa Network ng Medi-Cal nang walang referral at nang paunang maagang pag-apruba (paunang pahintulot). Hindi ka kailangang i-refer ng iyong PCP, at hindi kailangang humingi ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa amin para makakuha ng sakop na mga serbisyonang nangangailangan ng pagpapahintulot ng menor de edad.

Hindi namin sinasakop ang mga serbisyo na nangangailangan ng pahintulot ng menor de edad na Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip na Kailangan ng Espesyalidad. Ang County



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

3 | Paano makakakuha ng pangangalaga

Mental Health Pla para sa county kung saan ka nakatira ay sinasakop ang mga serbisyong nangangailangan ng pagpapahintulot ng menor de edad ay Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip na Kailangan ng Espesyalidad. Para sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip na kailangan ng espesyalidad, tawaganang iyong planong pangkalusugan ng isip ng county 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Para mahanap ang lahat ng libreng numero ng telepono ng mga county online, pumunta sa: <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx> (sa Ingles).

Maaaring pribadong makipag-usap ang mga menor de edad sa isang kinatawan tungkol sa kanilang mga alalahanin sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa linya ng Payo para sa iyong

Tinitirhang Rehiyon	Numero para sa Payo
Hilagang California	1-866-454-8855 (TTY 711), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo
Katimugang California	1-833-574-2273 (TTY 711), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo

Kung makakabigay ka ng pahintulot sa iyong sariling pangangalaga nang walang pahintulot ng magulang o tagapag-alaga sa ilalim ng batas, hindi namin ibibigay ang impormasyon sa iyong mga serbisyo sa maselang pangangalaga sa iyong plano na hindi policyholder o pangunahing subscriber o sa sinumang enrollee ng Kaiser Permanente nang walang nakasulat na pahintulot mo. Maaari ka ring humingi ng pribadong impormasyon tungkol sa iyong mga serbisyong medikal sa partikular na paraan o format, kung available, at ipadala ito sa iyo sa ibang lokasyon.

Para alamin pa kung paano humingi na kumpidensyal na pakikipag-usap kaugnay sa mga serbisyo ng maselang pangangalaga, basahin ang “Mga abiso ng mga kasanayan sa privacy” sa Kabanata 7, “Mga karapatan at responsibilidad”, ng Handbook ng Miyembro na ito.

Mga serbisyo ng maselang pangangalaga ng nasa hustong gulang

Bilang isang nasa hustong gulang na 18 taong gulang o mas matanda, hindi mo kailangang pumunta sa iyong PCP para sa ilang partikular na sensitibo o pribadong pangangalaga. Maaari mong piliin ang sinumang doktor o klinika para sa mga ganitong uri ng pangangalaga:



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY 711). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

3 | Paano makakuha ng pangangalaga

- Pagpapalano ng pamilya/pagpigil sa pagbubuntis (kabilang ang mga serbisyo ng sterilization para sa mga nasa hustong gulang na 21 taong gulang at mas matanda)
- Pagsusuri at pagpapayo sa pagbubuntis at iba pang mga serbisyo kaugnay sa pagbutuntis
- Pag-iwas/pagsusuri/paggamot sa HIV/AIDS
- Pag-iwas/pagsusuri/paggamot ng mga impeksyong nakukuha sa pakikipagtalik
- Pangangalaga para sa sekswal na pang-aatake
- Mga serbisyo sa aborsyon para sa outpatient

Para sa mga serbisyo sa maselang pangangalaga ng nasa hustong gulang, hindi kailangan ng iyong provider na maging Provider na Nasa Network ng Kaiser Permanente Medi-Cal. Maaari mong piliin na pumunta sa sinumang provider ng Medi-Cal para sa mga serbisyo nang walang referral o paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa amin. Kung makakuha ka ng pangangalagang hindi nakalista dito bilang maselang pangangalaga mula sa Provider na Wala sa Network ng Medi-Cal, maaari mong kailanganing magbayad kung wala kang referral o paunang pahintulot.

Kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng isang doktor o klinika para sa mga serbisyong ito o kung kailangan mo tulong sa pagkuha ng mga serbisyong ito (kasama ang transportasyon), tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro **1-855-839-7613** (TTY **711**). Maaari ka ring tumawag sa linya para sa payo sa iyong ID Card ng Pangangalagang Pangkalusugan at makipag-usap sa isang lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Hindi kami magbibigay ng impormasyon sa iyong mga serbisyo ng maselang pangangalaga sa iyong Kaiser Permanente plan policyholder o pangunahing subscriber, o sa sinumang enrollee ng Kaiser Permanente, nang walang nakasulat na pahintulot mo. Maaari kang makakuha ng pribadong impormasyon tungkol sa iyong pangmedikal na serbisyo sa partikular na paraan o format, kung available, at ipadala ito sa iyo sa ibang lokasyon.

Para alamin pa kung paano humiling ng kumpidensyal na pakikipag-usap kaugnay sa mga serbisyo ng maselang pangangalaga, basahin ang “Abiso ng mga kasanayan sa privacy” sa Kabanata 7, “Mga karapatan at responsibilidad”, ng Handbook ng Miyembro na ito.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Moral na pagtutol

Ang ilang provider ay may moral na pagtutol sa ilang sakop na mga serbisyo. Mayroon silang karapatan na **hindi** magbigay ng ilang sakop na serbisyo kung moral silang hindi sumasang-ayon sa mga serbisyo. Ang mga serbisyong ito ay available pa rin sa iyo mula sa ibang provider. Kung may moral pagtutol ang provider, tutulungan ka niyang maghanap ng ibang provider para sa mga kinakailangang serbisyo. Maaari ring tulungan ka ng Kaiser Permanente na maghanap ng isang provider. Kung kailangan mo ng tulong para makakuha ng referral sa ibang provider, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**.

Ang ilang ospital at provider ay hindi nagbibigay ng isa o mahigit pa sa mga serbisyong ito kahit sakop ang mga ito ng Medi-Cal:

- **Mga serbisyo sa Pagpigil sa pagbubuntis sa pagpapalano ng pamilya, kasama ang pang-emergency sa pagpigil sa pagbubuntis**
- **Sterilization, kasama ang pagpapatali sa oras ng labor at panganganak**
- **Mga paggamot sa pagkabaog**
- **Aborsyon**

Para siguraduhin na pipili ka ng isang provider na makakapagbigay ng pangangalaga sa iyo at pangangailangan ng iyong pamilya, tawagan ang doktor, medikal na grupo, independent practice association, o ang klinika na gusto mo. Tanungin kung ang provider ay maaari at ibibigay ang mga serbisyo na kailangan mo. O tawagan ang aming Member Services sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**.

Makukuha mo ang mga serbisyong ito, at sisiguraduhin namin na ikaw at ang iyong mga miyembro ng pamilya ay maaaring magpatingin sa mga provider (mga doktor, ospital, klinika) na magbibigay sa iyo ng pangangalagang kailangan mo para sa Mga Sakop na Serbisyo. Kung mayroon kang mga tanong o kailangan ng tulong sa paghahanp ng provider, tawagan ang aming Mga Serbisyo ng Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**.

Agarang pangangalaga

Ang Agarang Pangangalaga ay **hindi** para sa isang emergency o nakamamatay na kondisyon. Para ito sa mga serbisyong kailangan mo para maiwasan ang seryosong pinsala sa iyong kalusugan mula sa biglaang sakit, pinsala o kumplikasyon ng kondisyon



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

3 | Paano makakakuha ng pangangalaga

na mayroon ka. Karamihan sa mga appointment para sa Agarang Pangangalaga ay hindi na kailangan ng maagang pag-apruba (paunang pahintulot). Kung hihingi ka ng appointment sa Provider na Nasa Network ng Medi-Cal, makakakuha ka ng appointment sa loob ng 48 oras. Kung ang mga serbisyo para sa agarang pangangalaga na kailangan mo ay nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot), makakakuha ka ng appointment sa loob ng 96 na oras ng iyong kahilingan.

Para sa Agarang Pangangalaga, tawagan ang Appointment at Linya ng Payo Advice para sa iyong Tinitirhang Rehiyon:

Tinitirhang Rehiyon	Appointment at Numero ng Payo
Hilagang California	1-866-454-8855 (TTY 711) , 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo
Katimugang California	1-833-574-2273 (TTY 711) , 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo

Ang pangangailangan ng Agarang Pangangalaga ay maaaring:

- Sipon
- Panakit na lalamunan
- Lagnat
- Panakit ng tainga
- Na-sprain na kalamnan
- Mga serbisyo sa pagbubuntis

Kapag ikaw ay nasa loob ng iyong Pinaglilingkurang Lugar ng Tinitirhang Rehiyon at kailangan ng Agarang Pangangalaga, dapat kang makakuha ng Mga Serbisyo ng Agarang Pangangalaga mula sa isang Provider ng Medi-Cal Network. Hindi mo kailangan ng maagang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa Agarang Pangangalaga mula sa Mga Provider na Nasa Network ng Medi-Cal sa loob ng iyong Pinaglilingkurang Lugar ng Tinitirhang Rehiyon.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Kung ikaw ay nasa labas ng iyong Pinaglilingkurang Lugar ng Tinitirhang Rehiyon, pero sa loob ng Estados Unidos, hindi mo kailangan ng maagang pag-apruba (paunang pahintulot) para makakuha ng Agarang Pangangalaga. Pumunta sa pinakamalapit na pasilidad para sa Agarang Pangangalaga.

Hindi sinasakop ng Medi-Cal ang mga serbisyo para sa Agarang Pangangalaga na nasa labas ng Estados Unidos. Kung magbibiyahe ka sa labas ng Estados Unidos at kailangan ng Agarang Pangangalaga, hindi **namin** sasakupin ang iyong pangangalaga.

Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga para sa kalusugan ng isip, tawagan angiyong planong pangkalusugan ng iyong county o ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Tawagan ang iyong Plano sa Kalusugan ng Isip ng County 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Para mahanap ang lahat ng libreng numero ng telepono ng mga county online, pumunta sa: <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx> (sa Ingles).

Kung kukuha ng mga gamot bilang bahagi ng iyong pagpapatingin sa Agarang Pangangalaga, sasakupin namin ang mga ito bilang bahagi ng iyong sakop na pagpapatingin. Kung bibigyan ka ng reseta ng iyong provider ng agarang pangangalaga na kailangan mong dalhin sa isang parmasya, magpapasya ang Medi-Cal Rx kung sakop ito. Para alamin pa ang tungkol sa Medi-Cal Rx, basahin ang “Mga inireresetang gamot na sakop ng Medi-Cal Rx” sa “Iba pang mga progama ng Medi-Cal at hindi sakop ang mga serbisyo ng Kaiser Permanente” sa Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo”, ng Handbook ng Miyembro na ito.

Hindi namin sinasakop ang follow-up na pangangalaga mula sa Mga Provider na Wala sa Network ng Medi-Cal pagkatapos na hindi mo kailangan ang Agarang Pangangalaga, maliban kung para sa sakop na matibay na kagamitang medikal. Pagkatapos maayos ang iyong isyu sa Agarang Pangangalaga, dapat kang magpatingin sa Provider na Nasa Network ng Medi-Cal para sa anumang kinakailangang follow-up na pangangalaga. Kung kailangan mo ng mataibay na kagamitang medikal na may kaugnayan sa iyong Agarang Pangangalaga, ang iyong Provider na Wala sa Network ng Medi-Cal ay dapat kumuha ng maagang pag-apruba (paunang) mula sa amin.

Pangangalagang pang-emergency

Para sa pangangalagang pang-emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na silid na pang-emergency (emergency room, “ER”). Para sa pangangalagang pang-emergency, hindi **mo** kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa amin.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

3 | Paano makakuha ng pangangalaga

Sa loob ng Estados Unidos, kasama ang anumang Teritoryo ng Estados Unidos, mayroon kang karapatang gamitin ang anumang ospital o iba pang setting para sa pangangalagang pang-emergency.

Kung nasa labas ka ng Estados Unidos, sakop lang ang Pangangalagang Pang-emergency na kinakailangan ng pagkakaospital sa Canada at Mexico. Hindi sakop ang Pangangalagang Pang-emergency at anumang pangangalaga sa iba pang bansa.

Ang Pangangalagang Pang-emergency ay para sa nakakamatay na mga medikal na kondisyon. Ang pangangalagang ito ay para sa karamdaman o pinsala na aasahan ng isang matalino (nasa katwiran) na ordinaryong tao (hindi propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan) na may karaniwang kaalaman sa kalusugan at gamot na, kung hindi ka makakatanggap kaagad ng pangangalaga, mailalagay mo ang iyong kalusugan (o kalusugan ng iyong pa ipinapanganak na sanggol) sa seryosong panganib. Kasama rito ang paglalagay sa panganib ng seryosong pinsala sa iyong mga paggana ng katawan, mga organ ng katawan, o mga bahagi ng katawan.

Maaaring kasama sa mga halimbawa ang, ngunit hindi limitado sa:

- Active labor
- Nabaling buto
- Matinding pananakit
- Pananakit ng dibdib
- Hirap sa paghinga
- Matinding pagkasunog
- Labis na dosis ng gamot
- Pagkahimatay
- Matinding pagdurugo
- Mga pang-emergency na kondisyon sa isip, tulad ng matinding depresyon o mga pag-iisip ng pagpapakamatay

Huwag **pumunta** sa ER para sa Karaniwang Pangangalaga o pangangalaga na hindi agad kailangan. Dapat kang makakuha ng Karaniwang Pangangalaga mula sa iyong PCP, na mas kilala ka. Hindi mo kailangang magtanong muna sa iyong PCP o kami bago ka pumunta sa ER. Gaunpaman, kung hindi ka sigurado na ito ay isang emergency, tumawag sa iyong PCP. Maaari ka ring tumawag sa linya para sa payo sa likod ng iyong



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

ID Card ng Pangangalagang Pangkalusugan at makipag-usap sa isang lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Kung kailangan mo ng Pangangalagang Pang-emergency sa labas ng Pinaglilingkurang Lugar ng Tinitirhang Rehiyon ng Kaiser Permanente, pumunta sa pinakamalapit na ospital ng ER kahit wala ito sa Network ng Provider ng Kaiser Permanente Medi-Cal. Kung pupunta ka sa ER, hilingin sa kanila na tumawag sa amin. Ikaw o ang ospital kung saan na na-admit ka ay dapat tumawag sa Kaiser Permanente sa loob ng 24 na oras pagkatapos mong matanggap ang pangangalagang pang-emergency. Kung nagbibihaye ka sa labas ng Estados Unidos bukod sa Canada o Mexico at kailangan mong ng Pangangalagang Pang-emergency, hindisasakupin **ng** Kaiser Permanente ang iyong pangangalaga.

Kung kailangan mo ng pang-emergency na transportasyon, tumawag sa **911**.

Kung kailangan mo ng pangangalaga sa ospital na Wala sa Network pagkatapos ng iyong emergency (pangangalaga pagkatapos maging maayos ang kondisyon), tatawagan ng ospital ang Kaiser Permanente.

Kung ikaw o isang tao na killala mo ay nasa isang krisis, mangyaring tawagan ang 988 Suicide at Crisis Lifeline: **Tawagan o i-text ang 988 o makipag-chat online sa 988lifeline.org/chat** (sa Ingles). Ang 988 Suicide at Crisis Lifeline at nagbibigay ng libre at kumpidensyal na suporta para sa sinumang nasa sa krisis. Kasama ang mga taong nasa emosyonal distress at ang mga nangangailangan ng suporta para nagtatangkang magpakamatay, kalusugan ng isip, at/o krisis sa pang-aabuso sa droga o alak.

Tandaan: Huwag tumawag sa **911** maliban kung makatwiran kang naniniwala na mayroon kang medikal na emergency. Kumuha ng pangangalagang pang-emergency para lang sa isang emergency, hindi para sa karaniwang pangangalaga o para sa hindi malubhang karamdaman katulad ng sipon o masakit na lalamunan. Kung emergency ito, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na ER.

Pangangalaga Pagkatapos Maging Maayos ang Kondisyon

Ang pangangalaga pagkatapos maging maayos ang kondisyon ay ang mga serbisyo sa ospital na Kinakailangan sa Paggamot (kasama ang ER) na nakukuha mo pagkatapos malaman ng doktor na gumagamot sa iyo na maayos na ang iyong emergency na medikal



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

3 | Paano makakakuha ng pangangalaga

na kondisyon. Kasama rin sa pangangalaga pagkatapos maging maayos ang kondisyon ang matibay na kagamitang medikal (durable medical equipment, “DME”) kapag natugunan lang ang lahat ng sumusunod na kondisyon:

- Tinatalakay ang item na DME sa ilalim ng Handbook ng Miyembro
- Kinakailangan sa Paggamot na magkaroon ka ng item na DME pagkatapos mong umalis ng ospital
- Ang item na DME ay may kaugnayan sa pang-emergency na pangangalaga na natanggap mo sa ospital

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa sakop na matibay na kagamitang medikal, pumunta sa heading na “Matibay na kagamitang medikal” sa Kabanata 4, (“Mga benepisyo at mga serbisyo”) ng Handbook ng Miyembrong ito.

Sinasakop lang namin ang Pangangalaga Pagkatapos Maging Maayos ang Kondisyon mula sa Provider na Wala sa Network kung aaprubahan namin ito nang maaga o kung hinihiling na naaangkop na batas. Ang provider na gumagamot sa iyo ay kailangang kumuha ng pahintulot mula sa amin bago kami magbayad para sa pangangalaga pagkatapos maging maayos ang kondisyon.

Upang humiling ng maagang pag-apruba para makatanggap ka ng Pangangalaga Pagkatapos Maging Maayos ang Kondisyon mula sa isang Provider na Wala sa Network, kailangang tumawag sa amin ng provider sa **1-800-225-8883 (TTY 711)**. Maaari mo ring tawagan ang numero ng telepono sa likod ng iyong ID card ng Kaiser Permanente. Kailangang tumawag sa amin ang provider bago mo matanggap ang mga serbisyo.

Kapag tatawag ang provider, kakausapin namin ang doktor na gumagamot sa iyo tungkol sa iyong problema sa kalusugan. Kung matukoy namin na kailangan mo ng pangangalaga pagkatapos maging maayos ang kondisyon, pahihintulutan namin ang Mga sakop na Serbisyo. Sa ilang mga sitwasyon, maaari naming asikasuhin na magkaroon ng Provider na Nasa Network ng Medi-Cal na magbibigay ng pangangalaga.

Kung magpapasya kaming ibigay ng isang ospital na nasa network, skilled nursing facility, o ng ibang provider ang pangangalaga, maaaring pahintulutan namin ang mga serbisyo sa transportasyon na Kinakailangan sa Paggamot upang makapunta ka sa provider. Maaaring kabilang dito ang mga espesyal na serbisyo para sa transportasyon na karaniwang hindi namin sinasakop.

Dapat mong itanong sa provider kung anong pangangalaga (kasama ang anumang transportasyon) ang pinahintulutan namin. Sinasakop lang namin ang mga serbisyo o nauugnay na transportasyon na pinahintulutan namin. Kung hihingi at makakakuha ka ng



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

mga serbisyong hindi sinasakop, maaaring hindi namin bayaran ang provider para sa mga serbisyo.

Ang Appointment at Linya ng Payo ay nagbibigay sa iyo ng libreng medikal na impormasyon at payo 24 na oras sa isang araw, bawat araw ng taon. Sa Hilagang California, tumawag sa **1-866-454-8855 (TTY 711)**. Sa Katimugang California, tawagan ang **1-833-574-2273 (TTY 711)**. 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Appointment at Linya ng Payo

Kung minsan mahirap malaman kung anong uri ng pangangalaga ang kailangan mo. Mayroon kaming mga lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan upang tulungan ka sa pamamagitan ng telepono 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo. Ikaw ay maaaring:

- Makipag-usap sa isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na makakasagot ng mga medikal na tanong, magbigay ng payo sa pangangalaga, at tutulungan kang magpasiya kung kailangan mong magpatingin kaagad sa provider
- Makakuha ng tulong sa mga medikal na kondisyon tulad ng diyabetis o hika, kabilang ang payo sa kung anong uri ng provider ang maaaring nararapat para sa iyong kondisyon
- Makakuha ng tulong sa dapat gawin kung kailangan mo ng pangangalaga at sarado ang Pasilidad ng Plan, o ikaw ay nasa labas ng iyong Pinaglilingkurang Lugar ng Tinitirhang Rehiyon

Maaari kang makipag-ugnayan sa isa sa mga lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa numero na nakalista sa ibaba para sa iyong Tinitirhang rehiyon. Kapag tumawag ka, maaari kang tanungin ng sinanay na kawani ng suporta upang matulungan kang idirekta ang iyong tawag.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Tinitirhang Rehiyon	Appointment at Numero ng Payo
Hilagang California	1-866-454-8855 (TTY 711) , 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo
Katimugang California	1-833-574-2273 (TTY 711) , 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo

Mga paunang direktiba sa pangangalagang pangkalusugan

Ang paunang direktiba sa kalusugan, o paunang direktiba, ay isang legal na form Maaari mong ilista sa form ang pangangalagang pangkalusugan na gusto mo kung sakaling hindi ka makakapagsalita o gumawa ng mga salita sa hinaharap. Maaari mo ring ilista ang pangangalagang **ayaw** mo. Maaari mong pangalanan ang isang tao, katulad ng asawa, upang gumawa ng mga desisyon para sa pangangalagang pangkalusugan kung hindi mo ito magagawa.

Maaari kang kumuha ng form para sa paunang direktiba sa Mga Pasilidad ng Kaiser Permanente Plan nang wala kang babayaran. Makakakuha ka rin ng form sa mga parmasya, ospital, mga tanggapan ng abogado, at mga tanggapan ng doktor. Maaari mong bayaran ang form kung hindi mo makukuha ang form mula sa amin. Maaari mo ring i-download ang libreng form online sa **kp.org** (sa Ingles). Maaari mong hilingin sa iyong pamilya, PCP o sinuman na pinagkakatiwalaan mo na tulungan ka sa pagkumpleto ng form.

May karapatan ka na ipalagay ang iyong paunang direktiba sa iyong mga medikal na rekord. May karapatan ka upang baguhin o kanselahin ang iyong paunang direktiba sa anumang oras.

May karapatan kang malaman ang tungkol sa mga pagbabago sa mga batas tungkol sa paunang direktiba. Sasabihin sa iyo ng Kaiser Permanente ang tungkol sa mga pagbabago sa batas ng estado nang hindi mas tatagal sa 90 araw pagkatapos ng pagbabago. Para sa higit pang impormasyon, maaari mong tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Pagdo-donate ng organ at tisyu

Makakatulong ka sa pagligtas ng buhay sa pamamagitan ng pagiging donor ng bahagi ng katawan o tisyu. Kung ikaw ay nasa pagitan ng 15 at 18 taong gulang, maaari kang maging donor na may nakasulat na pahintulot ng iyong magulang o tagapag-alaga. Maaaring magbago ang isip mo sa pagiging organ donor anumang oras. Kung gusto mong malaman ang tungkol sa donasyon ng organ o tisyu, makipag-usap sa iyong PCP. Maaari mo ring bisitahin ang website ng Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at Tao ng Estados Unidos sa www.organdonor.gov (sa Ingles).



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY 711). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

4. Mga benepisyo at serbisyo

Anong mga benepisyo at serbisyo ang sinasakop ng iyong planong pangkalusugan

Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga benepisyo at serbisyo na sakop ng Kaiser Foundation Health Plan, Inc. Libre ang iyong mga sakop na serbisyo basta't ang mga ito ay Kinakailangan sa Paggamot at ibinibigay nang ayon sa mga panuntunang nakabalangkas sa Handbook ng Miyembro na ito. Ang karamihan sa mga serbisyo ay dapat ibigay ng isang Provider na Nasa Network ng Medi-Cal. Sa ilang sitwasyon, maaari naming sakupin ang mga serbisyong Kinakailangan sa Paggamot mula sa isang Provider na Wala sa Network. Dapat kang humingi sa amin ng paunang pag-apruba (paunang pahinutulot) kung ang pangangalaga ay Wala sa Network maliban sa:

- Pangangalagang Pang-emergency
- Agarang Pangangalaga sa labas ng iyong Pinaglilingkurang Lugar ng Tinitirhang Rehiyon
- Ilang Maselang Pangangalaga gaya ng inilarawan sa Kabanata 3, “Paano makakuha ng pangangalaga”, ng Handbook ng Miyembro na ito

Ang mga serbisyong kinakailangan sa paggamot ay makatwiran at kinakailangan upang maprotektahan ang iyong buhay, pinipigilan kang magkaroon ng malubhang sakit o kapansanan, o binabawasan ang matinding pananakit mula sa na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembro na wala pa sa edad na 21, kasama sa mga serbisyong Kinakailangan sa Paggamot ang pangangalaga na kinakailangan upang maayos o tulungang mapagaan ang karamdaman o kondisyon sa katawan o isip. para sa higit pang impormasyon para sa mga sakop na serbisyo, tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**).

Ang mga miyembro na wala pang 21 taong gulang ay makakakuha ng mga dagdag na benepisyo at serbisyo. Para alamin pa, basahin ang Kabanata 5, “Pangangalaga sa Walang Sakit na Bata at Kabataan”, as Handbook ng Miyembro na ito.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng mga serbisyong sinasakop namin:

- Mga serbisyo para sa nakakalakad (outpatient)
- Limitadong bilang ng mga inireresetang gamot, supply at suplemento para sa outpatient. Ang karamihan sa mga inireresetang gamot, supply, at mga suplemento para sa outpatient ay sinasakop sa ilalim ng Medi-Cal Rx sa ilalim ng May Bayad na Serbisyo ng Medi-Cal
- Ang mga serbisyo na karapat-dapat para sa California Children's Services (CCS) sa ilalim ng Whole Child Model Program sa ilang county
- Pangangalagang Pang-emergency, kabilang ang mga pang-emergency na serbisyo ng ambulansiya
- Pangangalaga ng hospice at pangangalaga para sa pagpapaghawa ng pananakit
- Pagkakaospital
- Mga sinisiyasat pa lang na serbisyo
- Mga serbisyo ng laboratoryo at radiology, tulad ng mga X-ray
- Mga Pangmatagalang serbisyo at suporta (Long-term services and supports, "LTSS")
- Pangangalaga sa ina at bagong panganak na sanggol
- Mga serbisyo sa kalusugan ng isip para sa hindi malubha hanggang sa katamtamang mga kondisyon
- Hindi pang-emergency na medikal na transportasyon (Non-emergency medical transportation, "NEMT")
- Hindi pangmedikal na transportasyon (Non-medical transportation, "NMT")
- Mga serbisyo sa mga bata
- Mga serbisyong pang-iwas sa sakit at para maging mabuti ang kalusugan at pangangasiwa ng hindi gumagaling na sakit
- Mga serbisyo at kagamitan para sa rehabilitasyon at para pahasayin ang mga kakayahan sa paggana (therapy)
- Pag-oopera upang ibalik ang dating hitsura o paggana
- Mga serbisyo para sa screening ng sakit mula sa pang-aabuso sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

4 | Mga benepisyo at serbisyo

- Mga serbisyo ng Telehealth mula sa Mga Provider na Nasa Network ng Kaiser Permanente Medi-Cal
- Mga serbisyo para sa paningin

Basahin ang bawat isa sa mga seksyon sa ibaba upang malaman pa ang tungkol sa mga serbisyo na maaari mong makuha.

Ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na ibinibigay sa mga Miyembro ng Kaiser Permanente ay sumasailalim sa mga tuntunin, kondisyon, limitasyon at mga hindi kasama sa kontrata sa pagitan ng Kaiser Foundation Health Plan, Inc. at ng DHCS at gaya ng nakalista sa Handbook ng Miyembrong ito at ng anumang mga pagbabago.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY 711). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Ang mga serbisyonang kinakailangan sa paggamot ay makatwiran at kinakailangan upang maprotektahan ang iyong buhay, pinipigilan kang magkaroon ng malubhang sakit o kapansanan, o binabawasan ang matinding pananakit mula sa na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala.

Kasama sa mga serbisyo na kinakailangan sa paggamot ang mga serbisyonang iyon na kinakailangan para paglaki na naaangkop sa edad at pag-unlad, o para makuha, mapanatili, o muling maibalik ang kapasidad sa paggana.

Para sa mga miyembrong wala pang edad na 21, ang isang serbisyo ay kinakailangan sa paggamot kung ito ay kinakailangan para maiwasto o mapabuti ang mga depekto at mga karamdaman o kondisyon na pisikal at pangkaisipan sa ilalim ng benepisyong ng Medi-Cal para sa Bata at Teenager (kilalla rin bilang Maaga at Paminsan-minsang Screening, Diyagnostiko at Paggamot [Early and Periodic Screening, Diagnostic and Treatment, “EPSDT”]). Kasama rito ang pangangalaga na kinakailangan para maayos o matulungang maibsan ang pisikal o pangkaisipan na karamdaman o kondisyon o mapanatili ang kondisyon ng miyembro para mapigilan itong lumubha.

Hindi kasama sa mga serbisyonang Kinakailangan sa Paggamot ang:

- Mga paggamot na hindi nasubukan o sinusubukan pa
- Mga serbisyo o item na hindi karaniwang tinatanggap bilang mabisa
- Mga serbisyo na wala sa normal na takbo at haba ng paggamot o mga serbisyo na walang mga klinikal na alituntunin
- Mga serbisyo para sa kaginhawaan ng tagapag-alaga o provider

Makikipagtulungan kami sa ibang pang mga programa upand matiyak na natatanggap mo ang lahat ng serbisyo na Kinakailangan sa Paggamot, kahit

Kabilang sa mga serbisyo na kinakailangan sa paggamot na makatwiran at kinakailangan upang:

- Protektahan ang buhay
- Pigilan ang malubhang karamdaman o malubhang kapansanan
- Paginhawain ang matinding pananakit



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY 711). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

- Makamit ang paglaki at pag-unlad na naaangkop sa edad
- Makuha, mapanatili, at mabawi ang kakayahang magsagawa ng mga gawain at aktibidad (functional capacity)

Para sa mga miyembrong mas bata sa 21 taong gulang, kabilang sa mga serbisyo na Kinakailangan sa Paggamot ang lahat ng Sakop na Serbisyo na nakalista sa itaas at ang anumang iba pang kinakailangang pangangalagang pangkalusugan, screening, mga bakuna, mga serbisyong diyagnostiko, paggamot, at iba pang mga hakbang upang itama o pabutihin ang mga depekto at pisikal at pangkaisipang mga karamdaman at kondisyon, gaya ng hinihiling ng benepisyo ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Teenager. Ang benepisyong ito ay kilala bilang ang Maaga at Pana-panahong Screening, Diyagnostiko at Paggamot (“EPSDT”) na benepisyo sa ilalim ng pedetal na batas.

Nagbibigay ang Medi-Cal para sa Mga Bata at Teenager ng pang-iwas, diyagnostiko, at paggamot para sa mga sanggol, bata at mga nasa hustong gulang na wala pa sa edad na 21 na mula sa pamilyang mababa ang kita. Sinasakop ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Teenager ang mas maraming serbisyo kaysa sa benepisyo para sa nasa hustong gulang. Idinisenyo ito para siguraduhing nakakakuha ang mga bata ng maagang pagtukoy at pangangalaga para pigilan o ma-diagnose at gamutin ang mga problema sa kalusugan. Ang layunin ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Teenager ay siguraduhin na nakukuha ng bawat bata ang pangangalagang pangkalusugan na kailangan nila kapag kailangan nila ito – ang tamang pangangalaga sa tamang bata sa tamang oras sa tamang setting.

Makikipagtulungan kami sa iba pang mga programa para siguraduhin na nakukuha mo ang lahat ng mga serbisyo na kinakailangan sa paggamot, kahit na ang mga serbisyong iyon ay sakop ng ibang programa at hindi namin. Basahin ang “Iba pang mga Programa at Serbisyo ng Medi-Cal na hindi sakop ng Kaiser Permanente” sa kabanatang ito.

Mga benepisyo ng Medi-Cal na sakop ng Kaiser Permanente

Mga serbisyo para sa outpatient (para sa nakakalakad)

Mga pagpapabakuna ng nasa hustong gulang (mga iniksyon)

Maaari kang makakuha ng mga pagpapabakuna (mga iniksyon) ng nasa hustong gulang mula sa isang Provider na Nasa Network ng Medi-Cal kahit walang maagang pag-apruba (paunang pahintulot) kapag ang mga ito ay serbisyo sa pang-iwas. Sinasakop ang mga



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

bakuna (mga iniksyon) na inirerekomenda ng Komite para sa Pagpapayo sa Mga Pagbibigay ng Bakuna (Advisory Committee on Immunization Practices, “ACIP”) ng Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas ng Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, “CDC”), bilang mga serbisyong pang-iwas kabilang ang mga bakuna (iniksyon) na kailangan mo kapag nagbiyahe ka. Para sa impormasyon sa mga pagbabakuna para sa mga bata, pumunta sa Kabanata 5, “Pangangalaga sa Walang Sakit na Bata at Kabataan”, ng Handbook ng Miyembro na ito.

Makakakuha ka rin ng ilang serbisyo sa pagbabakuna (mga iniksyon) ng nasa hustong gulang sa isang parmasya sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx. Para alamin pa ang tungkol Medi-Cal Rx, basahin ang “Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal na hindi sakop ng Kaiser Permanente” sa kabanatang ito sa ibang pagkakataon.

Pangangalaga sa alerhiya

Sinasakop namin ang pagsusuri at paggamot ng alerhiya na Kinakailangan sa Paggamot, kabilang ang paggamot o proseso para bawasan ang pagkasensitibo sa alerhiya, pagbawas sa pagkasensitibo sa alerhiya, o paggamot na tumutulong sa pagpapalakas ng resistensya.

Mga serbisyo ng anesthesiologist

Sinasakop namin ang mga serbisyo ng anesthesia na Kinakailangan sa Paggamot kapag natanggap mo ang pangangalaga para sa outpatient. Maaaring kasama rito ang anesthesia para sa mga procedure sa ngipin kapag ibinigay ng isang anesthesiologist na maaaring humiling nga paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Para sa mga procedure sa ngipin, sinasakop namin ang mga sumusunod na serbisyo kapag pahihintulutan namin ang mga ito:

- Mga serbisyo para sa IV sedation o pangkalahatang anesthesia na ibinibigay ng isang medikal na propesyonal
- Mga serbisyo ng pasilidad na may kaugnayan sa pagpapakalma o anesthesia para sa outpatient na pag-oopera, Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangklusugan (Federally Qualified Health Center, “FQHC”), opisina ng dentista, o sa ospital



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Hindi namin sinasakop ang iba pang mga serbisyo na may kaugnayan sa pangangalaga ng ngipin, katulad ng mga serbisyo ng dentista.

Mga chiropractic na serbisyo

Sinasakop namin ang mga chiropractic na serbisyo, limitado sa paggamot ng gulugod sa pamamagitan ng manu-manong pagmamanihula. Maaaring makakuha ang mga nasa hustong gulang na may edad 21 at mas matanda, na may pinapahintulatang diyagnosis, ng hanggang dalawang pagpapatingin kada buwan nang walang paunang pahintulot. Maaaring aprubahan ang mga karagdagang pagpapatingin kapag Kinakailangan sa Paggamot. Hindi naaangkop ang mga limitasyon sa mga Miyembro na wala pa sa edad na 21.

Mga chiropractic na serbisyo mula sa mga provider na nasa network ng American Specialty Health

Nakikipagtulungan kami sa American Specialty Health upang ayusin ang mga chiropractic na serbisyo para sa mga miyembro na:

- Mga bata na wala pa sa edad na 21
- Mga Miyembro na buntis hanggang 60 araw pagkaktapos ng pagbubuntis
- Mga residenteng nasa isang pasilidad para sa may kasanayang pangangalaga, pasilidad para sa pangangalaga sa may kapansanan o matatandang hindi kayang alagaan ang sarili, o pasilidad para sa pangangalaga ng mga may malubhang sakit

Para sa higit pang impormasyon sa mga chiropractic na serbisyo, mangyaring tumawag sa American Specialty Health sa **1-800-678-9133** (TTY 711).

Mga serbisyo na chiropractic mula sa mga pasilidad ng county, Pederal na Kwaliplikadong Sentrong Pangklusugan (FQHC), o Mga Panlalawigang Klinikang Pangkalusugan (RHC)

Maaaring sakupin ng Medi-Cal ang mga chiropractic na serbisyo para sa lahat ng edad ng Miyembro kapag natanggap sa mga outpatient department ng ospital ng county, mga outpatient clinic ng county, mga FQHC, o mga RHC na nasa network ng Kaiser Permanente. Maaaring mangailangan ng referral ang mga FQHC at RHC para makakuha ng mga serbisyo. Hindi lahat ng pasilidad ng county, mga FQHC o mga RHC ay



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY 711). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

nagbibigay ng mga chiropractic na serbisyo para sa outpatient. Para makakuha ng higit pang impormasyon, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY 711).

Mga pagsusuri ng kalusugan ng pag-iisip

Sinasakop namin ang taunang pagsusuri ng kalusugan ng pag-iisip para sa mga miyembrong 65 taong gulang o mas matanda na hindi kwalipikado para sa katulad na pagsusuri bilang bahagi ng taunang pagpapatingin ng walang sakit sa ilalim ng programa ng Medicare. Ang pagsusuri ng kalusugan ng pag-iisip ay tinitingnan ang mga palatandaan ng sakit na Alzheimer's o dementia.

Mga serbisyo para sa dialysis at hemodialysis

Sinasakop namin ang mga dialysis na paggamot na Kinakailangan sa Paggamot. Sinasakop din namin ang mga serbisyo ng hemodialysis (pangmatagalang dialysis) at peritoneal (sa pamamagitan ng tiyan na bahagi) na dialysis. Dapat matugunan mo ang lahat ng medikal na pamantayan na ginawa namin at ng pasilidad na nagbibigay ng dialysis.

Hindi kasama sa coverage ng Medi-Cal ang:

- Kaginhawaan
- Ginhawa o mamahaling kagamitan
- Mga supply, at mga feature
- Mga hindi pangmedikal na item na tulad ng mga generator o mga accessory upang gawing maaaring dalhin sa biyahe ang kagamitan para sa pag-dialysis sa tahanan

Outpatient na pag-oopera at iba pang mga procedure para sa outpatient

Sinasakop namin ang pag-oopera para sa outpatient na Kinakailangan sa Paggamot at iba pang mga procedure para sa outpatient.

Mga serbisyo ng doktor

Sinasakop namin ang mga serbisyo ng doktor na kinakailangan sa paggamot. Ang ilang mga serbisyo ay maaaring ibigay bilang panggrupong appointment.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY 711). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Mga serbisyo para sa (foot) pangangalaga ng paa

Sinasakop namin ang mga serbisyo para sa pangangalaga ng paa ayon sa Kinakailangan sa Paggamot para sa diyagnosis at para paggamot ng paa ng tao sa medikal, pag-ooopera, mekanikal, pagmamanipula, at elektrikal na paraan. Kasama sa paggamot na ito ang para sa bukong-bukong at para sa litid na konektado sa paa. Kasama rin ang paggamot na hindi kailangang ng pag-opera ng mga kalamnan at litid ng binti na kinokontrol ang mga paggana ng paa.

Mga therapy na paggamot

Sinasakop namin ang mga therapy na paggamot, kabilang ang:

- Chemotherapy
- Radiation therapy
- Mga ibinibigay na gamot at produkto. Ang mga ito ay mga gamot at produkto na kailangang ibigay o obserbahan ng provider ng pangangalagang pangkalusugan. Sinasakop namin ang mga item na ito kapag inireseta ang mga ito sa iyo ng isang Provider na Nasa Network ng Medi-Cal, nang ayon sa aming mga alituntunin ng formulary ng gamot. Ang mga item ay dapat ibigay sa isang Pasilidad ng Plano o kapag bumibisita sa tahanan para masakop. Kabilang sa mga halimbawa ng mga ibinibigay na gamot na sinasakop namin ang, ngunit hindi limitado sa:
 - Whole blood, pulang selula ng dugo, plasma, at mga platelet
 - Mga gamot para sa chemotherapy sa cancer
 - Mga antigen para sa alerhiya
 - Mga gamot at produktong ibinibigay sa pamamagitan ng ugat (intravenous therapy) o iniksyon

Para sa higit pang impormasyon sa aming formulary ng gamot, pumunta sa heading na “Inireresetang gamot, mga supply, at mga suplemento para sa outpatient na sinasakop ng Kaiser Permanente” ng Kabanata 4 sa ibang pagkakataon, “Mga benepisyo at serbisyo”, ng Handbook ng Miyembro na ito.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Pangangalaga sa ina at bagong panganak na sanggol

Sinasakop namin itong mga serbisyo sa pangangalaga ng ina at kasisilang na sanggol na ito:

Mga serbisyo ng mga birthing center

Sinasakop namin ang mga serbisyo sa mga birthing center na provider ng Comprehensive Perinatal Services Program (“CPSP”) na aprubado ng Medi-Cal. Ang mga serbisyo sa birthing center ay alternatibo sa pangangalaga sa ina sa isang ospital para sa mga babaeng mababa ang panganib ng mga pagbubuntis. Kung gusto mong isilang ang iyong sanggol sa isa sa mga center na ito at upang malaman kung kwalipikado ka, magtanong sa iyong doktor.

Mga breast pump at mga supply

Magbibigay kami ng isang pang-retail na breast pump bawat pagbubuntis at isang set ng mga supply upang isama sa pump. Kung Kinakailangan sa Paggamot sa iyong gumamit ng pang-ospital na breast pump, sasakupin namin ang pag-upa o pagbili nito. Ang mga pang-ospital na breast pump ay Matibay na Kagamitang Medikal (“Durable Medical Equipment, DME”) at dapat aprubahan nang maaga para sa iyo. Pipiliin namin ang vendor, at dapat mong isauli ang pang-ospital na breast pump kapag hindi mo na ito kailangan.

Edukasyon sa pagpapasuso at mga pantulong

Sinasakop namin ang komprehensibong suporta sa pagpapalabas ng gatas ng ina.

Pangangasiwa ng pangangalaga

Nagbibigay kami ng mga serbisyo sa pangangasiwa ng pangangalaga sa panahon ng pagbubuntis at bagong silang na sanggol.

Sertipikadong Nurse Midwife (“CNM”)

Sinasakop namin ang mga serbisyo na Kinakailangan sa Paggamot na ibinibigay ng mga sertipikadong nurse na kumadrona na kumikilos nang ayon sa saklaw ng kanilang propesyon.

Pagpapayo

Nagbibigay kami ng mga serbisyo sa pagpapayo sa buntis, at pagkatapos manganak na mga tao bago manganak, sa panahon ng panganganak, at pagkatapos manganak ng mga sertipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Pangangalaga sa panganganak at pagkatapos manganak

Sinasakop namin ang mga serbisyo sa ospital at pangangalaga pagkatapos manganak.

Diyagnosis at pagpapayo para sa mga sakit ng sanggol na may kaugnayan sa genes

Sinasakop namin ang mga diagnostic test at pagpapayo na may kaugnayan sa mga sakit sa genes ng sanggol

Mga serbisyo ng Doula

Sinasakop namin ang mga serbisyo ng doula na ibinibigay ng mga provider ng network ng doula ng Medi-Cal sa panahon ng pagbubuntis ng miyembro, sa panahon ng labor at panganganak, kasama ang stillbirth, nakunan, at aborsyon; sa loob ng isang taon ng pagtatapos ng pagbunbuntis ng miyembro. Hindi sinasakop ng Medi-Cal ang lahat ng serbisyo ng doula.

Ang mga provider ng doula ay mga birth worker na nagbibigay ng edukasyong pangkalusugan, advocacy, at piskal, emosyonal, at hindi medikal na suporta para sa buntis at mga taong pagkatapos manganak bago, sa panahon ng, at pagkatapos manganak, kasama ang suporta sa panahon ng stillbirth, nakunan, at aborsyon.

Bilang benepisyo sa pag-iwas, hinihiling ng mga serbisyo ng doula ang nakasulat na rekomendasyon mula sa isang doktor o iba pang lisensyadong practitioner ng mga healing art sa loob ng saklaw ng practice. Nagbigay ang DHCS ng standing recommendation para sa mga serbisyo ng doula ginagawa ang kinakailangan para sa inisyal na rekomendasyon. Ang inisyal na rekomendasyon para sa mga serbisyo ng doula ay kasama ang mga sumusunod na pahintulot:

- Isang inisyal na pagpapatingin
- Hanggang sa 8 karagdagang pagpapatingin na maaaring magkahalong bago manganak at pagkatapos manganak na mga pagpapatingin
- Suporta sa panahon ng labor at panganganak (kasama ang labor at panganganak na nagreresulta sa isang stillbirth). aborsyon, o nakunan
- Hanggang sa 2 pinalawig na 3 oras na pagpapatingin pagkatapos manganak matapos ang pagbubuntis.
- Maaaring makatanggap ang mga miyembro ng hanggang siyam na karagdagang pagpapatingin pagkatapos manganak na may karagdagang nakasulat na rekomendasyon mula sa isang doktor o iba pang lisensyadong practitioner.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Dapat kaming makipagtulungan para sa access sa Wala sa Network sa mga serbisyo ng doula para mga miyembro ng Medi-Cal kung hindi available ang provider ng Medi-Cal. Sasailalim sa maagang pag-apruba ang mga karagdagang pagpapatingin.

Lisensyadong Kumadrona (“LM”)

Sinasakop namin ang mga serbisyo na Kinakailangan sa Paggamot na ibinibigay ng mga lisensyadong nurse na kumadrona na kumikilos nang ayon sa saklaw ng kanilang propesyon.

Mga serbisyo sa kalusugan ng isip ng ina

Kung magkaroon ka ng kondisyon sa kalusugan ng isip sa iyong pagbubuntis o pagkatapos manganak, sasakupin namin ang mga serbisyo sa kalusugan ng isip na kailangan, gaya ng inilarawan sa seksyong “Mga serbisyo sa kalusugan ng isip” sa kabanatang ito.

Pangangalaga sa bagong panganak

Mga bagong panganak na sanggol mula 0 hanggang 2 buwang gulang. Kung miyembro ng Medi-Cal ang ina kapag siya ay nanganak, sasakupin namin ang mga serbisyo na Kinakailangan sa Paggamot sa ilalim ng coverage sa Medi-Cal ng ina para sa mga bagong panganak na sanggol. Mahalagang i-enroll ang iyong bagong panganak na sanggol sa Medi-Cal para magkaroon ang iyong bagong panganak na sanggol ng sarili niyang coverage sa Medi-Cal. Para sa higit pang impormasyon sa kung paano ie-enroll ang iyong bagong panganak na sanggol sa Medi-Cal, tumawag sa tanggapan ng iyong county.

Edukasyon sa nutrisyon

Nagbibigay kami ng edukasyon sa nutrisyon sa mga ina mula sa mga sertipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.

Pangangalaga bago manganak

Sinasakop namin ang isang serye ng mga eksaminasyon para sa pangangalaga bago manganak.

Mga assessment at referral para sa kalusugan kaugnay sa pakikisalamuha at kalusugan ng isip

Nagbibigay kami ng mga assessment na kaugnay sa pakikisalamuha at kalusugan ng isip nang hindi kailangan ng paunang pag-apruba. Para alamin pa ang tungkol sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip, basahin ang “Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip” sa Kabanata 4, “Mga Benepisyo at Serbisyo”, ng Handbook ng Miyembro na ito.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Bitamina at mga suplementong mineral

Ang mga inireresetang gamot, supply, at mga suplemento para sa outpatient na may kaugnayan sa mga serbisyo sa pabubuntis at pangangalaga sa bagong silang ay sinasakop sa ilalim ng Medi-Cal Rx. Para sa higit pang impormasyon sa Medi-Cal Rx, pumunta sa heading ng “Medi-Cal Rx” sa heading ng seksyong “Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal na hindi sakop ng Kaiser Permanente” sa Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo”, Handbook ng mlyembro na ito.

Mga serbisyo sa kalusugan ng isip

Mga pagsusuri ng kalusugan ng isip

Hindi mo kailangan ng referral o maagang pag-apruba upang makakuha ng inisyal na pagsusuri ng kalusugan ng isip mula sa isang Provider na Nasa Network ng Medi-Cal o mula sa provider ng plano sa kalusugan ng isip ng county. Maaari kang makakuha ng pagsusuri ng kalusugan ng isip anumang oras mula sa isang lisensyadong provider ng kalusugan ng isip na isang kwalipikadong Provider ng Medi-Cal. Maaari kang tumingin sa aming online na mga listahan ng provider sa **kp.org/finddoctors** (sa Ingles) para maghanap ng provider sa kalusugan ng isip sa aming network o tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**).

Sasakupin namin ang mga serbisyo para sa pag-iwas, screening, pagsusuri, at paggamot para sa hindi malubha hanggang sa katamtamang mga kondisyon sa kalusugan ng isip na maaaring ibigay sa iyo bago ka makatanggap ng pormal na diyagnosis na may kaugnayan sa iyong kalusugan ng isip.

Mga serbisyo sa kalusugan ng isip para sa outpatient para sa hindi malubha hanggang sa katamtamang mga kondisyon

Ang iyong PCP o provider sa kalusugan ng isip ay maaaring gumawa ng referral para sa higit pang screening ng kalusugan ng isip sa isang espesyalista sa Network ng Provider ng MediCal para desisyunan ang antas na pangangalaga na kailangan mo. Kung malaman sa mga resulta ng screening ng iyong kalusugan ng isip na ikaw ay nasa mild o katamtamang pagkabalisa o may kapansanan sa paggana ng isip, emosyon, o pag-uugali, sinasakop namin ang mga serbisyo sa kalusugan ng isip tulad ng:

- Pang-indibidwal at panggrupong pagsusuri at paggamot sa kalusugan ng isip (psychotherapy)
- Pangkaisipang pagsusuri kapag inutos ng klinika na suriin ang isang kondisyon sa kalusugan ng isip



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

- Pagkakaroon ng mga kakayahan sa pag-iisip upang pabutihin ang pagtuon ng pansin, memorya at paglutas ng problema
- Mga serbisyo para sa outpatient para sa mga layunin ng pagsubaybay sa drug therapy.
- Ang mga serbisyo sa pagkuha ng imahe at sa laboratoryo na nauugnay sa paggamot ng iyong kondisyon sa kalusugan ng isip. Pumunta sa “Mga serbisyo ng laboratoryo at radiology” sa ibang pagkakataon sa kabanatang ito.
- Mga gamot ng outpatient na hindi na sinasakop ng Listahan ng mga Gamot na may Kontrata sa Medi-Cal Rx (<https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/> [sa Ingles]), mga supply at suplemento
- Pangkaisipang pagkonsulta
- Therapy ng pamilya kapag Kinakailangan sa Paggamot at may kasamang hindi bababa sa dalawang miyembro ng pamilya. Kasama sa mga halimbawa ng therapy ng pamilya ang, ngunit hindi limitado sa:
 - Psychotherapy ng bata at magulang (edad na 0 hanggang 5)
 - Interactive na therapy ng magulang at bata (edad na 2 hanggang 12)
 - Therapy ng mag-asawa tungkol sa pag-iisip at pag-uugali (mga nasa hustong gulang)

Kung ang paggamot na kailangan mo para sa sakit sa kalusugan sa isip ay hindi available sa aming network ng provider ng Medi-Cal o iyong PCP o hindi maaaring ibigay ng provider sa kalusugan ng isip ang pangangalagang kailangan mo sa nakalistang panahon sa itaas ng “Napapanahong access sa pangangalaga,” sasakupin namin at tutulungan ka naming makuha ang mga serbisyo ng wala sa network.

Kung ipinapakita ng iyong screening ng kalusugan ng isip na maaaring mayroon kang mataas na antas ng kapansanan at kailangan ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip na may espesyalidad (specialty mental health services, “SMHS”), ang iyong PCP o iyong provider sa kalusugan ng isip ay maaari kang i-refer sa Mental Health Plan ng County para makuha ang kailangan mong pangangalaga. Tutulungan ka namin ayusin ang iyong unang appointment sa provider ng plano sa kalusugan ng isip para piliin ang tamang pangangalaga para sa iyo. Para alamin pa, basahin ang Kabanata 4, “Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa ilalim ng “Specialty Mental Health Services”, ng Handbook ng Miyembro na ito.

Ang mga inireresetang gamot, supply, at mga suplemento para sa outpatient na may kaugnayan sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip ay sinasakop sa ilalim ng Medi-Cal Rx. Para sa higit pang impormasyon sa Medi-Cal Rx, pumunta sa heading ng “Medi-Cal Rx”



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

sa heading ng seksyong “Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal na hindi sakop ng Kaiser Permanente” sa Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo”, ng Handbook ng Miyembro na ito.

Para sa tulong sa paghahanap ng higit pang impormasyon sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip na ibinibigay ng Kaiser Permanente sa iyo maaari kang tumawag sa aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**).

Mga serbisyo para magkasamang gamutin ang sanggol o batang anak at magulang (dyadic)

Sinasakop namin ang mga serbisyo na pangangalaga ng kalusugan ng pag-uugali sa relasyon ng dalawang tao (dyadic behavioral health, “DBH”) para sa mga miyembro at kanilang mga caregiver. Ang dyad ay isang bata at kanilang mga magulang o mga caregiver. Pinaglilingkuran nang magkasama ang pangangalaga ng dyadic ang mga magulang o caregiver at ang anak. Tina-target nito ang kapakanan ng pamilya para suportahan ang magandang paglaki ng anak at kalusugan ng isip.

Kasama sa mga serbisyo ng pangangalaga ng dyadic ang:

- Mga pagpapatingin ng walang sakit na bata ng DBH
- Mga komprehensibong serbisyo ng mga Suporta ng Komunidad ng dyadic
- Mga serbisyo sa pang-edukasyon para sa isip ng dyadic
- Mga serbisyo sa magulang o caregiver ng dyadic
- Pagsasanay ng pamilya ng dyadic, at
- Pagpayo para sa paglaki ng bata, at mga serbisyo para sa kalusugan ng isip ng ina

Mga serbisyo ng Pangangalagang Pang-emergency

Ang mga serbisyo para sa inpatient at outpatient na kailangan upang magamot ang isang medikal na emergency

Sinasakop namin ang lahat ng serbisyo na kailangan para gamutin ang medikal na emergency na nangyayari sa Estados Unidos (kasama ang mga teritoryo tulad ng Puerto Rico, United States Virgin Islands, atbp.). Sinasakop din namin ang pangangalagang pang-emergency na kakailanganing maospital sa Canada o Mexico.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Ang medikal na emergency ay isang medikal na kondisyon na may matinding pananakit o malubhang pinsala. Ang kondisyon ay napakalubha, kung ito ay hindi makakakuha kaagad ng medikal na atensyon, ang isang matalino (may katwiran) na karaniwang tao (hindi propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan) ay makakaasa na ito ay magresulta sa alinman sa mga sumusunod:

- Malubhang panganib sa iyong kalusugan
- Malubhang pinsala sa mga paggana ng katawan
- atinding pagpalya ng anumang organo o bahagi ng katawan

Ang mga malubhang panganib sa mga kaso ng isang taong buntis na nasa aktibong paghilab, na ang ibig sabihin ay paghilab sa oras kung kailan ang aliman sa mga sumusunod ay mangyayari:

- Walang sapat na panahon upang ligtas na ilipat ka sa ibang ospital bago ang panganganak
- Ang paglipat ay maaaring maging banta sa kalusugan o kaligtasan mo o sa iyong hindi pa naisisilang na anak

Kung ang isang provider sa departamentong pang-emergency sa Estado Unidos ay bibigyan ka ng hanggang 72 oras na supply ng gamot para sa outpatient bilang bahagi ng iyong paggamot, sasakupin namin ang gamot bilang bahagi ng iyong sakop na Pangangalagang Pang-emergency.

Kung bibigyan ka ng reseta ng provider ng departamentong pang-emergency ng ospital na kailangan mong dalhin sa isang parmasya na para sa outpatient upang mapunan ito ng gamot, sasakupin ang reseta ng Medi-Cal Rx.

Kung binibigyan ka ng pharmacist sa parmasya para sa outpatient ng pang-emergency na supply ng gamot mula sa parmasya para sa outpatient habang nagbibihay, responsable ang Medi-Cal Rx sa pagsakop ng gamot, at hindi namin. Kung kailangan ng parmasya ng tulong sa pagbibigay sa iyong ng supply ng pang-emergency na gamot, patawagin sila sa Medi-Cal Rx sa Customer Service sa **1-800-977-2273**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Mga serbisyo sa pang-emergency na transportasyon

Sinasakop namin ang mga serbisyo ng ambulansiya upang matulungan kang makarating sa pinakamalapit na lugar ng pangangalaga sa isang emergency. Ibig sabihin nito ang iyong kondisyon ay sapat na malubha na ang ibang mga paraan ng pagpunta sa lugar ng pangangalaga ay maaaring maging mapanganib sa iyong kalusugan o buhay. Walang



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

sinasakop na mga serbisyo sa labas ng Estados Unidos maliban para sa Pangangalagang Pang-Emergency na kakailanganin maospital sa Canada o Mexico. Kung makakakuha ka ng mga serbisyo ng ambulansiya para sa emergency sa Canada o Mexico at hindi ka maospital sa episode ng pangangalaga na iyon, hindi namin sasakupin ang iyong mga serbisyo ng ambulansiya.

Edukasyong pangkalusugan

Sinasakop namin ang iba't ibang pagpapayo, mga programa at mga materyal para sa edukasyong pangkalusugan na ibinibigay ng iyong PCP o iba pang mga provider sa appointment o pagbisita.

Sinasakop din namin ang iba't ibang pagpapayo, mga programa at mga materyal para sa edukasyong pangkalusugan upang tulungan kang magkaroon ng aktibong tungkulin sa pagprotekta at pagpapabuti ng iyong kalusugan, kabilang ang mga programa para sa pagtigil sa pananabako, pamamahala ng stress at hindi gumagaling na mga kondisyon (tulad ng diyabetis at hika).

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa aming pagpapayo, mga programa at mga materyal para sa edukasyong pangkalusugan, mangyaring makipag-ugnayan sa departamento ng edukasyong pangkalusugan sa iyong lokal na Pasilidad ng Plano. Maaari ka ring tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)** o pumunta sa aming website sa **kp.org** (sa Ingles).

Mga serbisyo sa edukasyong pangkalusugan mula sa mga manggagawa sa kalusugan sa komunidad (“CHW”)

Sinasakop namin ang edukasyong pangkalusugan na pang-iwas sa sakit at mga serbisyo sa pag-navigate ng kalusugan na ibinibigay ng mga manggagawa sa kalusugan ng komunidad (community health workers, “CHW”). Dapat irekomenda ng doktor o lisensyadong provider ang mga serbisyonang ito sa iyo. Hindi namin sinasakop ang lahat ng serbisyo na ibinibigay ng mga CHW. Kasama sa mga serbisyo ng Sakop na CHW ang mga sumusunod:

- Edukasyong pangkalusugan para itaguyod ang iyong kalusugan o tugunan ang mga hadlang sa pangangalagang pangkalusugan, tulad ng:
 - Paano makontrol at maiiwasan ang mga kondisyon na hindi gumagaling, mga nakakahawang sakit, mga kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali, mga



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

kondisyon sa pagbubuntis, sekswal at kaugnay sa pag-aanak, at mga kondisyon sa kalusugan ng bibig

- Kalusugan at paglaki ng bata
- Pag-iwas sa karahasan at pinsala
- Pagsiyasat sa kalusugan, kasama ang impormasyon, pagsasanay, mga referral, at suporta para ma-access ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at kumonekta sa mga mapagkukunan sa komunidad.
- Pagtataguyod at pagtuturo para sa kalusugan, kasama ang pagtatakda ng layunin at ang paggawa ng mga plano ng aksyon para matugunan ang pag-iwas at pamamahala ng sakit

Diabetes Prevention Program (“DPP”)

Ang Diabetes Prevention Program (“DPP”) ay programa sa pagbabago ng pamumuhay batay sa ebidensiya. Nakatuon ang 12 buwan na programang ito sa mga pagbabago sa pamumuhay. Ginawa ito upang maiwasan o maantala ang pagsisimula ng Type 2 na diyabetis sa mga indibiduwal na nasuring may prediabetes (bahagyang mataas ang asukal sa dugo). Mga miyembro na natutugunan ang pamantayan na maaaring maging kwalipikado para sa pangalawang taon. Ang programang ito ay nagbibigay ng edukasyon at suporta ng grupo. Kasama sa mga pamamaraan ang, ngunit hindi limitado sa:

- Pagbibigay ng pagtuturo sa mga katulad
- Pagtuturo sa pagsubaybay sa sarili at paglutas ng problema
- Pagbibigay ng lakas ng loob at feedback
- Pagbibigay ng mga materyal na may impormasyon upang suportahan ang mga layunin
- Pagsubaybay sa mga karaniwang pagkuha ng timbang upang tulungang makamit ang mga layunin

Dapat matugunan ng mga miyembro ang ilang panuntunan para sumali sa DPP. Tanungin ang iyong doktor kung kwalipikado ka para sa programa.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Pangangalaga ng hospice at pangangalaga para sa pagpapaghawa ng sakit

Sinasakop namin ang pangangalaga ng hospice at pangangalaga para sa pagpapaghawa ng pananakit para sa mga bata at nasa hustong gulang, kung saan tumutulong na bawasan ang pisikal, emosyon, panlipunan, at mga ispirituwal na mga kawalan ng ginhawa. Ang mga nasa hustong gulang na edad 21 o masa matanda ay maaaring hindi makakuha ng pangangalaga ng hospice care at pangangalaga para sa paglunas (pagpapagaling) nang sabay-sabay. Kung nakakatanggap ka ng pangangalaga para sa pagpapaghawa ng sakit at natutugnan mo ang pagiging nararapat para sa pangangalaga sa hospice, maaari mong hilinging lumipat sa pangangalaga sa hospice anumang oras.

Pangangalaga ng hospice

Ang pangangalaga ng hospice ay isang benepisyo na naglilingkod sa mga miyembrong may wala nang lunas na karamdaman. Isa itong interbensyon na pangunahing nakatuon sa pamamahala ng pananakit at sintomas sa halip na sa paglunas upang mapahaba ang buhay.

Sinasakop lang namin ang pangangalaga ng Hospice kung ang lahat ng sumusunod na kinakailangan ay matutugunan:

- Na-diagnose ka ng doktor sa aming Network ng Provider ng Medi-Cal na mayroon kang wala nang lunas na karamdaman at tinukoy niyang ang inaasahang itatagal ng buhay mo ay 6 na buwan o mas mababa. Ibinibigay ang mga serbisyo sa loob ng iyong Pinaglilikungrang Lugar sa Tinitirhang Rehiyon. Ibinibigay ng isang lisensyadong ahensiya ng hospice na Medi-Cal ang mga serbisyo Provider na nasa Network
- Tinutukoy ng doktor na nasa network na ang mga serbisyo ay kinakailangan para sa pagpapaghawa at pamamahala ng iyong wala nang lunas na karamdaman at mga kaugnay na kondisyon

Sa pangangalaga ng hospice:

- Ang mga nasa hustong gulang na nasa edad na 21 taon o mas matanda ay maaaring makatanggap pangangalaga upang mapaghawa ang pananakit at ang iba pang mga sintomas ng kanilang wala nang lunas na karamdaman, ngunit hindi para mapagaling ang karamdaman. Hindi maaaring sabay na



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

tumanggap ng pangangalaga para sa pagpapaghawa ng sakit at pangangalaga ng hospice ang mga nasa hustong gulang

- Ang mga batang wala pa sa edad na 21 ay tatanggap ng pangangalaga upang mapaghawa ang panakit at ang iba pang mga sintomas ng kanilang wala nang lunas na karamdaman at maaari nilang piliing ipagpatuloy ang pagpapagamot para sa kanilang karamdaman

Maaari mong baguhin anumang oras ang iyong napili upang tumanggap ng pangangalaga ng hospice. Ang iyong desisyon na umpisahan o itigil ang pangangalaga ng hospice ay dapat nakasulat at dapat sumusunod sa mga panuntunan ng Medi-Cal.

Kung matutugunan ang lahat ng kinakailangan na nasa itaas, sasakupin namin ang mga sumusunod na serbisyo ng hospice:

- Mga Sebisyo ng mga Provider na Nasa Network ng Medi-Cal
- May kasanayang pangangalaga, na kinabibilangan ng pagsusuri at pamamahala ng kaso ng mga kinakailangang pag-aalaga, paggamot para sa panakit at pagkontrol ng sintomas, emosyonal na suporta para sa iyo at sa iyong pamilya, at mga instruksiyon para sa mga caregiver
- Therapy ng katawan (physical therapy), therapy para makabalik sa trabaho (occupational therapy) at therapy sa pagsasalita (speech therapy) para sa pagkontrol ng sintomas o upang tumulong na mapanatili ang mga aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay
- Respiratory therapy
- Mga medikal na serbisyong panlipunan
- Tagatulong para sa pantahanang pangangalaga ng kalusugan at tulong sa pagkain, pagligo, at pagbibihis
- Mga gamot para sa pagkontrol ng panakit at upang tulungan ang iba pang sintomas ng iyong wala nang lunas na karamdaman.
 - Sinasakop namin ang mga ibinibigay na gamot nang ayon sa aming mga alituntunin ng formulary ng gamot
 - Sinasakop namin ang mga pang-outpatient na gamot na direktang nauugnay sa iyong mga sakop na serbisyo ng hospice. Dapat mong kunin ang mga gamot na ito mula sa isang parmasya na nasa network ng Kaiser Permanente. Para sa ilang mga gamot, sinasakop namin ang 30-araw na supply para sa anumang panahon na may 30-araw



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

- Ang mga inireresetang gamot para sa outpatient na hindi bahagi ng iyong pangangalaga ng hospice, magdedesisyun ang Medi-Cal Rx kung sakop ito. Maaari mong alamin pa ang tungkol sa Medi-Cal Rx sa pamamagitan ng pagpunta sa heading na “Medi-Cal Rx” sa seksyong “Iba pang mga programa at serbisyo na hindi sinasakop ng Kaiser Permanente” sa ibang pagkakataon sa Kabanata 4.
- Matibay na kagamitang medikal
- Magpahinga mula sa pangangalaga (respite care) ng inpatient kapag kinakailangan para makapagpahinga ang iyong mga caregiver. Ang respite na pangangalaga ay paminsan-minsan at panandaliang pangangalaga para sa inpatient na limitado sa hindi lalampas sa limang magkakasunod na araw sa isang pagkakataon
- Payo upang makatulong sa namatayan
- Payo tungkol sa pagkain

Sinasakop din namin ang mga sumusunod na serbisyo ng hospice sa mga panahon lang ng krisis kapag Kinakailangan sa Paggamot ang mga ito upang mapaginhawa ang sakit o pamahalaan ang malubhang mga medikal na sintomas:

- Tuloy-tuloy na pangangalaga ng nars sa loob ng hanggang 24 na oras sa isang araw gaya ng kinakailangan upang mapanatili ka sa tahanan
- Panandaliang pangangalaga para sa inpatient na kinakailangan sa antas na hindi maibibigay sa tahanan

Pangangalaga para sa pagpapaginhawa ng sakit

Ang pangangalaga para sa pagpapaginhawa ng sakit ay pangangalaga na nakatuon sa pamilya na pinapapaganda ang kalidad ng buhay sa pamamagitan ng pag-anticipate, pagpigil, at paggamot ng paghihirap. Ang pangangalaga para sa pagpapaginhawa ng sakit ay hindi kinakailangang mabubuhay ang miyembro nang anim na buwan o mas mababa. Maaaring ibigay ang pangangalaga para sa pagpapaginhawa ng sakit kasabay ng pangangalagang panlunas ng sakit. Sinasakop namin ang pangangalaga para sa pagpapaginhawa ng sakit para sa Mga Miyembrong natutugunan ang mga pamantayan sa pagiging nararapat sa Medi-Cal para sa mga serbisyong ito.

Kasama ang mga sumusunod sa pangangalaga para sa pagpapaginhawa ng sakit:

- Maagang pagpapalano ng pangangalaga



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

- Pagsusuri at pagkonsulta kaugnay sa pangangalaga para sa pagpapaginhawa ng sakit
- Isang Plano ng pangangalaga kabilang ang lahat ng pinapahintulatang pangangalaga para sa pagpapaginhawa ng sakit at panlunas na pangangalaga

Pangkat ng pangangalaga kasama ang, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

- Doktor ng medisina o osteopathy
- Assistant ng Doktor
- Rehistradong nurse
- Lisensyadong vocational nurse o nurse practitioner
- Social worker
- Chaplain
- Pangangasiwa ng pangangalaga
- Pamamahala ng pananakit at sintomas
- Mga serbisyo sa kalusugan ng isip at panlipunan kaugnay sa sakit

Pagkakaospital

Mga serbisyo ng anesthesiologist

Sinasakop namin ang mga serbisyo ng anesthesiologist na Kinakailangan sa Paggamot sa panahon ng pamamalagi sa ospital. Ang anesthesiologist ay isang provider na espesyalista sa pagbibigay ng anesthesia sa pasyente. Ang anesthesia ay isang uri ng gamot na ginagamit sa panahon ng ilang procedure na medikal o sa ngipin.

Mga serbisyo ng ospital para sa inpatient

Sinasakop namin ang pangangalaga ng ospital para sa inpatient na kinakailangan sa paggamot kapag ipinasok ka sa ospital sa isang ospital na nasa network. Kabilang sa mga serbisyo ang kuwarto at pagtuloy, mga gamot, kagamitan, mga serbisyo sa pagkuha ng imahe at pagsusuri sa laboratoryo, at iba pang mga serbisyo na karaniwang ibinibigay ng ospital. Kung ipapasok ka sa isang ospital na wala sa network, kailangan mong humingi ng pag-apruba mula sa amin para sa pangangalagang matatanggap mo pagkatapos na maging maayos ang iyong kondisyon. Kung hindi ka makakakuha ng pag-apruba mula sa amin, hindi masasakop ang iyong pamamalagi sa ospital



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Rapid Whole Genome Sequencing

Ang Rapid Whole Genome Sequencing (“RWGS”) ay sakop na benepisyo para sa sinumang miyembro ng Medi-Cal na 1 taong gulang o mas bata at nakakatanggap ng mga serbisyo ng ospital para sa inpatient sa isang unit para sa masusing pangangalaga (Intensive Care Unit, “ICU”). Kasama rito ang individual sequencing, trio sequencing para sa magulang o mga magulang at kanilang sanggol, at ultra-rapid sequencing.

Ang RWGS ay isang bagong paraan para ma-diagnose ang mga kondisyon sa oras para maimpluwensiyahan ang Unit para sa Masusing Pangangalaga (“ICU”) sa mga batang 1 taon gulang o mas bata.

- **Coverage sa mga County na may Whole Child Model (Mariposa, Marin, Napa, Orange, Placer, San Mateo, Santa Cruz, Solano, Sonoma, Sutter, Yolo at Yuba)**

Kung kwalipikado ang iyong anak para sa California Children’s Services (“CCS”), sasakupin namin ang pananatili sa ospital at ang RWGS sa ilalim ng Whole Child Model Program.

- **Coverage sa mga County na may California Children’s Services (lahat ng iba pang county sa Pinaglilingkurang Lugar ng Medi-Cal Plan)**

Kung karapat-dapat ang iyong anak para California Children’s Services (“CCS”), maaaring sakupin ng CCS ang pananatili sa ospital at ang RWGS.

Mga serbisyo sa pag-oopera

Sinasakop namin ang mga pag-oopera na kinakailangan sa paggamot.

Mga inireresetang gamot para sa outpatient na sinasakop ng Kaiser Permanente

Ang karamihan sa mga inireresetang gamot para sa outpatient ay sinasakop ng Medi-Cal Rx bilang serbisyo sa pamamagitan ng May Bayad na Serbisyo na Medi-Cal. Maaari mong alamin pa ang tungkol sa Medi-Cal Rx sa pamamagitan ng pagpunta sa heading na “Mga ninireresetang gamot para sa outpatient na sakop ng Medi-Cal Rx” sa seksyong “Iba pang mga programa at serbsiyo na hindi sinasakop ng Kaiser Permanente” sa huling bahagi ng Kabanata 4 na ito.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

May ilang mga inireresetang gamot at mga item na sinasakop pa rin namin dahil hinihiling sa amin ng batas ng estado na sakupin ito. Inilalarawan ng seksyon na ito ang mga inireresetang gamot at mga item na sinasakop pa rin namin ayon sa batas ng estado.

Nutrisyon na ipinapasok sa bituka at nutrisyon na ipinapasok sa ibang bahagi ng katawan

Ginagamit ang mga pamamaraang ito ng pagbibigay ng nutrisyon sa katawan kapag pinipigilan ka ng mga medikal na kondisyon mula sa normal na pagkain. Sinasakop namin ang mga produkto ng nutrisyon na ipinapasok sa bituka at nutrisyon na ipinapasok sa ibang bahagi ng katawan kapag Kinakailangan sa Paggamot. Ang mga formula ng nutrisyon na ipinapasok sa bituka at mga produkto ng nutrisyon na ipinapasok sa ibang bahagi ng katawan ay maaari ring masakop sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx.

Mga gamot at device na pampigil sa pagbubuntis

Sinasakop namin ang mga gamot at device na pampigil sa pagbubuntis kapag inireseta ng Provider na Nasa Network ng Medi-Cal. Kung tumatanggap ka ng mga gamot o serbisyo na pampigil sa pagbubuntis mula sa isang Provider na Wala sa Network ng Medi-Cal, hihilingin ng provider sa Medi-Cal Rx na bayaran ang iyong mga item. Hindi mo kailangang magbayad para sa sakop na kontrasepsyon. Sakop ng Medi-Cal Rx ang over-the-counter na mga gamot na pampigil sa pagbubuntis.

Mga Pansuring Supply para sa Diyabetiko

Hinihiling ng batas ng estado na sakupin namin ang mga pansuring supply para sa diyabetiko kapag inireseta ng Provider na Nasa Network ng Medi-Cal. Kung nakakakuha ka ng mga pansuring supply para sa diyabetiko sa isang parmasya sa labas ng network ng Kaiser Permanente, hihilingin ng iyong parmasya sa Medi-Cal Rx na bayaran ang mga supply mo.

Iba pang mga inireresetang item ng gamot na sinasakop namin

Sinasakop din namin ang mga item na inirereseta ng mga sumusunod na Provider na Wala sa Network ng Medi-Cal:

- Mga doktor na Wala sa Network, kung pahihintulutan ng The Permanente Medical Group ang nakasulat na referral sa doktor na wala sa network at ang item ay sinasakop bilang bahagi ng referral na iyon



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

- Mga doktor na Wala sa Network, kung ang item ay sinasakop bilang bahagi ng sinasakop na Pangangalagang Pang-emergency o sinasakop na Agarang Pangangalaga
- Binibigyan ka ng pharmacist o emergency room ng ospital na Wala sa Network ng hanggang 72 oras na pang-emergency na supply

Maaari mong alamin pa ang tungkol sa Medi-Cal Rx sa pamamagitan ng pagpunta sa heading na “Medi-Cal Rx” sa seksyong “Iba pang mga programa at serbisyo na hindi sinasakop ng Kaiser Permanente” sa ibang pagkakataon ng Kabanata 4, ng Handbook ng Miyembro na ito.

Limitasyon sa supply sa araw

May limitasyon sa dami ng gamot o iba pang item na maaaring ibigay sa isang pagkakataon.

- ***Mga hormone na pampigil sa pagbubuntis***

Ang nagreresetang doktor ay magpapasiya kung gaano karaming gamot na pampigil sa pagbubuntis o item ang irereseta. Para sa mga layunin ng mga limitasyon sa coverage ng supply kada araw, tinutukoy ng Mga Provider na Nasa Network ng Medi-Cal kung anong supply ang Kinakailangan sa Paggamot para sa iyo para sa 30 araw o 100 araw, o 365 araw. Ang pinakamaraming matatanggap mo sa isang pagkakataon para sa mga hormone na pampigil sa pagbubuntis ay isang 365-araw na supply.

- ***Lahat ng iba pang mga item***

- Tutukuyin ng nagreresetang doktor o dentista kung gaano karaming gamot, supply, o suplemento ang irereseta. Nagpapasiya ang mga doktor na Nasa Network ng Medi-Cal kung anong supply ang Kinakailangan sa Paggamot para sa iyo para sa 30 araw o 100 araw
- Ang pinakamaraming matatanggap mo sa isang pagkakataon para sa sinasakop na item ay alinman sa isang 30-araw na supply sa 30-araw na panahon o isang 100-araw na supply sa 100-araw na panahon. Ang dami ng mga gamot o item na labis sa limitasyon sa supply kada araw ay hindi sinasakop.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

- o Maaaring bawasan ng parmasya ang ibinibigay na supply kada araw sa isang 30-araw na supply sa alinmang 30-araw na panahon kung malalaman ng parmasya na limitado ang supply ng item sa merkado o para sa mga partikular na gamot (masasabi sa iyo ng iyong parmasya na nasa network kung ang isang gamot na ginagamit o iniinom mo ay isa sa mga gamot na ito).

Formulary ng gamot para sa mga inireresetang item na sinasakop ng Kaiser Permanente

Sinasakop namin ang ilang item na Kinakailangan sa Paggamot na nangangailangan ng reseta at ilang item na makukuha nang walang reseta (over the counter, “OTC”). Sinasakop namin ang mga item na ito kapag natatanggap mo ang mga ito bilang bahagi ng sakop na pananatili sa ospital o kung natatanggap mo ang mga ito bilang bahagi ng pagpapatingin para magpaggamot. Sinasakop din namin ang ilang item ayon sa batas ng estado kapag ang mga item na iyon ay ibinibigay mula sa parmasya ng network para sa outpatient. Sinasakop namin ang mga item na inirereseta ng Mga Provider na Nasa Network ng Medi-Cal, na saklaw ng kanilang lisensya at kasanayan, at alinsunod sa aming mga alituntunin ng formulary ng gamot.

Kasama sa aming formulary ng gamot ang listahan ng mga gamot na inaprubahan ng aming Komite ng Parmasya at Paggamot para sa aming mga miyembro. Ang aming Komite ng Parmasya at Paggamot ay isang grupo ng mga doktor at pharmacist na nasa network na sumusuri sa kaligtasan at bisa ng mga gamot. Pinagpapasiyahan ng Komite ng Parmasya at Paggamot kung aling mga gamot ang isasama sa formulary ng gamot ng Kaiser Permanente. Nagpupulong ang Komite ng Parmasya at Paggamot nang hindi bababa sa kada tatlong buwan upang pag-isipan ang mga idaragdag at tatanggalin batay sa bagong impormasyon sa o mga gamot na magiging available.

Upang malaman kung ang gamot ay nasa formulary o upang makakuha ng kopya ng formulary, tumawag sa aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY 711).

Tandaan: Kung nasa listahan ang gamot, hindi ito nangangahulugan na irereseta ito ng iyong doktor para sa isang partikular na medikal na kondisyon.

Listahan ng Gamot na Nakakontrata para sa mga gamot ng outpatient na sinasakop ng Medi-Cal Rx

Maaari mong alamin pa ang tungkol sa Medi-Cal Rx sa pamamagitan ng pagpunta sa heading na “Medi-Cal Rx” sa seksyong “Iba pang mga programa at serbisyo na hindi sinasakop ng Kaiser Permanente” sa ibang pagkakataon ng Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo”, ng Handbook ng Miyembro na ito.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY 711). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Mga Parmasya

Maaari mong papunan ng gamot ang iyong mga reseta sa isang parmasya na nasa network ng Kaiser Permanente, o maaari kang pumunta sa isang parmasya ng Medi-Cal Rx para sa karamihan ng iyong mga reseta mula sa Medi-Cal. Kung ang iyong reseta ay bahagi ng isang paggamot na sinisiyasat pa lang o sakop na mga serbisyo ng hospice, dapat mong papunan ng gamot ang iyong reseta sa isang parmasya na nasa network ng Kaiser Permanente.

- ***Pagkuha ng mga gamot sa isang parmasya ng Kaiser Permanente***

Mahahanap mo ang mga lokasyon para sa aming mga parmasya sa aming website sa **kp.org/finddoctors** (sa Ingles) o tumawag sa aming Mga Serbisyo sa Miyembro at **1-855-839-7613** (TTY **711**) para sa mga lokasyon at oras ng mga parmasya na nasa network sa iyong lugar.

Kapag pumili ka na ng parmasya, dalhin ang iyong reseta sa parmasya. Ibigay sa parmasya ang iyong reseta kasama ang iyong ID card ng Kaiser Permanente. Siguraduhing alam ng parmasya ang lahat ng gamot na iyong iniinom at anumang alerhiya na mayroon ka. Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa iyong reseta, siguraduhing tanungin ang iyong pharmacist.

Kapag kailangan mo ng refill, maaari kang tumawag muna, mag-order sa koreo, o mag-order online. May ilang parmasya na hindi nagbibigay ng mga sinasakop na refill, at hindi lahat ng item ay maaaring ipadala sa koreo sa pamamagitan ng aming serbisyo para sa pag-order sa koreo. Pumunta ka sa iyong parmasya kung mayroon kang tanong sa kung maaaring ipadala sa koreo ang iyong inireresetang gamot o makuha sa isang parmasya na nasa network. Ang mga item na makukuha gamit ang aming serbisyo para mag-order sa koreo ay maaaring magbago sa anumang oras nang walang abiso.

- ***Pagkuha ng mga gamot sa isang parmasya ng Medi-Cal Rx***

Pumunta sa heading na “Medi-Cal Rx” sa seksyong “Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal na hindi sinasakop ng Kaiser Permanente” para sa impormasyon sa paghahanap ng parmasya ng Medi-Cal Rx sa labas ng network ng Kaiser Permanente.

Medicare Part D

Kung sinasakop ka ng Medi-Cal at kwalipikado ka para sa o naka-enroll ka sa Medicare na may Part D coverage, unang nagbabayad ang Medicare Part D. Minsan, ang isang



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

gamot na sinasakop ng Medi-Cal ay maaaring hindi sakupin ng Medicare Part D. Kung hindi sasakupin ng Medicare ang gamot na sakop ng Medi-Cal, maaari pa rin itong masakop sa ilalim ng iyong coverage ng Medi-Cal. Kung ikaw ay miyembro ng Kaiser Permanente Senior Advantage at gusto mong malaman pa ang tungkol sa iyong coverage ng gamot ng Medicare Part D, tingnan ang iyong Katunayan ng Pagsakop ng Senior Advantage. Malalaman mo rin kung paano kumuha ng karagdagang tulong upang bayaran ang mga gastos na mula sa sarili mong bulsa.

Upang malaman pa ang tungkol sa Medicare Part D (kasama ang kung paano mag-enroll sa Part D), pakitawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-800-443-0815** (TTY **711**). Maaari ka ring tumawag nang libre sa Medicare sa **1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)** (TTY **1-877-486-2048**) o bisitahin ang kanilang website sa **www.medicare.gov** (sa Ingles).

Pinalawig na coverage pagkatapos ng panganganak

Sinasakop namin ang buong saklaw ng coverage para sa hanggang 12 buwan pagkatapos ng pagbunbuntis anumang ang pagkamamamayan, status sa imigrasyon, mga pagbabago sa kita, o kung paano matatapos ang pagbubuntis.

Mga serbisyo at kagamitan para sa rehabilitasyon at para pahasayin ang mga kakayahan sa paggana (therapy)

Kasama sa benepisyo na ito ang mga serbisyo at kagamitan par tulong ang mga taong may mga pinsala, kapansanan, o hindi gumagaling na mga kondisyon upang makakuha o maibalik ang mga kakayahan ng isip at katawan

Sinasakop namin ang mga serbisyo para sa rehabilitasyon at para pahasayin ang mga kakayahan sa paggana na inilalarawan sa seksyong ito kung natugunan ang lahat ng sumusunod na kinakailangan:

- Ang mga serbisyo ay kailangan sa paggamot
- Nilalayon ng mga serbisyo na tugunan ang isang kondisyon ng kalusugan
- Ang mga serbisyo ay tutulong sa iyong mapanatili, matutunan, o pahasayin ang mga kakayahan at paggana para sa pang-araw-araw na pamumuhay



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

- Nakukuha mo ang mga serbisyo sa Pasilidad ng Plano, maliban kung ang doktor na Nasa Network ng Medi-Cal ay makitang Kinakailangan sa Paggamot para makuha mo ang mga serbisyo sa ibang lugar o hindi available ang Pasilidad ng Plano para gamutin ang iyong kondisyon sa kalusugan

Sinasakop ng Kaiser Permanente ang mga serbisyo para sa rehabilitasyon/ para pahusayin ang mga kakayahan sa paggana:

Acupuncture

Sinasakop namin ang mga serbisyo ng acupuncture na Kinakailangan sa Paggamot upang iwasan, baguhin o paginhawain ang pagdama ng matindi at patuloy na hindi gumagaling na pananakit na nagreresulta mula sa pangkalahatang kinikilalang medikal na kondisyon. Ang mga serbisyo ng acupuncture para sa outpatient ay hindi nangangailangan ng referral o paunang pag-apruba.

Ang mga serbisyo ng acupuncture para sa outpatient, na may o walang electric stimulation ng mga karayom, ay sinasakop kapag nakuha sa pamamagitan ng aming Mga Provider na Nasa Network ng Medi-Cal o mga provider na nasa network ng American Specialty Health. Para sa higit pang impormasyon sa mga serbisyo ng acupuncture, pakitawagan ang American Specialty Health sa **1-800-678-9133 (TTY 711)**.

Audiology (pandinig)

Sinasakop namin ang kinakailangan sa paggamot ang mga serbisyo ng audiology.

Mga paggamot sa kalusugan ng pag-uugali

Sinasakop namin ang serbisyo ng paggamot sa kalusugan ng pag-uugali (behavioral health treatment, “BHT”) para sa mga miyembro na wala pang 21 taong gulang sa pamamagitan ng benepisyo ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Teenager. Kasama sa BHT ang mga serbisyo at mga programa ng paggamot tulad ng applied na pag-aanalisa ng pag-uugali at mga programang pang-interbensyon sa pag-uugali na batay sa katibayan, na nagbubuo o nagpapanumbalik, sa pinakamalawak na praktikal na magagawa sa paggana ng isang miyembro na wala pang 21 taong gulang.

Ang mga serbisyong BHT ay nagtuturo ng mga kakayahan gamit ang pag-oobserba sa pag-uugali at pagpapatibay ng magagandang pag-uugali o sa pamamagitan ng pag-udyok upang maituro ang bawat hakbang ng isang inaasahang makamit na pag-uugali. Ang mga serbisyo ng BHT ay batay sa maaasahang ebidensiya. Ang mga ito ay hindi eksperimento. Kasama sa mga halimbawa ng mga serbisyong BHT ang mga



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

pamamagitan sa pag-uugali, mga package ng pamamagitan sa pag-uugali gamit ang ukol sa pag-iisip na pamamaraan, komprehensibong paggamot, sa pag-uugali at applied na pag-aanalisa ng pag-uugali.

Ang mga serbisyong BHT ay dapat Kinakailangan sa Paggamot, inirereseta ng isang lisensyadong doktor o psychologist, aprubado namin, at ibinibigay sa paraan na sumusunod sa aprubadong plano ng paggamot.

Ang plano sa paggamot ng kalusugan ng pag-uugali ay dapat natutugunan ang mga sumusunod na pamantayan:

- Kailangang binuo ng isang Provider na Nasa Network ng Medi-Cal na kwalipikadong provider ng BHT at maaaring ibigay ng isang kwalipikadong provider ng BHT, kwalipikadong propesyonal para sa serbisyo ng BHT, o kwalipikadong paraprofessional para sa serbisyong BHT
- May nasusukat na mga pang-indibidwal na layunin sa loob ng isang partikular na haba ng panahon na binuo at inaprubahan ng kwalipikadong provider ng serbisyong pang-autism para sa Miyembrong ginagamot
- Sinusuri ng kwalipikadong provider ng serbisyong pang-autism nang hindi bababa sa isang beses bawat anim na buwan at binabago kapag naaangkop
- Tinitiyak na ang mga pamamagitan ay naaayon sa mga BHT na pamamaraang batay sa katibayan
- May koordinasyon ng pangangalaga na kinabibilangan ng mga magulang o (mga) caregiver, paaralan, mga programa ng estado para sa kapansanan, at iba pang naaayon sa naaangkop
- Kasama ang pagsasanay, suporta, at paglahok ng magulang/caregiver
- Inilalarawan ang mga kahinaan sa kalusugan ng pag-uugali ng Miyembro na dapat gamutin at ang mga pamantayan para sa pag-assess ng pagsukat ng mga kalalabasan na ginagamit upang masukat ang pagkamit ng mga layunin sa pag-uugali
- Kinabibilangan ng uri ng serbisyo, bilang ng mga oras, at paglahok ng magulang na kailangan upang makamit ang hangarin at mga layunin ng plan, at ang dalas ng pagsusuri at pag-uulat sa progreso ng Miyembro
- Gumagamit ng mga pamamaraang batay sa ebidensiya, nang may naipapakitang klinikal na bisa sa paggamot ng pervasive developmental disorder o autism



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Hindi kasama sa coverage ng Medi-Cal ang:

- Mga serbisyong BHT na ibinibigay nang walang patuloy na klinikal na benepisyong inaasahan
- Mga serbisyo na ang pangunahing layunin ay para sa pamamahinga ng tagapag-alaga, pang-araw na pangangalaga o edukasyon
- Pagsasauli ng gastos para sa pakikilahok ng magulang sa isang programa sa paggamot
- Paggamot kapag ang layunin nito ay pang-bokasyonal o panlibangan
- Pangangalaga para tumulong sa pang-araw-araw na aktibidad na pangunahing ibinibigay (i) upang tumulong sa mga gawain sa araw-araw na pamumuhay (tulad ng pagligo, pagbibihis, pagkain, at pagpapanatili ng kalinisan ng katawan), (ii) upang panatilihin ang kaligtasan ng Miyembro o ng iba, at (iii) maaaring ibigay ng mga tao na walang mga propesyonal na kakayahan o pagsasanay
- Mga serbisyo, supply o pamamaraang isinasagawa sa isang di-karaniwang setting kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga resort, spa at camp
- Mga serbisyong ibinibigay ng isang magulang, legal na tagapag-alaga, o taong may legal na pananagutan

Kung mayroon kang anumang tumawag sa Mga Serbisyo ng Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY 711).

Rehabilitasyon ng puso

Sinasakop namin ang mga serbisyo ng rehabilitasyon ng puso para sa inpatient at outpatient na Kinakailangan sa Paggamot.

Matibay na kagamitang medikal (“DME”)

Kabilang sa matibay na kagamitang pangmedikal (“DME”) ang mga item na nakakatugon sa mga sumusunod na pamantayan:

- Ang item ay inilalaan para sa paulit-ulit na paggamit
- Ang item ay pangunahin at karaniwang ginagamit para sa medikal na layunin
- Ang item ay karaniwang kapaki-pakinabang lang sa taong may karamdaman o pinsala
- Ang item ay naaangkop na gamitin para sa bahay



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY 711). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

- Ang item ay kinakailangan upang matulungan ka sa mga aktibidad sa pang-araw-araw na pamumuhay (activities of daily living, “ADLs”)

Ang matibay na kagamitang medikal ay nangangailangan ng paunang pag-apruba. Sinasakop namin ang pagbili o pag-upa ng mga medikal na supply, kagamitan, at iba pang mga serbisyo na may reseta mula sa isang lisensyadong provider kung ang item ay Kinakailangan sa Paggamot at naaprubahan na para sa iyo. Ang coverage ay limitado sa pinakamurang item na sapat na nakakatugon sa iyong mga medikal na pangangailangan. Kami ang pipili ng vendor. Dapat mong ibalik ang kagamitan sa amin o bayaran kami sa halagang karaniwang sinisingil para sa kagamitan kapag hindi na namin sinasakop ang mga ito.

Sa pangkalahatan, hindi namin sinasakop ang:

- Kagamitan o mga feature na para sa kaginhawaan, kombinyente o karangyaan maliban sa mga pang-retail na breast pump gaya ng inilalarawan sa unang bahagi sa kabanatang ito sa “Mga breast pump at mga supply” sa heading na “Pangangalaga sa ina at bagong panganak na sanggol”
- Ang mga item na hindi para sa pagpapanatili ng mga normal na aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay, tulad ng kagamitan sa pag-eehersisyo (kasama ang mga device na para magbigay ng karagdagang suporta para sa mga aktibidad sa paglilibang o sports)
- Kagamitan para sa kalinisan, maliban kapag Kinakailangan sa Paggamot para sa Miyembro na wala pang edad na 21
- Hindi pangmedikal na mga item tulad ng mga sauna bath o elevator
- Mga pagbabago sa iyong tahanan o kotse, maliban sa mga lift sa hagdan na hindi nangangailangan ng mga permanenteng pagbabago sa inyong tahanan. Para sa impormasyon sa mga pagbabago na maaaring masakop sa ilalim ng Mga Suporta sa Komunidad, pumunta sa heading na iyon sa ibang pagkakataon sa kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo”, ng Handbook ng Miyembro na ito. Mga device para sa pagsusuri ng dugo o iba pang bagay sa katawan maliban sa mga pansuring supply para sa diyabetiko. Sinasakop ang mga blood glucose monitor kasama ang patuloy na mga glucose monitor, test strip, at mga lancet para sa diyabetis. Tingnan ang seksyong “Mga pansuring supply para sa diyabetiko” sa unang bahagi ng kabanatang ito para sa higit pang impormasyon.
- Mga de-kuryenteng monitor ng puso o baga maliban sa mga monitor para sa apnea sa sanggol



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

- Pag-aayos o pagpapalit ng kagamitan dahil nawala, ninakaw, o ginamit nang mali, maliban kapag Kinakailangan sa Paggamot para sa miyembro na wala pang edad na 21
- Iba pang mga item na karaniwang hindi ginagamit para sa pangangalagang pangkalusugan

Coverage para sa hearing aid sa mga County na may Whole Child Model

Ang Whole Child Model Program ay programa ng Medi-Cal sa mga sumusunod na county: Mga County ng Marin, Mariposa, Napa, Orange, Placer, San Mateo, Santa Cruz, Solano, Sonoma, Sutter, Yolo, at Yuba. Sa mga county na ito, sinasakop namin ang mga hearing aid para sa lahat ng Miyembro kung:

- Masusuri kang humina o nawalan ng pandinig
- Ang mga hearing aid ay Kinakailangan sa Paggamot
- Nakatanggap ka ng reseta mula sa iyong doktor

Ang coverage ay limitado sa pinakamurang hearing aid na tumutugon sa iyong mga medikal na pangangailangan. Kami ang pipili kung sino ang magbibigay ng hearing aid. Sasakupin namin ang isang hearing aid maliban na lang kung kinakailangan ang isang hearing aid para sa bawat tainga para sa mga magandang resulta kaysa sa maaaring makuha mo sa isang hearing aid.

Ilalim ng Medi-Cal, sinasakop namin ang mga sumusunod para sa bawat sakop na hearing aid:

- Mga mold ng tainga para isukat
- Isang karaniwang ng pack ng baterya
- Mga pagpapatingin para matiyak na gumagana nang tama ang hearing aid
- Mga pagpapatingin para sa paglilinis at pagsusukat ng iyong hearing aid
- Pag-aayos ng iyong hearing aid
- Mga accessory at paupahan ng hearing aid

Sa ilalim Medi-Cal, sinasakop namin ang pamalit na hearing aid kung:

- Ang iyong pagkawala ng pandinig ay masyadong malubha at hindi ito maaayos ng kasalukuyan mong hearing aid



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

- Ang iyong hearing aid ay nawala, ninakaw, o nasira (at hindi na maaayos), at hindi mo ito kasalanan. Dapat mo kaming bigyan ng tala na nagsasabi sa amin kung paano ito nangyari
- Para sa mga nasa hustong gulang na may edad 21 at mas matanda, hindi sinasakop **ng** Medi-Cal ang:
 - Mga kapalit na baterya ng hearing aid

Coverage sa hearing aid sa mga County na may California Children's Services

- ***Mga hearing aid para sa mga Miyembro na wala pang edad na 21***

Hinihiling ng batas ng estado na ang mga batang kailangan ng mga hearing aid ay ire-refer sa programang California Children's Services ("CCS") upang malaman kung kwalipikado ang bata para sa CCS. Kung kwalipikado ang bata para sa CCS, sasakupin ng CCS ang mga gastos para sa mga hearing aid na Kinakailangan sa Paggamot. Kung hindi kwalipikado ang bata para sa CCS, sasakupin namin ang mga hearing aid na Kinakailangan sa Paggamot bilang bahagi ng coverage ng Medi-Cal.

- ***Mga hearing aid para sa mga Miyembro na may edad na 21 at mas matanda***

Sa ilalim ng Medi-Cal, sinasakop namin ang mga sumusunod para sa bawat sakop na hearing aid:

- Mga mold ng tainga para isukat
- Isang karaniwang package ng baterya
- Mga pagpapatingin para matiyak na gumagana nang tama ang aid
- Mga pagpapatingin para sa paglilinis at pagsusukat ng iyong hearing aid
- Pag-aayos ng iyong hearing aid.

Sa ilalim ng Medi-Cal, sasakupin namin ang pamalit na hearing aid kung:

- Ang iyong pagkawala ng pandinig ay masyadong malubha at hindi ito maaayos ng kasalukuyan mong hearing aid



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

- Ang iyong hearing aid ay nawala, ninakaw, o nasira (at hindi na maaayos), at hindi mo ito kasalanan. Dapat mo kaming bigyan ng tala na nagsasabi sa amin kung paano ito nangyari

Para sa mga nasa hustong gulang na may edad 21 at mas matanda, hindi kasama sa coverage ng Medi-Cal ang:

- Mga kapalit na baterya ng hearing aid

Mga serbisyo sa kalusugan sa tahanan

Sinasakop namin ang mga serbisyo sa kalusugan na Kinakailangan sa Paggamot na ibinibigay sa iyong tahanan inirereseta ng iyong kwalipikadong Provider na Nasa Network ng Medi-Cal kung tama ang lahat ng sumusunod:

- Ikaw ay nasa bahay lang (nasa tahanan mo lang sa karamihan ng pagkakataon o nasa tahanan ng isang kaibigan o miyembro ng pamilya)
- Dala ng iyong kondisyon, kinakailangan ang mga serbisyo ng isang nurse, physical therapist, occupational therapist, o speech therapist
- Nalaman ng isang doktor na nasa network na posibleng subaybayan at kontrolin ang pangangalaga sa iyo sa tahanan mo
- Nalaman ng isang doktor na nasa network na ang mga serbisyo ay maaaring ibigay sa isang ligtas at mabisang paraan sa iyong tahanan
- Natatanggap mo ang mga serbisyo mula sa Mga Provider na Nasa Network ng Medi-Cal

Ang mga serbisyo sa kalusugan sa tahanan ay limitado sa mga serbisyo na sinasaakop ng Medi-Cal, kasama ang:

- Pang-part time na skilled nursing care
- Pang-part time na tagatulong para sa pantahanang pangangalaga ng kalusugan
- Skilled physical, occupational, at speech therapy
- Mga medikal na serbisyong panlipunan
- Mga medikal na supply



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Mga medikal na supply, kagamitan, at mga appliance

Sinasakop namin ang cover medikal na kagamitan, mga appliance, at mga supply na Kinakailangan sa Paggamot na inireseta ng isang Provider na Nasa Network ng Medi-Cal, kabilang ang mga naka-implant na hearing device. Ang ilang medikal na supply ay sakop sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx, bahagi ng Fee-for-Service (“FFS”) Medi-Cal Rx, at hindinamin

Maaari kang humingi sa iyong parmasya ng higit pang impormasyon tungkol sa kung anong mga supply ang sinasakop ng Medi-Cal Rx. Para malaman pa ang tungkol sa Medi-Cal Rx, tingnan ang Medi-Cal Rx na heading na “Iba pang mga benepisyo at programa na hindi sinasakop ng Kaiser Permanente” sa ibang pagkakataon sa Kabanata 4, ng Handbook ng Miyembro na ito. Tandaan: Ang mga supply ng hindi mapigilang pag-ihing o pagdumi ay sinasakop lang gaya ng tinukoy sa DHCS Provider Manual.

Hindi sinasakop **ng** Medi-Cal:

- Mga karaniwang gamit sa sambahayan kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
 - May dikit na tape (lahat ng uri)
 - Rubbing alcohol
 - Kosmetiko
 - Mga bola ng bulak at swab
 - Mga Q-tip, mga dusting powder
 - Tissue wipes
 - Witch hazel

- Mga karaniwang gamit sa sambahayan kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
 - White petrolatum
 - Mga oil at lotion para sa nanunuyong balat
 - Talc at mga produktong kombinasyon ng talc
 - Mga oxidizing agent tulad ng hydrogen peroxide
 - Carbamide peroxide at sodium perborate
 - Mga hindi iniresetang shampoo



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Mga ipinapahid na gamot na may benzoic at salicylic acid ointment, salicylic acid cream, ointment o likido, at zinc oxide na paste

Iba pang mga item na hindi karaniwang pangunahing ginagamit para sa pangangalagang pangkalusugan, at na regular at pangunahing ginagamit ng mga tao na walang partikular na medikal na pangangailangan para sa mga ito

Therapy para maibalik ang dating paggana ng katawan

Sinasakop nami ang mga serbisyo ng occupational therapy na Kinakailangan sa Paggamot, kabilang ang pagsusuri ng occupational therapy, pagpapalano ng paggamot, paggamot, mga serbisyo sa pagtuturo at pagpapayo.

Mga artipisyal na gamit/artipisyal na bahagi ng katawan

Sinasakop namin artipisyal na bahagi ng katawan at mga artipisyal na gamit kung natutugunan ang lahat ng sumusunod na kondisyon:

- Ang item ay Kinakailangan sa Paggamot upang maibalik ang paggana ng bahagi ng katawan (para sa artipisyal na bahagi ng katawan lang)
- Inireseta sa iyo ang item na ito
- Ang item ay Kinakailangan sa Paggamot upang suportahan ang bahagi ng katawan (para sa artipisyal na gamit lang)
- Ang item ay Kinakailangan sa Paggamot upang magawa mo ang mga aktibidad sa pang-araw-araw na pamumuhay
- Ang item ay makabuluhan para sa iyong pangkalahatang medikal na kondisyon

Dapat aprubahan nang maaga ang mga item para sa iyo. Kasama rito ang mga ipinapasok na mga device para sa pandinig, mga artipisyal na suso/mga bra matapos maoperahan sa suso, mga isinusuot para magbigay ng presyon para sa pagpapagaling ng sunog, at mga artipisyal na bahagi ng katawan upang ibalik ang paggana o palitan ang bahagi ng katawan, o upang suportahan ang humina o nasirang hugis ng bahagi ng katawan. Ang coverage ay limitado sa pinakamurang item ng kagamitan na sapat na nakakatugon sa iyong mga medikal na pangangailangan. Kami ang pipili ng vendor.

Mga supply para sa ostomy at may kaugnayan sa pag-ih

Ang mga supply para sa ostomy at ukol sa pag-ih ay dapat maagang naaprubahan para sa iyo. Sinasakop namin ang mga ostomy bag, mga catheter para sa ihi, mga bag para sa pangongolekta ng ihi, mga supply at pandikit para sa paghuhugas. Hindi kasama rito ang mga supply na para sa kaginhawaan o kumbinyete, o marangyang kagamitan o mga feature.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Physical therapy

Sinasakop namin ang mga serbisyo ng physical therapy na Kinakailangan sa Paggamot, kabilang ang pagsusuri ng physical therapy, pagpapalano ng paggamot, paggamot, pagtuturo, mga serbisyo sa pagpapayo, at paglalagay ng mga gamot na ipinapahid..

Rehabilitasyon ng baga

Sinasakop namin ang rehabilitasyon ng baga na Kinakailangan sa Paggamot at inireseta ng Provider na Nasa Network ng Medi-Cal.

Mga serbisyo ng skilled nursing facility

Sinasakop namin ang mga serbisyo ng skilled nursing facility na Kinakailangan sa Paggamot kung ikaw ay may kapansanan at kailangan ng mataas na antas ng pangangalaga. Kasama sa mga serbisyong ito ang silid at pagtuloy sa isang lisensyadong pasilidad na may kasanayang pangangalaga sa isang 24 na oras bawat araw.

Therapy sa pagsasalita

Sinasakop namin ang therapy sa pagsasalita na Kinakailangan sa Paggamot.

Mga serbisyo para sa transgender

Sinasakop namin ang mga serbisyo para sa transgender (mga serbisyong kumikilala sa kasarian) kapag kailangan ang mga ito sa paggamot o kapag natutugunan ng mga serbisyo ang mga pamantayan para sa pag-oopera upang ibalik ang dating hitsura o paggana.

Mga klinikal na pagsubok

Sinasakop namin ang mga serbisyo ng Karaniwang Pangangalagang natatanggap mo na may kaugnayan sa klinikal na pagsubok kung na natutugunan ang lahat ng sumusunod:

- Sasakupin namin ang mga serbisyo kung hindi nauugnay ang mga ito sa isang klinikal na pagsubok
- Kwalipikado kang makilahok sa klinikal na pagsubok alinsunod sa protokol ng pagsubok kaugnay ng paggamot sa kanser o iba pang nakakamatay na kondisyon (isang kondisyong may posibilidad na humantong sa kamatayan maliban na lang kung naantala ang haba ng kondisyon), gaya ng tinutukoy sa isa sa mga sumusunod na paraan:



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

- Ginawa ng isang Provider na Nasa Network ng Kaiser Permanente Medi-Cal ang pagtukoy na ito
- Bibigyan mo kami ng medikal at siyentipikong impormasyon na susuporta sa pagtukoy na ito
- Kung lalahok ang sinumang Provider na Nasa Network ng Kaiser Permanente ng Medi-Cal sa klinikal na pagsubok at tatanggapin ka bilang kalahok sa klinikal na pagsubok, kailangan mong lumahok sa klinikal na pagsubok sa pamamagitan ng isang Provider na Nasa Network ng Kaiser Permanente Medi-Cal, maliban na lang kung ang klinikal na pagsubok ay nasa labas ng estado kung saan ka nakatira
- Ang klinikal na pagsubok ay isang Inaprubahang Klinikal na Pagsubok

Ang “Inaprubahang Klinikal na Pagsubok” ay nangangahulugan sa yugto I, yugto II, yugto III, o yugto IV na klinikal na pagsubok na may kaugnayan sa pag-iwas, pagtuklas o paggamot ng kondisyong nakamamatay. Dapat matugunan ng klinikal na pagsubok ang isa sa mga sumusunod na kinakailangan:

- Ang pag-aaral o pagsisiyasat ay isinasagawa sa ilalim ng paggamit ng sinisiyasat pa lang na bagong gamot na sinuri ng Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot ng Estados Unidos
- Ang pag-aaral o pagsisiyasat ay isang pagsubok sa gamot na hindi isinasama sa paggamit ng sinisiyasat pa lang na bagong gamot
- Ang pag-aaral o pagsisiyasat ay inaprubahan o pinondohan ng kahit isa sa mga sumusunod:
 - The National Institutes of Health
 - Ang Centers for Disease Control and Prevention
 - Ang Agency for Health Care Research and Quality
 - Ang Centers for Medicare & Medicaid Services
 - Isang kooperatibang grupo o center ng alinman sa mga entity na binanggit sa itaas o ng Kagawaran ng Depensa o ng Kagawaran ng Mga Kaugnayan tungkol sa mga Beterano
 - Isang kuwalipikadong entity ng pananaliksik na hindi pinangangasiwaan ng pamahalaan na tinukoy sa mga alituntuning ibinigay ng Pambansang Mga Institusyong Pangkalusugan para sa mga tulong na salapi sa center bilang suporta



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY 711). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

- Ang Kagawaran ng mga Kaugnayan ng mga Beterano o ang Kagawaran ng Tanggulan o ang Kagawaran ng Enerhiya, pero kung ang pag-aaral o imbestigasyon ay nasuri at inaprubahan sa pamamagitan ng sistema ng peer review na tinukoy ng U.S. Secretary of Health and Human Services bilang nakakatugon sa lahat ng sumusunod na kinakailangan:
 - (1) Nakukumpara sa National Institutes of Health system ng pagsusuri ng peer rmg mga pag-aaral at imbestigasyon at
 - (2) tinitiyak nito ang walang kinikilang pagsusuri ng pinakamataas na mga scientific standard ng mga kwalipikadong tao na walang interes sa kinahinatnan ng pagsusuri

Hindi namin sinasakop ang mga serbisyong ibinibigay para lang sa pagkolekta at pag-analisa ng mga datos.

Kung ang serbisyong may kaugnayan sa klinikal na pagsubok ay kinabibilangan ng inireresetang gamot, supply, o suplemento para sa outpatient na masasakop ng Medi-Cal Rx, hindi namin ito sasakupin. Kakailanganin mo o ng iyong provider na humiling ng coverage para sa iniresetang item mula sa Medi-Cal Rx.

Mga serbisyo ng laboratoryo at radiology

Sinasakop namin mga serbisyo ng laboratoryo at X-ray para sa outpatient at inpatient kapag kinakailangan sa paggamot. Ang advanced na pamamaraan sa pagkuha ng larawan tulad ng mga CT scan, MRI, at mga PET scan, ay sinasakop batay sa medikal na pangangailangan

Mga serbisyong pang-iwas sa sakit at para maging mabuti ang kalusugan at pamamahala ng hindi gumagaling na sakit

Mga serbisyong pang-iwas sa sakit

Sinasakop namin ang mga sumusunod na serbisyo na pang-iwas sa sakit:

- Mga inirerekomendang bakuna ng Komite na Nagpapayo sa mga Kasanayan sa Pagbabakuna (Advisory Committee for Immunization Practices, “ACIP”)
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

- Mga rekomendasyon ng American Academy of Pediatrics Bright Futures (https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf [sa Ingles])
- Screening para sa mga hindi magandang karanasan sa pagkabata (Adverse childhood experiences, “ACE”)
- Mga serbisyo sa pag-iwas sa hika
- Mga serbisyong pang-iwas sa sakit para sa mga babae na inirerekomenda ng American College of Obstetrics and Gynecologists
- Tulong para tumigil sa paninigarilyo, tinatawag ding mga serbsiyo sa pagtigil sa paninigarilyo
- Mga inirerekomendang serbisyo na pang-iwas sa sakit ng Task Force A at B ng Mga Serbisyong Pang-iwas sa Sakit ng Estados Unidos

Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya

Ang mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya ay ibinibigay sa mga miyembro na nasa edad na maaari ng mag-anak para payagan silang piliin ang bilang at pagitan ng mga bata. Kabilang sa mga serbisyong ito ang lahat ng paraan sa pagpigil sa pagbubuntis na aprubado ng Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot (Food and Drug Administration, “FDA”). Ang PCP at mga espesyalistang OB/GYN ng Kaiser Permanente ay available para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya.

Para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, maaari ka ring pumili ng doktor o klinika ng Medi-Cal na wala sa netork ng Kaiser Permanente nang hindi kinakailangang kumuha ng referral o paunang pag-apruba (paunang pahitulot) mula sa amin. Babayaran namin ang doktor o klinika na iyon para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya na iyong makukuha. Kung nakakakuha ng mga serbisyo na walang kaugnayan sa pagpapalano ng pamilya mula sa Provider na Wala sa Network ng Medi-Cal, ang mga serbisyong iyon ay maaaring hindi masakop. Para alamin pa, tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY 711).

Pamamahala ng hindi gumagaling na sakit

Sinasakop din namin ang mga programa sa pamamahala ng mga hindi na gumagaling na sakit na nakatuon sa mga sumusunod na kondisyon:

- Diyabetis
- Sakit na hinggil sa puso at ugat



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY 711). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

- Hika
- Depresyon

Para sa impormasyon sa pangangalaga sa pag-iwas para sa mga miyembro ng wala pang edad na 21, basahin ang Kabanata 5, “Pangangalaga ng Walang Sakit na Bata at Kabataan”, ng Handbook ng Miyembro na ito.

Reconstructive na Operasyon

Sinasakop namin ang:

- Pag-oopera kapag may problema sa bahagi ng iyong katawan. Ang problemang ito ay maaaring dulot ng isang depekto sa pagkapanganak, abnormalidad sa paglaki, trauma, impeksiyon, mga bukol, sakit, o sugat/pinsala. Sinasakop din namin ang pag-oopera kapag ang paggamot ng sakit ay nagreresulta sa kawalan ng istruktura ng katawan, tulad ng mastectomy (pag-alis ng suso ng babae). Sinasakop namin ang pag-oopera upang itama o ayusin ang hindi normal na mga istruktura ng katawan upang gumawa ng normal na hitsura sa lawak na maaari.
- Pagkatapos ng pagtanggap ng lahat o bahagi ng suso na Kinakailangan sa Paggamot, sinasakop namin ang pag-oopera upang ibalik ang dating hitsura ng suso at ang pag-oopera upang ibalik ang dating hitsura ng kabilang suso para sa mas magkatulad na hitsura. Sinasakop namin ang mga serbisyo para sa pamamaga pagkatapos tanggalin ang mga lymph node.

Hindi namin sinasakop ang pag-oopera na nagreresulta lamang sa kaunting pagbabago sa iyong hitsura.

Mga serbisyo para sa screening ng sakit mula sa pang-aabuso sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak

Sinasakop namin ang Screening para sa Alak at Gamot, Pag-assess, Mga Maikling Pamamagitan, at Referral sa Paggamot (Screening, Assessment, Brief Interventions and Referrals to Treatment, “SABIRT”). Hindi namin sinasakop ang mga serbisyo sa paggamot ng sakit mula sa pang-aabuso sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak.

Para sa coverage ng paggamot sa county, basahin ang “Mga serbisyo sa paggamot ng sakit mula sa pang-aabuso sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak” sa ibang pagkakataon sa kabanata na ito.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY 711). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Mga benepisyo sa paningin

Mga karaniwang eksaminasyon ng mata

Sinasakop namin ang karaniwang eksaminasyon ng mata isang beses kada 24 na buwan; ang mas madalas na mga eksaminasyon ng mata ay sakop kung kinakailangan sa paggamot para sa miyembro, tulad ng para sa mga Miyembro na may diyabetis.

Mga salamin sa mata

Sinasakop namin ang mga sumusunod:

- ***Kumpletong salamin sa mata (frame at mga lens)***

Sinasakop namin ang isang kumpletong pares ng salamin sa mata kada 24 na buwan kapag mayroon kang valid na reseta nang hindi bababa sa 0.75 diopter.

- ***Mga lens ng salamin sa mata***

Mag-oorder kami ng bago o kapalit na salamin sa mata para sa iyo mula sa vendor ng DHCS para sa lens ng salamin sa mata. Kung hindi ka mabibigyan ng vendor ng DHCS ng mga lens na kailangan mo, ipapagawa namin ang iyong mga lens sa ibang laboratoryo ng mga salamin sa mata. Hindi mo kakailanganing magbayad ng karagdagan kung kailangan naming gumawa ng mga pagsasaayos dahil hindi magagawa ng vendor ng DHCS ang iyong mga lens sa salamin sa mata.

Kung gusto mo ng mga lens ng salamin o mga feature na hindi sinasakop ng Medi-Cal, maaaring kailangan mong magbayad ng karagdagan para sa mga upgrade na iyon.

- ***Mga Frame ng Salamin sa Mata***

Sinasakop namin ang bago o kapalit na mga frame na nagkakahalaga ng \$80 o mas mababa. Kung pipili ka ng mga frame na nagkakahalaga ng higit sa \$80, kailangang bayaran mo ang diperensiya sa pagitan ng halaga ng mga frame at \$80.

- ***Mga kapalit na salamin sa mata sa loob ng 24 na oras***

Sinasakop namin ang kapalit na mga salamin sa mata kung may nagbago sa iyong reseta na hindi bababa sa 0.50 diopter o kung nawala, ninakaw, o nasira



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

(at hindi na maaayos) ang iyong salamin sa mata, at hindi mo ito kasalanan. Dapat mo kaming bigyan ng isang tala na nagsasabi kung paano nawala, ninakaw, o nasira ang iyong salamin sa mata. Magiging kaparehong istilo ng iyong lumang mga frame ang kapalit na mga frame (hanggang \$80) kung wala pang 24 na buwan ang lumipas mula nang nakuha mo ang iyong salamin sa mata

Mga device para sa mahina ang paningin

Sinasakop namin ang mga device para sa mahina ang paningin sa ilalim ng Medi-Cal kapag natugunan ang sumusunod na kondisyon:

- Ang pinakamainam na naiwawastong visual acuity ay 20/60 o mas malala sa mas mainam na mata, o may field restriction ng alinmang mata sa 10 degrees o mas mababa mula sa fixation point.
- Hindi maitatama ang kondisyon ng mga karaniwang salamin sa mata, mga contact lens, gamot, o pag-ooopera
- Humahadlang ang kondisyon sa kakayahang isagawa ang mga araw-araw na aktibidad ng isang tao, gaya ng kaso ng macular degeneration.
- Ang pisikal at pangkaisipang kondisyon ng tatanggap ng serbisyo may makatwirang inaasahan na gagamitin ang tulong upang mapaganda ang paggana ng tatanggap ng serbisyo araw-araw.

Ang coverage ay limitado sa pinakamurang halaga na device na tumutugon sa pangangailangan ng Miyembro. Hindi kasama sa coverage ng Medi-Cal ang mga device para sa elektronikong pag-magnify at mga device na hindi isinasama ang lens para gamitin sa mata.

Kinakailangan sa Paggamot na Mga Contact Lens

Kung mayroon kang medikal na kondisyon kung saan magpapasiya ang doktor o optometrist na nasa network na Kinakailangan sa Paggamot sa iyo na magsuot ng mga contact lens, sasakupin namin ang mga contact lens. Kabilang sa mga medikal na kondisyon na kwalipikado para sa mga espesyal na contact lens ang ngunit hindi limitado sa, aniridia, aphakia, keratoconus

Papalitan namin ang iyong contact lens na Kinakailangan sa Paggamot kung nawala o ninakaw ang iyong contact lens. Dapat mo kaming bigyan ng tala na nagsasabi kung paano nawala o ninakaw ang iyong contact lens.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Mga benepisyo ng transportasyon para sa mga sitwasyon na hindi mga emergency

Para sa impormasyon sa mga serbisyo ng pang-emergency na transportasyon, tingnan ang heading na “Mga serbisyon pang-emergency” sa unang bahagi ng Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo”, ng Handbook ng Miyembro na ito.

Pangmedikal na Transportasyon para sa mga sitwasyon na hindi mga emergency

Maaari kang makakuha ng pangmedikal na transportasyon sa mga sitwasyon na hindi emergency kung mayroon kang mga medikal na pangangailangan na hindi ka pinapayagang gumagamit ng kotse, bus, tren, o taxi upang makapunta sa iyong mga appointment sa Medi-Cal. Maaari kang makakuha ng Medikal na Transportasyon para sa Mga Sakop na Serbisyo at mga appointment sa parmasya na sinasakop ng Medi-Cal. Maaari kang humiling ng Medikal na Transportasyon sa pamamagitan ng pagtatanong sa iyong Provider na Nasa Network ng Medi-Cal, dentista, o provider para sa sakit mula sa pang-aabuso sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak. Pagpapasyahan ng iyong provider ang tamang uri ng transportasyong na natutugunan ang iyong mga pangangailangan.

Ang pangmedikal na transportasyon ay transportasyon sa ambulansiya, litter van, wheelchair van o transportasyong panghimpapawid.

Dapat gamitin ang Pangmedikal na Transportasyon kapag:

- Hindi ka makakagamit ng bus, taxi, kotse o van dahil sa problemang pisikal o dahil sa sakit upang makapunta sa iyong appointment
- Kailangan mo ng tulong mula sa tagapagmaneho patungo sa at mula sa iyong tinitirhan, sasakyan, o lugar ng paggamot dahil sa isang pisikal o pangkaisipang kapansanan
- Hiniling ito ng isang doktor na nasa network at maagang pinahintulutan

Kung magpapasiya ang iyong doktor na kailangan mo ng Medikal na Transportasyon, irereseta niya ito sa iyo. Tatawagan ka namin para ipaiskedyul ang iyong Medikal na Transportasyon.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Mga Limitasyon ng Pangmedikal na Transportasyon

Para sa hindi emergency, sinasakop namin ang pangmedikal na transportasyon na may pinakamababang halaga ng medikal na transportasyon para sa iyong mga pangangailangang medikal sa pinakamalapit na provider kung saan mayroong appointment. Ang ibig sabihin, halimbawa, kung ikaw ay pisikal o medikal na maisasakay sa isang wheelchair van, hindi kami magbabayad para sa isang ambulansiya. Sinasakop ka para sa sasakyang panghimpapawid lang kung ang iyong medikal na kondisyon ay hindi magagawa ng anumang paraan ng transportasyon na panlupa. Hindi ka makakakuha ng medikal na transportasyon kung hindi sinasakop ng Medi-Cal ang serbisyo na natatanggap mo, o hindi ito appointment sa parmasya na sinasakop ng Medi-Cal.

Kung sinasakop ng Medi-Cal ang uri ng appointment pero hindi sa pamamagitan ng aming planong pangkalusugan, hindi namin sasakupin ang Medikal na Transportasyon. Gayunpaman, matutulungan ka naming mag-iskedyul ng transportasyong kailangan mo. Kung kailangan mo ng Medikal na Transportasyon sa labas ng iyong Pinaglilingkurang Lugar ng Tinitirhang Rehiyon o upang pumunta sa isang Providerna Wala sa Network, sasakupin lang namin ang Medikal na Transportasyon kung pinahintulutan namin ito para sa iyo.

Magkano ang Babayaran ng Miyembro para sa Medikal na Transportasyon

Wala kang babayaran kapag kami ang nag-ayos ng Medikal na Transportasyon.

Hindi Pangmedikal na Transportasyon

Kasama sa iyong mga benepisyo sa Medi-Cal ang pagkuha ng masasakyan sa iyong mga appointment o sa parmasya para sa Mga Sakop na Serbisyo ng Medi-Cal kapag wala kang access sa transportasyon. Makakakuha ka ng masasakyan, nang libre, kapag sinubukan mo ang lahat ng iba pang paraan para makakuha ng transportasyon at ay:

- Nagbibiyahe patungo sa at mula sa isang appointment para sa isang sakop na serbisyo ng Medi-Cal
- Kumukuha ng mga gamot at medikal na supply
- Sa loob ng iyong Pinaglilingkurang Lugar ng Tinitirhang Rehiyon
 - Sa labas ng iyong Pinaglilingkurang Lugar ng Tinitirhang Rehiyon, sinasaskop lang ang NMT kapag maagang inaprubahag namin, maliban kung Agarang Pangangalaga ito



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Kung mayroon kang pangmedikal na emergency, i-dial ang 911 o pumunta sa pinakamalapit na ospital. Hindi mo kailangan ng maagang pag-apruba mula sa amin para sa pang-emergency na transportasyon o Pangangalagang Pang-emergency. Para sa impormasyon sa mga serbisyo ng pang-emergency na transportasyon, pumunta sa heading na “Pangangalagang Pang-emergency” sa Kabanata 3, “Paano makakuha ng pangangalaga”, ng Handbook ng Miyembro na ito.

Pinapahintulutan ka ng Kaiser Permanent na gumamit ng kotse, taxi, bus, o iba pang pampubliko/pribadong paraan ng papunta sa iyong medikal na appointment para sa mga sakop na serbisyo ng Medi-Cal. Sasakupin amin ang pinakamurang uri ng NMT na tutugon sa iyong mga medikal na pangangailangan. Minsan, maaari naming isauli ang iyong ginastos (bayaran ka) para sa mga pagsakay sa pribadong sasakyan na inaayos mo. Ito dapat ay inaprubahan namin bago mo makuha ang masasakyan.

Dapat mong sabihin sa amin kung bakit hindi ka makakuha ng masasakyan sa iba pang mga paraan, tulad ng bus. Hindi namin isasauli ang ginastos para sa paggamit ng broker sa transportasyon, mga bus pass, taxi voucher, o mga ticket sa tren. Upang humiling ng pahintulot at ng pamantayang ginamit para gumawa ng mga desisyon sa pagbibigay ng pahintulot, tumawag sa aming provider ng transportasyon sa **1-844-299-6230** (TTY **711**). Maaari ring sagutin ng kinatawan ang anumang tanong tungkol sa pagsasauli ng gastos sa itinakbong milya.

Mangyaring tawagan ang provider ng transportasyon ng Kaiser Permanente sa **1-844-299-6230** (TTY **711**) nang hindi bababa sa tatlong araw ng negosyo (Lunes-Biyernes) bago ang iyong appointment, o sa lalong madaling magagawa mo kapag mayroon kang agarang appointment. Mangyaring ihanda ang lahat ng sumusunod kapag tumawag ka:

- Ang iyong ID card ng Kaiser Permanente
- Ang petsa at oras ng iyong mga medikal na appointment
- Ang address kung saan ka susunduin at ang address na pupuntahan mo
- Kung kailangan mo ng sakay pauwi
- Kung may kasama kang magbibiyahe (halimbawa, isang magulang/legal na tagapag-alaga o caregiver)

Tandaan: Maaaring makipag-ugnayan ang mga American Indian sa kanilang lokal na Sentrong Pangkalusugan para sa Indian (Indian Health Center, IHC) para humingi ng mga serbisyo ng NMT.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Mga limitasyon ng NMT

Sinasakop namin ang Hindi Pangmedikal na Transportasyon na may pinakamababang halaga na nakakatugon sa iyong mga pangangailangan patungo sa pinakamalapit na provider mula sa iyong tahanan kung saan mayroong appointment. Hindi maaaring imaneho ng mga miyembro ang kanilang mga sarili o direktang maibalik ang nagastos para sa NMT.

Ang NMT ay hindi naaangkop kung:

- Kinakailangan sa paggamot ang isang ambulansiya, litter van, wheelchair van, o iba pang paraan ng NEMT upang pumunta sa Sakop na Serbisyo ng Medi-Cal
- Kailangan mo ng tulong mula sa tagapagmaneho papunta sa at mula sa iyong tirahan, sasakyan o lugar ng paggamot dahil sa isang pisikal o medikal na kondisyon
- Ikaw ay nasa isang wheelchair at hindi makakasakay at makakababa ng sasakyan kung walang tulong mula sa tagapagmaneho
- Hindi sinasakop ng Medi-Cal ang serbisyo
- Ikaw ay nasa labas ng iyong Pinaglilingkurang Lugar sa Tinitirhang Rehiyon

Magkano ang Babayaran ng Miyembro para sa Hindi Pangmedikal na Transportasyon

Wala kang babayaran kapag kami ang nag-ayos ng Medikal na Transportasyon.

Mga gastos sa pagbibiyaha ng Mga Sakop na Serbisyo

Sa ilang sitwasyon, kung kailangan mong magbiyahe para sa mga appointment sa doktor na hindi available nang malapit sa iyong bahay, maaari naming sakupin ang mga gastos sa pagbibiyaha tulad ng mga pagkain, pananatili sa hotel, at iba pang kaugnay na gastos tulad ng paradahan, mga toll, at atbp. Maaari ring masakop ang mga gastos sa pagbibiyaha para sa isang taong nagbibiyaha na kasama mo para tulungan ka sa iyong appointment o isang taong nagdo-donate ng organ sa iyo para sa organ transplant. Kailangan mong humiling ng maagang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa mga serbisyong ito. Humiling ng higit pang impormasyon sa iyong Provider na Nasa Network ng Medi-Cal tungkol sa mga sakop na gastos sa pagbibiyaha.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Iba pang Mga Benepisyo at Programang Sinasakop ng Kaiser Permanente

Mga pangmatagalang serbisyo at suporta (“LTSS”)

Sinasakop namin, para sa mga miyembrong kwalipikado, ang mga pangmatagalang serbisyo at suportang ibinibigay sa mga sumusunod na uri ng mga pasilidad o tahanan ng pangmatagalang pangangalaga:

- Mga skilled nursing facility
- Mga pasilidad ng pangangalaga ng subacute Mga pasilidad ng intermediate na pangangalaga, kabilang ang:
 - Mga pasilidad ng intermediate na pangangalaga/para sa may kapansanan sa paglaki (Intermediate care facilities/developmentally disabled, “ICF/DD”)
 - Mga pasilidad ng intermediate na pangangalaga/developmentally disabled-habilitative (Intermediate care facilities/developmentally disabled-habilitative, “ICF/DD-H”)
 - Mga pasilidad ng intermediate na pangangalaga/para sa may kapansanan sa paglaki (Intermediate care facilities/developmentally disabled nursing, “ICF/DD-N”)

Kung kwalipikado ka para sa mga serbisyo sa pangmatagalang pangangalaga, sisiguraduhin naming ilalagay ka sa isang pasilidad o tahanan ng pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay ng antas ng pangangalaga na pinakaangkop sa iyong mga medikal na pangangailangan.

Impormasyon ng LTSS sa Rehiyon ng Hilagang California

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga serbisyo ng pangmatagalang pangangalaga, tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-833-721-6012** (TTY **711**), Lunes hanggang Biyernes, 8:30 a.m. hanggang 1 p.m. at 2 p.m. hanggang 5 p.m.

Impormasyon ng LTSS sa Rehiyon ng Katimugang California

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga serbisyo ng pangmatagalang pangangalaga, tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggp.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Pangangasiwa ng Pangangalaga

Pamamahala ng pangunahing pangangalaga

Mapanghamon ang pagkuha ng pangangalaga mula sa maraming iba't ibang provider o sa mga sistema para sa kalusugan. Gusto naming siguruhin na natatanggap ng mga miyembro ang lahat ng serbisyo na kinakailangan sa paggamot, may mga resetang gamot, at mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Maaari kaming makatulong na i-coordinate at pamahalaan ang iyong mga pangangailangan ng kalusugan, nang libre. Makukuha ang tulong na ito kahit sakupin ng isa pang programa ang mga serbisyo.

Maaaring maging mahirap na malaman kung paano tutugunan ang iyong mga pangangailangan ng pangangalagang pangkalusugan pagkatapos mong umalis ng ospital o kung nakakatanggap ka ng pangangalaga sa iba't ibang sistema. Narito ang ilang paraan na matutulungan ka:

- Kung nagkakaproblema ka sa pagkuha ng follow-up na appointment o mga gamot pagkatapos mong lumabas ng ospital, matutulungan ka namin.
- Kung kailangan mo ng tulong sa pagkuha ng appointment nang personal, matutulungan ka naming makakuha ng libreng transportasyon.

Impormasyon ng Pangangasiwa ng Pangangalaga sa Rehiyon ng Hilagang California

Kung mayroon kang mga tanong o alalahanin tungkol sa iyong kalusugan o sa kalusugan ng iyong anak, tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-833-721-6012** (TTY **711**), Lunes hanggang Biyernes, 8:30 a.m. hanggang 5 p.m.

Impormasyon ng pangangasiwa ng pangangalaga sa Rehiyon ng Katimugang California

Kung mayroon kang mga tanong o alalahanin tungkol sa iyong kalusugan o kalusugan ng iyong anak, tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Pamamahala ng Masalimuot na Pangangalanga (“CCM”)

Ang mga miyembro na may mas masalimuot na mga pangangailangan sa kalusugan ay maaaring maging kwalipikado para sa dagdag na mga serbisyo na nakatuon sa pangangasiwa ng pangangalaga. Nagbibigay kami ng mga serbisyo ng Pamamahala ng



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Masalimuot na Pangangalanga (Complex Care Management, “CCM”) sa mga nasa mataas na panganib, tinukoy bilang pagkakaroon ng medikal na masalimuot na mga kondisyon o mga miyembro na may medikal na kondisyon at masalimuot na panlipunan na sitwasyon na nakakaapekto sa medikal na pamamahala ng pangangalaga ng miyembro at nangangailangan ng malawakang paggamit ng mga mapagkukunan.

Kung naka-enroll ka sa CCM o Pinahusay na Pamamahala ng Pangangalaga (basahin sa ibaba) titiyakin ng Kaiser Permanente na mayroon kangisang Nakatalagang Care Manager hindi lang sa pamamahala ng pangunahing pangangalaga na inilarawan sa itaas, pero ang pinalawak ding set ng suporta ng pangangalaga para sa paglipat na makukuha kapag lumabas ka na mula sa ospital, skilled nursing facility, ospital para sa sakit sa isip, o residensyal na paggamot.

Pinahusay na Pamamahala ng Pangangalaga (“ECM”)

Sinasakop namin ang mga serbisyo ng Pinahusay na Pamamahala ng Pangangalaga (Enhanced Care Management, ECM) para sa mga miyembrong may lubhang masalimuot na mga pangangailangan. Ang ECM ay may dagdag na mga serbisyo para tulungan kang makuha ang pangangalagang kailangan mo para manatiling malusog. Pinangangasiwaan nito ang iyong pangangalaga mula sa mga doktor at iba pang mga provider. Tumutulong ang ECM na pangasiwaan ang pangunahing pangangalaga, mga serbisyo sa pang-iwas sa sakit, panandaliang pangangalaga ng malubhang sakit, kalusugan ng pag-uugali, mga serbisyo para sa paglaki, kalusugan ng bibig, pangmatagalang pangangalaga at suporta sa komunidad, at mga referral sa mga magagamit na mapagkukunan sa komunidad.

Kung magiging kwalipikado ka, posibleng may makipag-ugnayan sa iyo tungkol sa mga serbisyo ng ECM. Matatawagan mo rin kami malaman kung at kailan makakatanggap ka ng ECM. O makipag-usap sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan. Malalaman nila kung kwalipikado ka para sa ECM o ire-refer ka para sa mga serbisyo sa pamamahala ng pangangalaga.

- Mgasakop na serbisyo ng ECM

Kung kwalipikado ka para sa ECM, magkakaroon ka ng sarili mong team sa pangangalaga, kasama ang lead care manager. Makikipag-usap sila sa iyo at iyong mga doktor, mga espesyalista, pharmacist, case manager, mga provider ng serbisyong panlipunan, at iba pa. Sinisiguro nila na nagtutulungan ang lahat para makuha mo ang pangangalagang kailangan mo. Matutulungan ka rin ng lead care



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

manager na maghanap at mag-apply para sa iba pang mga serbisyo sa iyong komunidad. Kasama sa ECM ang:

- Pagbibigay ng serbisyo at pakikipag-ugnayan
- Komprehensibong pagsusuri at pamamahala ng pangangalaga
- Pinahusay na pangangasiwa ng pangangalaga
- Pagpapaganda ng kalusugan
- Komprehensibong pangangalaga para sa paglipat
- Mga serbisyo ng suporta sa miyembro at pamilya
- Pangangasiwa at referral sa mga suportang pangkomunidad at panlipunan

Alamin kung ang ECM ay maaaring akma para sa iyo, makipag-usap sa iyong provider pangangalagang pangkalusugan o tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

- **Magkano ang babayaran ng miyembro**

Wala kang babayaran para sa mga serbisyo ng ECM.

Mga Suporta sa Komunidad

Maaari mong makuha ang ilang serbisyo ng Mga Suporta sa Komunidad sa iyong pang-indibidwal na plano sa pangangalaga. Ang Mga Suporta sa Komunidad ay naaangkop at murang alternatibong mga serbisyo o setting sa mga sakop sa ilalim ng Medi-Cal State Plan. Ang mga serbisyong ito ay opsyonal para sa mga miyembro. Hindi mo kailangang tanggapin ang Community Supports. Kung magiging kwalipikado ka at sasang-ayon para matanggap ang mga serbisyong ito, matutulungan ka ng Community Supports na mamuhay nang mas malaya. Hindi pinapalitan ng mga serbisyong ito ang mga benepisyong nakukuha mo na sa ilalim ng Medi-Cal.

Kasama sa Mga Suporta sa Komunidad ang mga sumusunod na serbisyo. Hindi available ang mga ito sa lahat ng area. Hindi lahat ng Miyembro ay kwalipikadong makatanggap ng Mga Suporta sa Komunidad. Para maging kwalipikado, dapat matugunan mo ang mga partikular na pamantayan.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Mga Suporta sa Komunidad	Paglalarawan	Sino ang maaaring maging karapat-dapat
Pagiginhawain ang Hika	Kasama ang mga pisikal na pagbabago sa kondisyon sa tahanan na kinakailangan para matiyak ang kalusugan, kapakanan, at kaligtasan ng indibiduwal, o ma-enable ang indibiduwal na kumilos sa tahanan at nang walang mga pag-atake ng hika na maaaring magresulta sa pangangailangan para sa mga serbisyong pang-emergency at pagkakaospital.	Mga miyembro na: <ul style="list-style-type: none"> • mayroon mahinang kontrol ng hika • kung kanino nadokumento ng lisensyadong provider ng pangangalagang pangkalusugan na malamang na iwasan ang mga pagkakaospital na may kaugnayan sa hika, mga pagpapatingin sa departamento na pang-emergency, o iba pang mahal na mga serbisyo.
Mga Serbisyo ng Paglipat sa Komunidad/Paglipat sa Bahay mula sa Nursing Facility	Kasama dito ang mga hindi umuulit na set-up ng mga gastos para sa mga indibiduwal na lumilipat mula sa lisensyadong pasilidad papunta sa paninirahan sa pribadong tirahan kung saan direktang responsable ang tao para sa kanyang sariling gastos sa pamumuhay.	Mga miyembro na: <ul style="list-style-type: none"> • kasalukuyang tumatanggap ng antas o pangangalaga ng nursing facility at • tumira ng 60+ araw sa isang nursing facility at • handang tumira sa komunidad at • maaaring tumira nang ligtas sa komunidad na may naaangkop at matipid na mga suporta.
Habilitasyon sa Araw	Ibinibigay ang mga serbisyong ito sa tahanan o wala sa tahanan ng mga indibiduwal, setting na wala	Mga miyembro na: <ul style="list-style-type: none"> • nakakaranas ng walang tirahan



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Mga Suporta sa Komunidad	Paglalarawan	Sino ang maaaring maging karapat-dapat
	sa pasilidad. Ginawa ang mga programang ito para tulungan ang indibiduwal sa pagkuha, pagpapanatili, at pagpapaganda ng tulong sa sarili, socialization, at adaptive na mga kakayahan na kinakailangan para matagumpay na tumira sa natural na kapaligiran ng tao.	<ul style="list-style-type: none"> • umalis sa pagiging walang tirahan at pumasok sa pabahay sa nakalipas na 24 na buwan • nasa panganib na mawalan ng tirahan o mailagay sa institusyon na ang katatagan ng pabahay ay maaaring gumanda sa pamamagitan ng paglahok sa programa ng habilitasyon sa araw
Environmental Accessibility Adaptations (Mga Pagbabago sa Tahanan)	Kasama sa mga serbisyong ito ang mga pisikal na adaptation sa isang tahanan na kinakailangan para masiguro ang kalusugan, kapakanan at kaligtasan ng indibiduwal, o ma-enable ang indibiduwal na kumilos na mas malaya sa tahanan, nang hindi nangangailangan ang kalahok ng ilagay sa institusyon.	Ang mga miyembro na nasa panganib na ilagay sa isang nursing facility.
Mga Deposito sa Pabahay	Tumutulong ang mga serbisyong ito sa pagtukoy, pangangasiwa, pag-secure, o pagpopondo ng isang beses na serbisyo at amga pagbabago na kailangan para i-enable ang tao na gumawa ng pangunahing sambahayanan na hindi bumubuo sa silid at pagtuloy.	Mga miyembro na: <ul style="list-style-type: none"> • natutugunan ang depinasyon ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Lungsod (Housing and Urban Development, HUD) sa walang tirahan o panganib ng pagiging walang tirahan at iba



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Mga Suporta sa Komunidad	Paglalarawan	Sino ang maaaring maging karapat-dapat
		<p>pang pamantayan sa pagiging karapat-dapat</p> <ul style="list-style-type: none"> • nakatanggap ng mga serbisyo sa paglipat o pag-navigate ng pabahay. • Ang mga miyembro na inuuna para sa permanenteng sumusuportang unit ng bahay o mapagkukunan na subsidy sa upa sa pamamagitan ng loka na Coordinated Entry System ng walang tirahan ay karapat-dapat din para sa mga serbisyo sa pagbahay.
<p>Mga Serbisyo sa Pangungupahan ng Bahay at Pananatili</p>	<p>Ang mga serbisyong ito ay nagbibigay ng mga serbisyo para sa pangungupahan at pananatili, na may layunin ng pagpapanatili ng ligtas at matatag na pangungupahan kapag nakakuha ng pabahay.</p>	<p>Mga miyembro na:</p> <ul style="list-style-type: none"> • natutugunan ang depinasyon ng HUD sa walang tirahan o panganib ng pagiging walang tirahan at iba pang pamantayan sa pagiging karapat-dapat • nakatanggap ng mga serbisyo sa paglipat o pag-navigate ng pabahay. • Ang mga miyembro na inuuna para sa permanenteng sumusuportang unit ng



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Mga Suporta sa Komunidad	Paglalarawan	Sino ang maaaring maging karapat-dapat
		bahay o mapagkukunan na subsidy sa upa sa pamamagitan ng loka na Coordinated Entry System ng walang tirahan ay karapat-dapat din para sa mga serbisyo sa pagbahay.
Mga Serbisyo sa Paglipat ng Bahay/ Pag-navigate ng Pabahay	Tinutulungan ng mga serbisyonang ito ang mga benepisyaryo sa pagkuha ng pabahay at kasama ang pagsagawa ng pag-screen ng tenant at pag-assess ng pabahay, mga indibiduwal na plano ng suporta sa pabahay, at pagkuha ng pabahay.	Mga miyembro na: <ul style="list-style-type: none"> • natutugunan ang depinasyon ng HUD sa walang tirahan o panganib ng pagiging walang tirahan at iba pang pamantayan sa pagiging karapat-dapat • Ang mga miyembro na inuuna para sa permanenteng sumusuportang unit ng bahay o mapagkukunan na subsidy sa upa sa pamamagitan ng lokal na Coordinated Entry System ng walang tirahan ay karapat-dapat din para sa mga serbisyo sa pagbahay.
Mga Pagkain/Mga Pagkain na Inakma para sa Kondisyon	Kasama sa mga serbisyonang ito ang 1) Mga Pagkain na Inakma para sa Kondisyon na ibinibigay sa miyembro sa tahanan na natutugunan ang natatanging pangangailangan na may	Mga miyembro na: <ul style="list-style-type: none"> • mayroon malubhang hindi gumagaling na kondisyon



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Mga Suporta sa Komunidad	Paglalarawan	Sino ang maaaring maging karapat-dapat
	kaugnayan sa pagkain ng may mga sakit na hindi gumagaling, na ginawa ng sertipikadong propesyonal sa nutrisyon; at/o 2) mga serbisyo na pansuporta sa pagkain dahil sa kondisyon at nutrisyon.	<ul style="list-style-type: none"> • lumabas mula sa ospital o skilled nursing facility • mataas ang panganib na maospital o mailagay sa nursing facility • mayroong mga pangangailangan sa malawak na pag-coordinate ng pangangalaga.
Paglipat sa Nursing Facility/Pag-divert sa mga Assisted Living Facility	Tinutulungan ng mga serbisyong ito ang mga indibidwal na tumira sa komunidad at/o para iwasang mailagay sa isang institusyon, kapag maaari, para mapadali ang paglipat pabalik sa mala-bahay mula sa nursing facility, na setting ng komunidad at/o pigilan ang maipasok sa skilled nursing para sa mga benepisyaryo na may napipintong pangangailangan para sa pangangalaga na nasa antas ng nursing facility.	<p>Para sa Paglipat sa Nursing Facility, mga Miyembro na:</p> <ul style="list-style-type: none"> • tumira ng 60+ araw sa isang nursing facility; • pumapayag na tumira sa setting na assisted living bilang alternatibo sa Nursing Facility; • maaaring tumira nang ligtas sa assisted living facility na may naaangkop at sulit na mga suporta. <p>Para sa Pag-divert sa Nursing Facility, mga Miyembro na:</p> <ul style="list-style-type: none"> • interesadong manatili sa komunidad; • pumapayag at maaaring tumira nang ligtas sa assisted living facility nang may naaangkop at



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Mga Suporta sa Komunidad	Paglalarawan	Sino ang maaaring maging karapat-dapat
		<p>sulit na mga suporta at serbisyo; at</p> <ul style="list-style-type: none"> • kasalukuyang tumatanggap ng kinakakailangan sa paggamot na antas ng pangangalaga ng nursing facility o natutugunan ang pangangailangan ng pangangalaga na nasa antas ng nursing facility • Pinipili ng miyembro na manatili sa komunidad at patuloy na makakatanggap ng mga serbisyo sa antas na pangangalaga na kinakailangan sa paggamot na mula nursing facility sa Assisted Living Facility.
<p>Mga Serbisyo para sa Personal na Pangangalaga at Nangangalaga ng Bahay</p>	<p>Ang mga serbisyong ito ay nagbibigay ng tulong sa Mga Aktibidad ng Araw-araw na Pamumuhay (“ADL”) at tulong sa mga Aktibidad na Pinapayagan ang isang Indibiduwal na malayang tumira sa isang komunidad (Instrumental Activities of Daily Living, “IADL”).</p>	<p>Mga miyembro na:</p> <ul style="list-style-type: none"> • nasa panganib maospital, o mailagay sa institusyon sa isang nursing facility • mayroong limitasyon o kahinaan ng pisikal na kakayahan at walang sapat na support system



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles) **140**

Mga Suporta sa Komunidad	Paglalarawan	Sino ang maaaring maging karapat-dapat
		<ul style="list-style-type: none"> • aprubado para sa mga Mga Pansuportang Serbisyo sa Tahanan.
Pangangalaga sa Pagpapagaling (Medical Respite)	Kasama sa mga serbisyong ito ang residensyal na panandaliang pangangalaga para sa mga taong walang tirahan na hindi na nangangailangang maospital, ngunit kailangan pa ring gumaling mula sa isang pinsala o karamdaman at na ang kondisyon ay mapapalubha ng isang hindi matatag na kondisyon ng pamumuhay.	Mga miyembro na: <ul style="list-style-type: none"> • namumuhay nang walang mga pormal na suporta • nasa panganib na maospital o pagkatapos maospital • nakakaranas ng insecurity sa pabahay • natutugunan ang depinisyon ng HUD sa walang tirahan o panganib ng pagiging walang tirahan
Mga Serbisyo sa Pagpapahinga ng Nag-aalaga	Ibinibigay ang mga serbisyong ito sa panandaliang basehan dahil sa kawalan o pangangailangan ng ginhawa ng mga taong karaniwang nangangalaga sa at/o sumusubaybay sa kanila at hindi medikal. Ang serbisyong ito ay iba sa medical respite/pangangalaga sa pagpapagaling at pahinga para sa caregiver lang.	Mga miyembro na: <ul style="list-style-type: none"> • nakatira sa komunidad at nakakompromiso sa kanilang Aktibidad ng Araw-araw na Pamumuhay (“ADL”) • Mga miyembro na umaasa sa kwalipikadong caregiver na nagbibigay ng suporta at kailangan ng tulong ng caregiver para panatilihin ang Miyembro mula sa institutional placement



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Mga Suporta sa Komunidad	Paglalarawan	Sino ang maaaring maging karapat-dapat
		<ul style="list-style-type: none"> Mga miyembro (mga bata) na dating sakop para sa Respite na Serbisyo sa ilalim ng Pediatrics Palliative Care Waiver; mga benepisyaryo ng programang foster care; Mga miyembro na naka-enroll sa Mga Serbisyo para sa mga Bata ng CA o Genetically Handicapped Person Program; Mga miyembro na may kumplikadong pangangalaga na pangangailangan
<p>Panandaliang Pabahay Pagkatapos Maospital</p>	<p>Ibinibigay ang mga serbisyong ito sa mga benepisyaryo na walang tirahan at mayroong mataas na pangangailangan na medikal o sa kalusugan ng pag-uugali na may oportunidad na ipagpatuloy ang kanilang paglabas pagkatapos ng IP na pangmedikal/ pangkaisipan/ pagpapagaling mula sa sakit sa pang-aabuso sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak o iba pang setting (paggaling, bilangguan, pangangalaga sa pagpapagaling, atbp.).</p>	<p>Mga miyembro na:</p> <ul style="list-style-type: none"> natutugunan ang depinasyon ng HUD sa walang tirahan o panganib ng pagiging walang tirahan at umalis sa pangangalaga sa pagpapagaling o pananatili bilang inpatient



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Mga Suporta sa Komunidad	Paglalarawan	Sino ang maaaring maging karapat-dapat
<p>Mga Sobering Center</p>	<p>Ang Mga Sobering Center ay mga alternatibong destinasyon para sa mga indibidwal na napatunayang lasing sa publiko at kung hindi man ay dadalhin sa emergency department o kulungan. Ang Mga Sobering Center ay nagbibigay sa mga indibidwal na ito, lalo na sa mga walang tirahan o sa mga may hindi matatag na sitwasyon sa pamumuhay, ng isang ligtas, at sumusuportang kapaligiran upang maging matino.</p>	<p>Mga miyembro na:</p> <ul style="list-style-type: none"> • edad 18 o mas matanda • lasing pero may kamalayan, nakikipagtulungan, nakakalakad, hindi marahas, at walang anumang medikal na pagkabalisa • dadalhin sa emergency department o kulungan • pumunta sa emergency department at naaangkop na i-divert sa Sobering Center.

Impormasyon ng Mga Suporta ng Komunidad sa Rehiyon ng Hilagang California

Kung kailangan mo ng tulong o gustong malaman kung anong Mga Suporta sa Komunidad ang maaaring available para sa iyo, tumawag sa Mga Serbisyo sa **1-833-721-6012 (TTY 711)**, Lunes hanggang Biyernes, 8:30 a.m. hanggang 1 p.m. at 2 p.m. hanggang 5 p.m. para sa impormasyon sa Mga Suporta sa Komunidad

Impormasyon ng Mga Suporta sa Komunidad sa Rehiyon ng Katimugang California

Kung kailangan mo ng tulong at gusto mong malaman kung ano ang available sa iyo sa Mga Suporta sa Komunidad, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613, (TTY 711)**, 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Major Organ Transplant

Para sa mga detalye sa kung aling mga county ang mayroong Whole Child Model Program, pumunta sa seksyong “California Children’s Services at ang Whole Child Model



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Program” sa ibang pagkakataon sa kabanatang ito.

Mga transplant para sa mga County na mayroong Whole Child Model

Ire-refer namin ang isang bata na wala pang edad na 21 na kwalipikado para sa CCS sa Specialty Care Center (“SCC”) na aprubado ng CCS para sa pagsusuri sa loob ng 72 oras kapag natukoy ng doktor na posibleng candidate ang bata para sa transplant. Kung kumpirmahin ng SCC na kinakailangan ang transplant at magiging ligtas para sa bata, sasakupin namin ang transplant at mga kaugnay na serbisyo, basta nananatiling naka-enroll ang bata sa aming Medi-Cal Plan.

Mga transplant para sa mga bata sa lahat ng iba pang County

Hinihiling ng batas ng estado na ang mga bata na wala pang 21 na nangangailangan ng mga transplant ay dapat i-refer sa programang California Children’s Services (“CCS”) upang malaman kung kwalipikado ang bata para sa CCS. Kung kwalipikado ang bata para sa CCS, sasakupin ng programa ang mga gastos para sa transplant at mga kaugnay na serbisyo.

Kung hindi kwalipikado ang bata sa CSS, ire-refer namin ang bata sa isang kwalipikadong transplant center para masuri. Kung makukumpirma ng transplant center na kailangan ang transplant at ligtas ito para sa medikal na kondisyon ng bata, sasakupin namin ang transplant at iba pang mga kaugnay na serbisyo.

Mga transplant para sa mga nasa hustong gulang na 21 at mas matanda

Kung magpapasiya ang iyong doktor na posible kang mangailangan ng major organ transplant, ire-refer ka namin sa kwalipikadong transplant center para masuri. Kung makukumpirma ng transplant center na kailangan ang transplant at ligtas ito para sa iyong medikal na kondisyon, sasakupin namin ang transplant at iba pang mga kaugnay na serbisyo.

Mga transplant na sinasakop ng Medi-Cal

Ang mga major organ transplant na sinasakop namin kasama ang, ngunit hindi limitado sa:

- Bone marrow
- Puso
- Puso/baga
- Bato
- Bato/lapay
- Atay
- Atay/maliit na bituka
- Baga
- Maliit na bituka



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

California Children’s Services (“CCS”) at Whole Child Model Program (“WCM”)

Ang California Children’s Services (“CCS”) ay isang programa ng estado na gumagamot sa mga bata na wala pang edad 21 taong gulang na may partikular na mga kondisyon sa kalusugan, o hindi gumagaling na mga problema sa kalusugan at nakakatugon sa mga panuntunan ng CSS program. Kung naniniwala ang iyong doktor na maaaring kang maging kwalipikado para sa CCS, ire-refer ka sa iyong CCS program ng county para sa pag-assess sa pagiging karapat-dapat.

Sa ilalim ng Whole Child Model (“WCM”) program, sinasakop namin ang mga serbisyo ng CCS para sa mga Miyembro na kwalipikado. Ang Whole Child Model program ay available lang sa ilang county. Maaari mong tingnan ang talahayanan sa ibaba para malaman kung nasa iyong county ang Whole Child Model.

Pagiging Karapat-dapat para sa CCS o Whole Child Model

Magpapasya ang kawani ng CCS program ng county kung kwalipikado ka para sa CCS o WCM. Hindi kami nagpapasiya sa pagiging kwalipikado sa CCS. Kung kwalipikado ang iyong anak na makakuha ng ganitong uri ng pangangalaga, gagamutin ng mga provider ng CCS ang iyong anak para sa kondisyon na ayon sa CCS.

Hindi sinasakop ng CCS ang lahat ng mga kondisyon sa kalusugan. Sinasakop ng CCS ang halos karamihan sa mga kondisyon sa kalusugan na nagdudulot ng pisikal na kapansanan o kailangang gamutin gamit ang mga gamot, pag-ooopera o rehabilitasyon (rehab). Kasama sa mga halimbawa ng mga kondisyon na karapat-dapat sa CCS ang, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

- Sakit sa puso na nakuha sa pagkapanganak pa lamang
- Mga kanser
- Mga tumor
- Hemophilia (kawalan ng kakayahang mamuo ang dugo)
- Sickle cell anemia
- Mga problema sa thyroid
- Diyabetis
- Malubhang hindi gumagaling na mga problema sa bato
- Sakit sa atay
- Sakit sa bituka
- Cleft lip/palate
- Spina bifida
- Pagkawala ng pandinig



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles) **145**

- Mga katarata
- Cerebral palsy
- Mga transplant, kasama ang cornea
- Mga seizure sa ilalim ng mga partikular na sitwasyon
- Rheumatoid arthritis
- Muscular dystrophy
- AIDS
- Malubhang mga pinsala sa ulo, utak, o gulugod
- Matitinding pagkasunog
- Matinding sungki ng mga ngipin

Kung nakatira ka sa isang county na may CCS

Kung kwalipikado ka para sa ganitong uri ng pangangalaga, nagtatalaga ang mga provider ng CCS na nakikipagtulungan sa Kaiser Permanente ng personal na nangangasiwa ng pangangalaga para tumulong na i-coordinate ang paggamot para sa kondisyon na karapat-dapat sa CCS gamit ang team sa pangangalaga at plano ng pangangalaga. Hindi sinasakop ng Kaiser Permanente ang mga serbisyo na ibinibigay ng programang CCS. Para masakop ng CCS ang mga serbisyong ito, dapat aprubahan ng CCS ang provider, mga serbisyo, at kagamitan.

Kung hindi ka kwalipikado para sa mga serbisyo ng programang CCS, patuloy ka pa ring tatanggap ng pangangalaga na Kinakailangan sa Paggamot mula sa Kaiser Permanente. Para alamin pa ang tungkol sa CCS, maaari mong bisitahin ang web page CCS sa **www.dhcs.ca.gov/services/ccs** (sa Ingles) o tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**).

Kung nakatira ka sa County na may Whole Child Model program

Isinasama ng Whole Child Model (“WCM”) Program ang California Children’s Services (“CCS”) program para sa mga bata at kabataan na may CCS na karapat-dapat sa Medi-Cal sa Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal. Sa ilaim ng WCM Program, responsable ang Kaiser Permanente sa pagsakop ng mga serbisyo para sa mga kondisyon na karapat-dapat sa CCS.

Mga gastos sa pagbibiyahе para sa mga serbisyo ng CCS at WCM

Maaaring makakuha ka ng tulong sa mga gastos sa pagbibiyahе, tulad ng transportasyon, mga pagkain, lodging parking, at mga toll, kung wala kang paraan para makapunta sa iyong medikal na appointment na kwalipikado sa CCS. Kailangan mong tumawag sa amin bago ka magbayad ng transportasyon mula sa sarili mong bulsa dahil



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

sinasakop namin ang hindi medikal at hindi medikal na pang-emergency na transportasyon gaya ng nabanggit sa mga benepisyo at serbisyo. Gayupaman, kung magbabayad ka sa sarili mong bulsa maaari kang makatanggap ng reimbursement mula sa amin kung magbabayad ka para sa kinakailangang gastos sa transportasyon nang maaga. Kung matukoy na kinakailangan ang iyong transportasyon, dapat naming aprubahan at i-reimburse ka sa loob ng 60 araw ng kalendaryo ng pagsumite mo ng kailangang mga resibo at dokumentasyon para sa mga gastos sa transportasyon.

Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad sa labas ng mga serbisyo ng WCM

Kung karapat-dapat kang mag-enroll sa 1915(c) waiver, maaari kang makatanggap ng mga serbisyo sa tahanan at komunidad na walang kaugnayan sa kondisyon na karapat-dapat sa CCS pero kinakailangan para manatili ka sa setting ng komunidad, sa halip sa isang institusyon. Halimbawa, kung kailangan mong mga pagbabago sa tahanan para matugunan ang iyong mga pangangakailangan sa setting na batay sa komunidad, hindi naming mababayaran ang mga gastos na iyon bilang kondisyon na kaugnay sa CCS; gayunpaman, kung naka-enroll ka 1915(c) waiver, maaaring sakupin ang mga pagbabago sa tahanan kung kinakailangan sa paggamot ang mga ito para mapigilan ng paglalagay sa institusyon.

Mga county na may mga Whole Child Model program at CCS

Nakalista sa talahayanan sa ibaba kung aling mga county ang lumalahok sa Whole Child Model Program at aling mga county ang lumalahok sa California Children’s Services.

County	Whole Child Model – nagbabayad kami para sa mga serbisyo para sa mga kondisyon na karapat-dapat sa CCS	CCS –binabayaran ng CCS program ang mga serbisyo na kaugnay sa mga kondisyon na karapat-dapat sa CCS
Alameda		X
Amador		X
Contra Costa		X
El Dorado		X
Fresno		X



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

County	Whole Child Model – nagbabayad kami para sa mga serbisyo para sa mga kondisyon na karapat-dapat sa CCS	CCS –binabayaran ng CCS program ang mga serbisyo na kaugnay sa mga kondisyon na karapat-dapat sa CCS
Imperial		X
Kern		X
Kings		X
Los Angeles		X
Madera		X
Marin	X	
Mariposa		X
Napa	X	
Orange	X	
Placer	X	
Riverside		X
Sacramento		X
San Bernardino		X
San Diego		X
San Francisco		X
San Mateo	X	
Santa Cruz	X	
Solano	X	



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles) **148**

County	Whole Child Model – nagbabayad kami para sa mga serbisyo para sa mga kondisyon na karapat-dapat sa CCS	CCS –binabayaran ng CCS program ang mga serbisyo na kaugnay sa mga kondisyon na karapat-dapat sa CCS
Sonoma	X	
Stanislaus		X
Sutter		X
Tulare		X
Ventura		X
Yolo	X	
Yuba		X

Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal na hindi sinasakop ng Kaiser Permanente

Hindi sinasakop ng Kaiser Permanent ang ilang serbisyo, ngunit makukuha mo pa rin ang mga ito sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal o ng iba pang mga programa ng Medi-Cal. Makikipagtulungan sa iba pang mga programa para siguraduhin na nakukuha mo lahat ang mga serbisyo na kinakailangan sa paggamot, kasama ang mga sakop ng ibang programa at hindi namin. Inililista ng seksyong ito ang ilan sa serbisyong ito. Para alamin pa, tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613**, (TTY **711**), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Pinamamahalaang Pangangalaga sa Ngipin sa mga County ng Sacramento at Los Angeles

Ang Programa ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Ngipin ng Medi-Cal ay gumagamit ng mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga para magbigay sa iyo ng mga serbisyo sa ngipin. Dapat mag-enroll ka sa Pinamamahalaang Pangangalaga sa Ngipin. Sa ilang sitwasyon, maaari kang maging kwalipikado para sa exemption sa pag-enroll sa Pinamamahalaang Pangangalaga sa Ngipin. Para alamin pa, pumunta sa Health Care Options sa <http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal> (sa Ingles). Maaari mo ring tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263**.

Tandaan: Ang mga serbisyo para sa anesthesia para sa ilang procedure sa ngipin ay sinasakop sa ilalim ng mga tuntunin ng Handbook ng Miyembro na ito. Tingnan ang heading na “Mga serbisyo ng anesthesiologist” sa ilalim ng “Pangangalaga para sa Outpatient” sa Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo”, ng Handbook ng Miyembro na ito para sa higit pang impormasyon.

Mga serbisyo sa ngipin sa iba pang county

Ang Medi-Cal Dental Program ay pareho sa Fee-for-Service na Medi-Cal para sa iyong mga serbisyo sa ngipin. Bago ka kumuha ng mga serbisyo sa ngipin, dapat mong ipakita ang iyong Identification Card para sa mga Benepisyo (Benefits Identification Card, BIC) sa provider sa ngipin at siguraduhin na tumatanggap ang provider sa ngipin ng FFS Dental.

Sinasakop ng Medi-Cal ang ilang mga serbisyo sa ngipin, kasama ang:

- Diyagnostiko at pang-iwas sa sakit na kalinisan ng ngipin (tulad ng mga ekaminasyon, X-ray at paglilinis ng mga ngipin)
- Mga serbisyong pang-emergency para sa pagkontrol ng pananakit
- Mga pagbunot ng ngipin
- Mga filling
- Mga paggamot sa pamamagitan ng root canal (harap/likod)
- Mga crown (ginawa/laboratoryo)
- Scaling at root planning
- Kumpleto at hindi kumpletong pustiso
- Pagtutuwid ng mga ngipin ng mga batang kwalipikado
- Topical fluoride



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Kung mayroon kang mga tanong o kung gusto mong malaman pa ang tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tumawag sa Medi-Cal Dental Program sa **1-800-322-6384** (TTY **1-800-735-2922** o **711**). Maaari mo ring bisitahin ang website ng Medi-Cal Dental Program sa <https://www.dental.dhcs.ca.gov> (sa Ingles) o <https://smilecalifornia.org/> (sa Ingles).

Mga Inireresetang Gamot para sa Outpatient na Sinasakop ng Medi-Cal Rx

Ang mga inireresetang gamot na ibinigay ng parmasya para sa outpatient ay sinasakop ng Medi-Cal Rx, na bahagi ng FFS Medi-Cal. Kung nagrereseta ng mga gamot ang iyong provider na ibinigay sa tanggapan ng doktor, infusion cente, maaaring ituring ang mga ito bilang mga gamot na ibinigay ng doktor. Basahin ang “Mga therapy sa paggamot” sa Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo”, para sa higit pang impormasyon sa mga gamit na ibinigay ng doktor na sinasakop namin. Maaari mo ring alamin pa ang tungkol sa mga inireresetang gamot na sinasakop namin sa “Mga inireresetang gamot para sa outpatient na sinasakop ng Kaiser Permanente” sa kabanata na ito.

Listahan ng Mga Gamot sa Kontrata ng Medi-Cal Rx (“CDL”)

Ang Listahan ng Mga Gamot sa Kontrata ng Medi-Cal ay ang listahan ng mga gamot kasama ang mga gamot na kailangan ng paunang pag-apruba mula sa Medi-Cal Rx. Masasabi sa iyo ng iyong provider kung ang gamot ay nasa Listahan ng Mga Gamot sa Kontrata ng Medi-Cal Rx. Upang masakop ng Medi-Cal Rx, dapat nasa Listahan ng Mga Gamot sa Kontrata ng Medi-Cal (Contract Drugs List, “CDL”) o dapat maagang naaprubahan ng Medi-Cal Rx para sa iyo. Masasabi sa iyo ng iyong provider kung nasa CDL ng Medi-Cal Rx ang isang gamot.

Minsan, maaaring kailanganin mo ng isang item na wala sa Listahan ng Mga Gamot sa Kontrata. Kailangan ng pag-apruba ang mga gamot na ito bago mo maaaring papunan ang reseta sa parmasya. Susuriin ng Medi-Cal Rx at pagpapasyahan ang mga kahilingan na ito sa loob ng 24 na oras.

- Maaari kang bigyan ng iyong pharmacist sa parmasya para sa outpatient ng 14 na araw na pang-emergency na supply kung sa tingin nila ay kailangan mo ito. Babayaran ng Medi-Cal Rx ang pang-emergency na gamot na ibinigay ng isang parmasya para sa outpatient.
- Maaaring tanggihan ng Medi-Cal Rx ang isang kahilingan na hindi pang-emergency. Kung tatanggi sila, padadalhan ka nila ng sulat upang sabihin sa iyo kung bakit. Sasabihin nila sa iyo ang iyong mga pagpipilian. Para alamin pa,



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

basahin ang “Mga reklamo” sa Kabanata 6, “Pangangalaga sa walang sakit na bata at kabataan”, ng handbook ng Miyembro na ito.

Para malaman kung ang isang gamot ay nasa Listahan ng Mga Gamot sa Kontrata o para makakuha ng kopya ng Listahan ng Mga Gamot sa Kontrata, tumawag sa Customer Service ng **Medi-Cal Rx** asa **1-800-977-2273** (TTY **1-800-977-2273**) at pindutin ang **7** o **711**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Maaari mo ring bisitahin ang website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/> (sa Ingles).

Mga Parmasya ng Medi-Cal Rx

Kung papupunan mo o muling papunan ng gamot ang isang reseta, dapat mong kunin ang iyong mga inireresetang gamot mula sa isang parmasya na nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx. Ang lahat ng parmasya ng Kaiser Permanente para sa outpatient sa California ay nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx. Mahahanap mo ang listahan ng mga parmasya na nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx sa Direktoryo ng Parmasya ng Medi-Cal Rx sa: <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/> (sa Ingles)

Maaari ka ring tumawag sa Customer Service ng Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273** (TTY **1-800-977-2273**) at pinipindot ang **7** o **711**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Kapag nakapili ka parmasya, maaaring magpadala ng reseta ang iyong provider sa iyong parmasya sa elektronikong paraan. Maaari ring bigyan ka ng iyong provider ng nakasulat na reseta para dalhin sa iyong parmasya. Ibigay sa parmasya ang iyong reseta kasama ang iyong ID Card ng mga Benepisyong sa Medi-Cal (“BIC”) at ang iyong ID card ng Kaiser Permanente. Siguraduhing alam ng parmasya ang lahat ng gamot na iyong iniinom at anumang alerhiya na mayroon ka. Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa iyong reseta, tanungin ang pharmacist.

Maaari kang makakuha ng tulong sa transportasyon mula sa aminupang makapunta sa parmasya para kunin ang iyong gamot. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa heading na “Mga serbisyo ng transportasyon para sa mga sitwasyon na hindi mga emergency” sa unang bahagi sa Kabanata 4, “Mga benepisyong at serbisyo”, ng Handbook ng Miyembro na ito.

Mga serbisyo sa kalusugan ng isip na kailangan ng espesyalidad (“SMHS”)

Ang ilang mga serbisyo sa kalusugan ng isip na kailangan ng espesyalidad ay sinasakop ng mga plano ng county sa kalusugan ng isip sa halip namin. Kasama ang SMHS para



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

sa Mga Miyembro ng Medi-Cal na natutugunan ang mga panuntunan para sa SMHS. Kasama sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip na kailangan ng espesyalidad ang mga sumusunod:

Mga serbisyong pang-outpatient

- Mga serbisyo sa kalusugan ng isip
- Mga serbisyo ng suporta sa gamot
- Mga masusing serbisyo para sa paggamot sa araw
- Day rehabilitation services
- Mga serbisyo para sa pamamagitan sa krisis
- Mga serbisyo sa pagpapatatag sa krisis
- Pamamahala ng partikular na kaso
- Angserbisyo para gamutin ang pag-uugali na sakop (para sa mga miyembro na wala pang 21)
- Pangangasiwa ng masusing pangangalaga (Intensive care coordination, “ICC”)
- Masusing mga serbisyo sa tahanan (Intensive home-based services, “IHBS”) (para sa mga miyembro na wala pang 21)
- Gumagamot na pangangalaga mula sa bahay ampunan (Therapeutic foster care, “TFC”) na sakop (para sa mga miyembro na wala pang 21)
- Mga serbisyo ng mobile crisis
- Mga Serbisyo para sa Peer Support (Peer Support Services, “PSS”) (opsyonal)

Mga serbisyong pantahanan

- Mga serbisyong pantahanan na paggamot sa nasa hustong gulang at mga bata
- Mga serbisyong pantahanan para sa paggamot sa krisis

Mga serbisyong para sa inpatient

- Mga serbisyo ng ospital sa inpatient para sa sakit sa isip
- Mga serbisyo ng pasilidad para sa sakit sa isip

Para alamin pa ang tungkol sa mga serbisyo ng kalusugan ng isip na kailangan ng espesyalidad sa iyong county, maaaring mong tawagan ang county. Para mahanap ang lahat ng libreng mga numero ng telepono ng mga county sa online, pumunta sa dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx (sa Ingles).



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Mga serbisyo ng paggamot sa sakit mula sa pang-aabuso sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak

Hinihikayat namin ang mga Miyembro na gustong tumulong tungkol sa pag-abuso sa pag-inom ng alak o iba pang pag-abuso sa paggamit ng droga para makakuha ng pangangalaga. Ang mga serbisyo para sa paggamot sa sakit mula sa pang-aabuso sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak ay available mula sa mga provider ng pangkalahatang pangangalaga tulad ng pangunahing pangangalaga, mga ospital para sa inpatient, at mga pang-emergency na departamento, at mula sa mga provider ng mga serbisyo sa pang-aabuso sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak na kailangan ng espesyalidad. Madalas nagbibigay ng mga serbisyo na kailangan ng espesyalidad ang mga Plano ng County sa Kalusugan ng Isip.

Ang mga miyembro ng Kaiser Permanente ay maaaring magkaroon ng assessment para itugma ang mga ito sa mga serbisyo na pinakaakma sa kanilang mga pangangailangan at kagustuhan sa kalusugan. Kapag kinakailangan sa paggamot, kasama sa mga serbisyong available ang paggamot para sa outpatient, residensyal na paggamot, at mga gamot para sa paggamot sa sakit mula sa pang-aabuso sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak (tinatawag ding Paggamot sa Tulong ng Gamot (Medication Assisted Treatment, “MAT”) tulad ng buprenorphine, methadone, at naltrexone. Magbibigay o mag-aayos kami para ibigay ang MAT sa pangunahing pangangalaga, mga ospital para sa inpatient, pang-emergency na mga departamento, at iba pang mga medikal na setting.

Ang county ay nagbibigay ng mga serbisyo ng paggamot sa sakit mula sa pang-aabuso sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak sa mga miyembro ng Medi-Cal na kwalipikado para sa mga serbisyong ito. Ang mga miyembrong matutukoy para sa mga serbisyo sa paggamot mula sa pang-aabuso sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak ay nire-refer sa departamento ng kanilang county para gamutin.

Para sa listahan ng lahat ng numero ng telepono ng mga county pumunta sa https://dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUD_County_Access_Lines.aspx (sa Ingles).

1915(c) Mga Serbisyo ng waiver sa Bahay at Komunidad

Ang anim na waiver ng Medi-Cal 1915(c) ay pinapayagan ang estado na magbigay ng mga serbisyo sa mga tao na dili kaya'y kailangan ng pangangalaga sa isang nursing facility o ospital sa komunidad na setting ng kanilang pipiliin. Ang Medi-Cal ay mayroong kasunduan sa Pederal na Gobyerno na pinapayagan ang mga serbisyo ng waiver na i-offer sa pribadong tahanan o setting sa komunidad na parang tahanan.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Ang mga serbisyong ibinibigay sa ilalim ng mga waiver ay dapat hindi hihigit ang halaga sa alternatibong antas ng pangangalaga ng institusyon. Ang mga tatanggap ng HCBS Waiver ay dapat may buong saklaw ng Medi-Cal.

Ang ilang 1915(c) waiver ay mayroong limitadong availability sa Estado ng California at/o maaaring may waitlist. Ang anim na waiver ng Medi-Cal 1915(c) ay:

- California Assisted Living Waiver (“ALW”)
- California Self-Determination Program (“SDP”) Waiver para sa mga Indibiduwal na mayroong mga Kapansanan sa Paglaki
- HCBS Waiver for Californians with Developmental Disabilities (“HCBS-DD”)
- Home and Community-Based Alternatives (“HCBA”) Waiver
- Medi-Cal Waiver Program (MCWP), dating tinatawag na Human Immunodeficiency Virus/Acquired Immune Deficiency Syndrome (“HIV/AIDS”) Waiver
- Multipurpose Senior Services Program (“MSSP”)

Para alamin pa ng tungkol sa Mga Medi-Cal Waiver, pumunta sa <https://www.dhcs.ca.gov/services/Pages/HCBSWaiver.aspx> (sa Ingles). O tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**).

In-Home Supportive Services (IHSS)

Ang In-Home Supportive Services (“IHSS”) program ay nagbibigay ng sa tahanan, tulong sa personal na pangangalaga bilang alternatibong sa pangangalaga sa labas ng tahanan sa mga kwalipikadong tao ng Medi-Cal, kasama ang mga matatanda, bula, at/o may kapansanan. Pinapahintulutan ng IHSS ang mga tumatanggap na manatiling ligtas sa kanilang mga sariling tahanan. Dapat sumang-ayon ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan na kailangan mo ng tulong sa personal na pangangalaga sa tahanan at ikaw ay nasa panganib ng paglalagay sa pangangalaga sa labas ng tahanan kung hindi ka nakakuha ng mga serbisyo ng IHSS. Ang IHSS program ay magsasagawa rin ng pag-assess ng mga pangangailangan.

Para alamin pa ang tungkol sa IHSS na available sa iyong county, pumunta sa <https://www.cdss.ca.gov/inforesources/ihss> (sa Ingles). O tawagan ang iyong lokal na ahensiya ng mga serbisyong panlipunan ng county.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Mga serbisyo ng pagtatasa ng Lokal na Ahensya sa Edukasyon (“LEA”)

Hindi responsable ang Planong Pangkalusugan para sa coverage para sa mga serbisyo ng pagsusuri gaya ng tinukoy sa Titulo 22 CCR Seksyong 51360(b) kapag ibinibigay sa Miyembrong kwalipikado na para sa mga serbisyo ng Lokal na Ahensya ng Edukasyon (Local Education Agency, LEA) batay sa Titulo 22 Alituntunin ng mga Regulasyon ng California (California Code of Regulations, CCR) Seksyong 51190.1.

Mga serbisyo ng LEA kaugnay sa mga IEP at IFSP

Hindi responsable ang Planong Pangkalusugan sa coverage para sa mga serbisyo ng LEA na ibinibigay alinsunod sa Pang-individuwal na Planong Pang-edukasyon (Individualized Education Plan, IEP) gaya ng nakasaad sa Seksyon 56340 at mga kasunod ng Kodigo ng Edukasyon o Pang-individuwal at Pampamilyang Plano ng Serbisyo (Individualized Family Service Plan, IFSP) gaya ng nakasaad sa 95020 ng Kodigo ng Pamahalaan, o mga serbisyo ng LEA sa ilalim ng Pang-individuwal na Plano para sa Kalusugan at Suporta (Individualized Health and Support Plan, IHSP), gaya ng inilarawan sa Titulo 22 CCR Seksyon 51360.

Mga serbisyo ng laboratoryo na ibinibigay sa ilalim ng serum alpha-fetoprotein testing program ng Estado

Ang coverage para sa mga serbisyo sa ilalim ng serum alpha-fetoprotein testing program ng Estado ay sa pamamagitan ng FFS na Medi-Cal.

Pang-umagang Pangangalagang Pangkalusugan sa Mga Bata

Ang coverage para sa mga serbisyo sa pang-umagang pangangalagang pangkalusugan sa mga bata ay sa pamamagitan ng FFS na Medi-Cal. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong county para sa higit pang impormasyon sa kung paano ma-access ang mga serbisyong ito.

Dasal o ispirituwal na pagpapagaling

Ang mga serbisyo ng dasal o ispirituwal na pagpapagaling gaya ng tinukoy sa Titulo 22 Seksyon 51312 ng CCR ay makukuha sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong county para sa higit pang impormasyon sa kung paano ma-access ang mga serbisyong ito.

Mga serbisyo sa pamamahala ng partikular na kaso

Mga serbisyo sa pamamahala ng kaso ng partikular na individuwal o grupo gaya ng tinutukoy sa Titulo 22 ng Seksyon 51185 at 51351 ng CCR ay sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong county para sa higit pang impormasyon sa kung paano ma-access ang mga serbisyong ito.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Mga serbisyo na hindi sinasakop ng Kaiser Permanente o ng Medi-Cal

Hindi sasakupin ng Medi-Cal ang ilang serbisyo. Sa mga sitwasyong ito, hindi rin naming masasakop ang mga ito. Inilalarawan ng seksyon na ito ang mga serbisyo na hindi namin sasakupin o ng Medi-Cal. Basahin ang bawat isa sa mga seksyong nasa ibaba upang malaman pa o tumawag sa aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**

Mga partikular na eksaminasyon at mga serbisyo

Hindi kasama sa coverage ng Medi-Cal ang mga eksaminasyon at serbisyo na kinakailangan upang:

- Makakuha o pumirmi sa isang trabaho
- Makakuha ng insurance
- Para makakuha ng anumang uri ng lisensya
- Sa pamamagitan ng utos ng hukuman, o kung para sa parole o probation

Hindi naaangkop ang pagbubukod na ito kung malalaman ng doktor na nasa network na ang mga serbisyo ay Kinakailangan sa Paggamot.

Mga item na para sa kaginhawaan o kombinyente

Hindi kasama sa coverage ng Medi-Cal ang mga kagamitan o feature na para sa kaginhawaan, kombinyente o karangyaan. Kasama rito ang mga item na para lamang sa kaginhawaan o kombinyente ng isang Miyembro, a miyembro ng pamilya ng Miyembro, o provider ng pangangalagang pangkalusugan ng Miyembro. Hindi naaangkop ang hindi pagsasama na ito sa mga retail-grade na breast pump na ibinibigay sa mga babae pagkatapos ng pagbubuntis. Hindi naaangkop ang hindi pagsasama na ito sa mga item na inaprubahan ng Mga Suporta sa Komunidad para sa iyo. Para sa impormasyon sa Community Support, pumunta sa heading na iyon sa unang bahagi ng kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo”, ng Handbook ng Miyembro na ito.

Mga serbisyong pangkosmetiko

Hindi kasama sa coverage ng Medi-Cal ang mga serbisyo upang baguhin ang iyong hitsura (kabilang ang pag-oopera sa mga normal na bahagi ng iyong katawan upang baguhin ang hitsura mo). Hindi naaangkop ang hindi pagsasamang ito sa mga sinasakop na artipisyal na kagamitan:



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

- Mga testicular implant na ikinabit bilang bahagi ng sinasakop na pag-oopera para ibalik sa dating hitsura
- Mga prosthesis para sa suso na kinakailangan pagkatapos ng mastectomy (pag-alis ng suso) o lumpectomy (pag-alis ng bukol sa suso)
- Mga prosthesis para palitan ang lahat o bahagi ng panlabas na bahagi ng mukha

Mga disposable na supply

Hindi kasama sa coverage ng Medi-Cal ang mga sumusunod na disposable na supply para gamitin sa tahanan: mga bendahe, gasa, tape, mga antiseptiko, pantakip sa sugat, at mga Ace-type na bendahe. Hindi naaangkop ang hindi pagsasamang ito sa mga disposable na supply na ibinibigay bilang bahagi ng mga sumusunod na benepisyo na inilarawan sa Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo”, ng Handbook ng Miyembro na ito:

- Paggamot gamit ang dialysis/hemodialysis
- Matibay na kagamitang medikal
- Pangangalagang pangkalusugan sa bahay
- Pangangalaga ng hospice at pangangalaga para sa pagpapaghinawa ng pananakit
- Mga medikal na supply, kagamitan, at mga appliance
- Mga inireresetang gamot

Mga serbisyong sinusubukan pa lang

Ang mga serbisyong sinusubukan pa lang ay mga gamot, kagamitan, pamamaraan o serbisyo na sinusubukan sa isang laboratoryo o sa mga hayop, ngunit hindi pa handang subukan ang mga ito sa mga tao. Hindi kasama sa coverage ng Medi-Cal ang mga serbisyo na sinusubukan pa lang.

Mga serbisyo sa kakayahang magkaanak

Hindi kasama sa coverage ng Medi-Cal ang mga serbisyo upang tulungan ang isang tao na mabuntis, kasama ang mga serbisyo sa kakayahang magkaanak, artificial insemination, at mga serbisyo ng assisted reproductive technology. Hindi sinasakop ng Medi-Cal ang mga serbisyo sa pagpapanatili ng kakayahang magkaanak.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Paggamot para sa pagkalagas o pagpapatubo ng buhok

Hindi kasama sa coverage ng Medi-Cal ang mga item at serbisyo para sa pagpapatubo, pag-iwas, o iba pang paggamot ng pagkalagas ng buhok o pagpapatubo ng buhok.

Mga item at serbisyo na hindi mga item at serbisyo na para sa pangangalagang pangkalusugan

Hindi kasama sa coverage ng Medi-Cal ang mga item na hindi mga item o mga serbisyo para sa pangangalagang pangkalusugan maliban kung inaprubahan ang mga ito para sa iyo ng Mga Suporta ng Komunidad o inaprubahan para sa iyo ng Matibay na Kagamitang Medikal. Halimbawa, hindi na sinasakop ang:

- Pagtuturo ng wastong asal at gawi
- Pagtuturo at pansuportang serbisyo upang makabuo ng mga kasanayan sa pagpapalano gaya ng pagpapalano ng pang-araw-araw na aktibidad at pagpapalano ng gawain
- Mga item at serbisyo para sa layunin na dagdagan ang pang-akademikong kaalaman o kasanayan
- Pagtuturo at pansuportang serbisyo upang madagdagan ang talino
- Pang-akademikong pagtuturo para sa mga kasanayan katulad ng gramatika, matematika at pangangasiwa ng oras
- Pagtuturo sa iyong magbasa, ikaw man ay mayroong dyslexia o wala
- Pang-edukasyon na pagsusuri
- Pagtuturo ng sining, pagsasayaw, pagsakay ng kabayo, musika, dula o paglangoy, maliban na lang kung ang pagbubukod na ito para sa “pagtuturo ng dula” ay hindi naaangkop sa mga serbisyo na bahagi ng isang plano sa paggamot sa pamamagitan ng therapy ng pag-uugali at sinasakop sa ilalim ng “Paggamot sa Kalusugan ng Pag-uugali” sa Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo”, ng Handbook ng Miyembro na ito
- Pagtuturo ng mga kakayahan para sa trabaho o bokasyonal na layunin
- Bokasyonal na pagsasanay o pagtuturo ng mga bokasyonal na kakayahan
- Mga kurso sa propesyonal na pag-unlad
- Pagsasanay para sa isang partikular na trabaho o pagpapayo sa trabaho



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

- Mga pagbabago sa iyong tahanan o kotse, maliban kung ang mga ito ay mga pansamantalang pagbabago na tinutukoy bilang Kinakailangan sa Paggamot o inaprubahan ng Mga Suporta ng Komunidad para sa iyo
- Therapy na nangangailangan ng pagbababad sa tubig at iba pang therapy na gumagamit ng tubig. Ang pagbubukod na ito para sa therapy na nangangailangan ng pagbababad sa tubig at iba pang therapy na gumagamit ng tubig ay hindi naaangkop sa mga serbisyo ng therapy na bahagi ng isang plano sa paggamot sa pamamagitan ng physical therapy at sinasakop bilang bahagi ng mga sumusunod na benepisyo sa Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo”, ng Handbook ng Miyembro na ito
 - Pangangalagang pangkalusugan sa bahay
 - Pangangalaga ng hospice at pangangalaga para sa pagpapaginhawa ng pananakit
 - Mga serbisyo para sa rehabilitasyon at para pahasayin ang mga kakayahan sa pagga
 - Mga serbisyo ng skilled nursing facility

Therapy na masahe

Hindi kasama sa coverage ng Medi-Cal ang therapy na masahe. Hindi naaangkop ang pagbubukod na ito sa mga serbisyo ng therapy na bahagi ng plano ng paggamot gamit ang physical therapy at sakop bilang bahagi ng mga sumusunod na benepisyo sa Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo”, ng Handbook ng Miyembro na ito:

- Pangangalagang pangkalusugan sa bahay
- Pangangalaga ng hospice at pangangalaga para sa pagpapaginhawa ng pananakit
- Mga serbisyo para sa rehabilitasyon at para pahasayin ang mga kakayahan sa paggana

Mga serbisyo sa personal na pangangalaga

Hindi kasama sa coverage ng Medi-Cal ang mga serbisyo na hindi Kinakailangan sa Paggamot, tulad ng tulong sa mga aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay (halimbawa: paglalakad, paghiga at pagbangon ng kama, paliligo, pagbibihis, pagkain, paggamit ng banyo, at pag-inom ng gamot). Hindi naaangkop ang pagbubukod na ito sa tulong sa mga aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay na ibinibigay bilang bahagi ng coverage na inilalarawan sa ilalim ng mga sumusunod na seksyon:

- Pangangalaga ng hospice at pangangalaga para sa pagpapaginhawa ng pananakit



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

- Mga pangmatagalang serbisyo at suporta
- Pangangalaga sa skilled nursing/intermediate/subacute facility
- Mga Suporta sa Komunidad

Pagbabalik ng kakayahang magkaanak

Hindi kasama sa coverage ng Medi-Cal ang mga serbisyo upang baliktarin ang boluntaryong pag-oopera para sa pagpigil sa pagbubuntis.

Mga item at serbisyo para sa regular na pangangalaga ng paa

Hindi kasama sa coverage ng Medi-Cal ang mga item at serbisyo para sa pangangalaga ng paa na hindi Kinakailangan sa Paggamot..

Mga serbisyong hindi inaprubahan ng pederal na Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot

Hindi kasama sa coverage ng Medi-Cal ang mga gamot, suplemento, pagsusuri, bakuna, kagamitan, radioactive na materyal at anumang iba pang mga serbisyo na ayon sa batas ay nangangailangan ng pag-apruba mula sa pederal na Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot (Food and Drug Administration, “FDA”) upang maibenta sa Estados Unidos ngunit hindi inaprubahan ng FDA. Hindi naaangkop ang hindi pagsasamang ito sa mga sumusunod na sitwasyon:

- Sinasakop na Pangangalagang Pang-emergency na natanggap sa Canada o Mexico
- Mga serbisyong sinasakop sa “Mga Klinikal na Pagsubok” sa Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo”, ng Handbook ng Miyembro na ito
- Mga serbisyong ibinibigay bilang bahagi ng mga sakop na serbisyong sinisiyasat pa lang gaya ng inilarawan sa Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo”, ng Handbook ng Miyembro na ito

Mga serbisyong isinasagawa ng mga hindi lisensyadong tao

Pangkalahatang hindi kasama sa coverage ng Medi-Cal ang mga serbisyo na isinasagawa nang ligtas at mahusay ng mga taong hindi kailangan ng mga lisensya o sertipiko mula sa estado upang magbigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at kung saan ang kondisyon ng Miyembro ay hindi nangangailangan ng mga serbisyong ibinibigay ng isang lisensyadong provider ng pangangalagang pangkalusugan.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Hindi naaangkop ang hindi pagsasama na ito sa mga sumusunod:

- Mga serbisyong sinasakop ilalim ng heading na “Mga paggamot ng kalusugan ng pag-uugali” sa “Mga serbisyo para sa rehabilitasyon at pahasayin ang mga kakayahan sa paggana” sa Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo”, ng Handbook ng Miyembro na ito.
- Mga sakop na Suporta ng Komunidad na inaprubahan para sa iyo.
- Mga sakop na serbisyo ng doula
- Mga sakop na Suporta ng Komunidad na inaprubahan para sa iyo.

Mga serbisyo na kaugnay sa hindi mga sakop na serbisyo

Kapag hindi sinasakop ang isang serbisyo, hindi isinasama ang lahat ng serbisyong may kaugnayan sa mga serbisyong hindi sinasakop. Hindi naaangkop ang hindi pagsasama na ito sa paggamot ng mga kumplikasyon na nagreresulta sa mga hindi Sakop na Serbisyo kung hindi masasakop ang mga kumplikasyon na iyon ng Medi-Cal. Halimbawa, kung mayroon kang pangkosmetikong pag-oopera na hindi sinasakop, hindi namin sasakupin ang mga serbisyong nakukuha mo para maghanda para sa pag-oopera o para sa follow-up na pangangalaga. Kung sa kalaunan ay makakaranas ka ng komplikasyon na nakamamatay tulad ng malubhang impeksiyon, hindi maaangkop ang hindi pagsasamang ito at sasakupin namin ang mga serbisyong kailangan upang gamutin ang komplikasyon, basta't ang mga serbisyo ay sinasakop ng Medi-Cal.

Pamamahala ng kaso tungkol sa pagkalason sa tingga ng mga kagawaran ng kalusugan ng county

Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong county para sa higit pang impormasyon sa mga serbisyo para sa pamamahala ng kaso tungkol sa pagkalason sa tingga.

Pagsusuri ng mga bago at dati nang teknolohiya

Ang Kaiser Permanente ay may mahigpit na proseso para sa pagsubaybay at pagsusuri ng pangklinikang ebidensiya para sa bagong mga teknolohiyang medikal na mga paggamot at mga pagsubok. Nagpapasya ang mga doktor na nasa network kung ang mga bagong teknolohiyang pangmedikal na sinasabing ligtas at mabisa sa naka-publish na mga klinikal na pag-aaral na sinuri ng mga kasamahan ay naaangkop sa paggamot ng kanilang mga pasyente.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

5. Pangangalaga sa walang sakit na bata at kabataan

Ang mga bata at kabataang miyembro na wala pa sa edad na 21 taong gulang ay maaaring makakuha ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugan kapag nag-enroll sila. Tinitiyak nito na nakukuha nila ang mga tamang serbisyo para sa pag-iwas sa sakit, ngipin, at pangangalaga sa kalusugan ng isip, kasama ang paglaki at mga serbisyo na kailangan ng espesyalidad. Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga serbisyong ito.

Medi-Cal para sa Mga Bata at Teenager

Sinasakop para sa kinakailangang pangangalaga ang mga miyembro na wala pang 21 taong gulang nang libre. Kasama sa listahan ang mga serbisyong Kinakailangan sa Paggamot upang gamutin o pangalagaan ang mga depekto at mga pisikal o pangkaisipan na diyagnosis. Kasama sa mga sakop na serbisyo ang, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

- Mga pagpapatingin ng walang sakit na bata at mga check-up ng teenager (mga mahalagang pagpapatingin na kailangan ng mga bata)
- Mga pagbabakuna (mga iniksyon)
- Pagsusuri at paggamot ng kalusugan ng pag-uugali
- Pag-evaluate at paggamot ng kalusugan ng isip, kasama ang psychotherapy na pang-individuwal, panggrupo at pampamilya (sinasakop ng county ang serbisyo sa kalusugan ng isip na kailangan ng espesyalidad (specialty mental health services, “SMHS”)
- Screening para sa mga hindi magandang karanasan sa pagkabata (Adverse childhood experiences, “ACE”)



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY 711). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

5 | Pangangalaga sa walang sakit na bata at kabataan

- Pinahusay na Pamamahala ng Pangangalaga (Enhanced Care Management, ECM) para sa Children and Youth Mga Populasyon na Pinagtutunan ng Pansin (Populations of Focus, POF) plano sa pinapamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal [managed care plan, “MCP”] na benepisyo)
- Mga pagsusuri ng laboratoryo, kasama ang screening ng dugo para sa pagkalason sa tingga
- Edukasyong pangkalusugan at para sa pag-iwas sa sakit
- Mga serbisyo para sa paningin
- Mga serbisyo sa ngipin (sinasakop ng FFS Medi-Cal Dental o Pinamamahalaang Pangangalaga sa Ngipin)
- Mga serbisyo sa pandinig (sinasakop ng Whole Child Model para sa mga kwalipikadong bata). Sasakupin namin ang mga serbisyo sa pandinig na Kinakailangan sa Paggamot na hindi sinasakop ng Whole Child Model o CCS)
- Mga Serbisyo sa Kalusugan sa Tahanan, tulad ng pangangalaga ng pribadong naka-duty na nars (private duty nursing, PDN), occupational therapy, physical therapy, at medikal na kagamitan at mga suppl

Ang mga serbisyong ito ay tinatawag na Medi-Cal para sa Mga Bata at Teenager (kilala rin bilang mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diyagnostiko at Paggamot [Early and Periodic Screening, Diagnostic and Treatment, “EPSDT”]).

Karagdagang impormasyon para sa mga miyembro tungkol sa Medi-Cal para sa Mga Bata at Teenager ay makikita dito, <https://www.dhcs.ca.gov/services/Medi-Cal-For-Kids-and-Teens/Pages/Member-Information.aspx> (sa Ingles).

Sinasakop nang libre ang mga serbisyo ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Teenager na inirerekomenda ng mga alituntunin ng Bright Futures ng mga pediatrician upang tulungan ka, o ang iyong anak, na manatiling malusog. Basahin ang mga alituntunin ng Bright Futures, pumunta sa https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf (sa Ingles).

Pinahusay na Pamamahala ng Pangangalaga (“ECM”)

Ang Pinahusay na Pamamahala ng Pangangalaga (“ECM”) ay isang benepisyo ng plano sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal (“MCP”) na available sa lahat ng county ng California para suportahan ang komprehensibong pamamahala ng pangangalaga para sa mga miyembro ng MCP na may mga kumplikadong pangangailangan.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY 711). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

5 | Pangangalaga sa walang sakit na bata at kabataan

Dahil ang mga bata at kabataan na may mga kumplikadong pangangailangan ay madalas na pinagseserbisuhan ng isa o mahigit na case manager o iba pang mga provider sa loob ng fragmented delivery system, nagbibigay ang ECM ng pangangasiwa sa pagitan ng mga system. Ang Children and Youth Populations of Focus na karapat-dapat para sa benepisyong ito kasama ang:

- Mga Bata at Kabataan na Nakakaranas ng Walang Tirahan
- Mga Bata at Kabataan na nasa Panganib para sa Avoidable Hospital o Emergency Department (“ED”) Utilization
- Mga Pangangailangan ng Mga Bata at Kabataan na May Malubhang Kalusugan ng Isip at/o Sakit Pagkalulong sa Droga at Alak (Substance Use Disorder, “SUD”)
- Mga Bata at California Children’s Services, (CCS) o CCS Whole Child Model (“WCM”) na May Karagdagang Pangangailangan na Lampas sa Kondisyon ng CCS
- Mga Bata at Kabataan na Kabilang sa Kapakanan ng Bata

Ang karagdagang impormasyon sa ECM ay makikita rito: <https://www.dhcs.ca.gov/CalAIM/ECM/Documents/ECM-Children-And-Youth-POFs-Spotlight.pdf> (sa Ingles)

Dagdag pa rito, ang mga ECM Lead Care Manager ay mahigpit na hinihikayat na i-screen ang mga miyembro ECM para sa mga pangangailangan para sa mga serbisyo ng Community Supports na ibinibigay ng mga MCP bilang sulit na mga alternatibo sa tradisyonal na mga medikal na serbisyo o setting at i-refer sa mga Community Supports kapag karapat-dapat at available. Ang mga bata at kabataan ay maaaring magbenepisyo mula sa maraming serbisyo ng Community Supports, kasama ang remedyo sa hika, pag-navigate ng pabahay, medikal na respite, at mga sobering center.

Ang Community Supports ay mga serbisyo na ibinibigay ng mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal (“MCP”) at available mga karapat-dapat na miyembro ng eligible Medi-Cal anuman kung kwalipikado sila para sa mga serbisyo ng ECM.

Ang higit pang impormasyon sa Community Supports ang makikita dito: <https://www.dhcs.ca.gov/CalAIM/Documents/DHCS-Medi-Cal-Community-Supports-Supplemental-Fact-Sheet.pdf> (sa Ingles)

Ang ilang available na serbisyo sa pamamagitan ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Kabataan, tulad ng PDN, ay itinuturing mga karagdagang serbisyo. Hindi available ang



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY 711). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

5 | Pangangalaga sa walang sakit na bata at kabataan

mga ito sa mga miyembro ng Medi-Cal may edad 21 at mas matanda. Para panatilihin libre ang mga serbisyong ito, kailangan mo o ng iyong anak na mag-enroll sa 1915(c) Home and Community-Based Services (Home and Community-Based Services, “HCBS”) na waiver o iba pang Pangmatagalang Mga Suporta at Serbisyo (Long-Term Services and Supports, “LTSS”) sa o bago mag-edad ng 21.

Kung nakakakuha ka o ang iyong anak ng mga karagdagang serbisyo sa pamamagitan ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Teenager at malapit ng maging 21 taong gulang, kontakin ang Kaiser Permanente para pag-usapan ang mga pagpipiliin para sa patuloy na pangangalaga choices for continued care.

Mga check-up ng kalusugan ng anak na walang sakit at pangangalaga na pang-iwas sa sakit

Kasama sa pangangalaga na pang-iwas sa sakit ang mga regular na check-up ng kalusugan at mga screening upang tulungan ang iyong doktor na maagang makita ang mga problema, at mga serbisyo ng pagpapayo upang makita ang mga karamdaman, sakit, o mga medikal na kondisyon bago pa man magdulot ng mga problema ang mga ito. Ang mga regular na check-up ay tinutulungan ka o ang doktor ng iyong anak na makita ang anumang problema. Maaaring kasama sa mga problema ang mga pangmedikal, pangngipin, para sa paningin, pandinig, kalusugan ng isip, at anumang karamdaman mula sa pang-aabuso sa paggamit ng (alak o droga). Sinasakop namin ang mga check-up upang ma-screen ang mga problema (kabilang ang pagsusuri ng lebel ng tingga sa dugo) anumang oras na kailangan ng mga ito, kahit na hindi sa oras ng regular na check-up mo o ng iyong anak.

Kasama rin sa pangangalaga na pang-iwas sa sakit ang mga bakuna (mga iniksyon) na kailangan mo o ng iyong anak. Dapat naming tiyakin na bago ang lahat ng naka-enroll na bata sa lahat ng bakuna (mga iniksyon) na kailangan nila kapag nagpapatilingin sila sa kanilang PCP. Makukuha ang mga serbisyo ng pang-iwas sa sakit at mga screening nang libre at walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Dapat magpa-check up ang iyong anak sa mga edad na ito:

- 2-4 na araw matapos maipanganak
- 1 buwan
- 2 buwan
- 4 na buwan
- 6 na buwan



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

5 | Pangangalaga sa walang sakit na bata at kabataan

- 9 na buwan
- 12 buwan
- 15 buwan
- 18 buwan
- 24 na buwan
- 30 buwan
- Isang beses sa isang taon mula 3 hanggang 20 taong gulang

Kasama sa mga check-up ng kalusugan ng walang sakit na bata ang:

- Kumpletong kasaysayan at pisikal na eksaminasyon mula ulo hanggang paa
- Mga bakuna para sa naaangkop sa edad (mga iniksyon) (Sinusunod ng California ang iskedtyul ng American Academy of Pediatrics Bright Futures: https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf [sa Ingles])
- Mga pagsusuri ng laboratoryo, kasama ang screening ng dugo para sa pagkalason sa tingga
- Edukasyong pangkalusugan
- Screening ng paningin at pandinig
- Screening ng kalusugan ng bibig
- Pagsusuri ng kalusugan ng pag-uugali

Kung may makitang problema ang provider sa pangangalagang pangkalusugan sa pisikal o kalusugan ng isip mo o ng iyong anak sa check-up o screening, maaaring ikaw o ang iyong anak ay mangailangan ng medikal na pangangalaga. Sasakupin namin ang pangangalagang iyong nang libre, kasama ang:

- Pangangalaga ng doktor, nurse practitioner at ospital
- Mga bakuna (mga iniksyon) upang panatilihin kang malusog
- Mga therapy para sa katawan, pagsasalita at para maibalik ang dating paggana ng katawan
- Mga serbisyo sa kalusugan sa tahanan, kasama ang medikal na kagamitan, mga supply, at appliance
- Paggamot para sa mga problema sa paningin, kasama ang mga salamin sa mata



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles) **167**

5 | Pangangalaga sa walang sakit na bata at kabataan

- Paggamot para sa mga problema sa pandinig, kasama ang mga hearing aid kapag hindi sinasakop ang mga ito ng CCS
- Paggamot ng Kalusugan ng Pag-uugali para sa mga kondisyon sa kalusugan tulad ng autism spectrum na mga karamdaman, at iba pang mga kapansanan sa paglaki
- Pamamahala ng kaso at edukasyong pangkalusugan
- Pag-oopera upang ibalik ang dating hitsura o paggana, na pag-oopera para itama o ayusin ang mga hindi normal na istraktura ng katawan na dulot ng mga depekto pagkapanganak, mga abnormalidad sa paglaki, trauma, impeksiyon, mga bukol o sakit para pahusayin ang paggana o para gumawa ng normal na hitsura

Screening ng dugo para sa pagkalason sa tingga

Ang lahat ng bata na naka-enroll sa Kaiser Permanente ay dapat makakuha ng screening para sa pagkalason ng dugo sa tingga sa 12 at 24 na buwan ng edad o sa pagitan ng mga edad na 24 at 72 buwan ng edad kung hindi sila nasuri nang mas maaga. Ang mga bata ay maaaring makakuha ng screening para sa pagkalason ng dugo sa tingga kung humiling ang magulang o tagapag-alaga. Kailangang ma-screen ang mga bata kapag naniniwala ang doktor na nailagay sa panganib ng pagbabago sa buhay ang bata.

Tulong para makakuha ng mga serbisyo ng pangangalaga para sa walang sakit na anak at kabataan

Tutulungan namin ang mga miyembro na wala pang 21 taong gulang at ang kanilang mga pamilya na makuha ang mga serbisyong kailangan.

Ang tagapangasiwa ng pangangalaga ng Kaiser Permanente ay maaaring:

- Sabihin sa iyo ang mga serbisyo na maaaring makuha
- Tulong sa paghahanap ng Mga Provider na Nasa Network ng Medi-Cal o mga provider na Wala sa Network ng Medi-Cal, kapag kailangan



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

- Tulong para magpa-appointment
- Kumuha ng Pangmedikal at Hindi Pangmedikal na Transportasyon para makapunta ang mga bata sa kanilang mga appointment
- Tulong para mapangasiwaan ang pangangalaga para sa mga serbisyo na available sa pamamagitan ng May Bayad na Serbisyo (“FFS”) Medi-Cal, tulad ng, ngunit hindi limitado sa:
 - Paggamot at pang-rehabilitasyong mga serbisyo para sa kalusugan ng isip at mga sakit mula sa pang-aabuso sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak
 - Paggamot para sa mga problema sa ngipin, kasama ang pagtutuwid ng mga ngipin

Iba pang mga serbisyo na maaaring makuha ng mga bata sa pamamagitan ng May Bayad na Serbisyo (“FFS”) na Medi-Cal o iba pang mga programa

Mga check-up sa ngipin

Panatilihin malinis ang gilagid ng iyong sanggol sa pamamagitan ng dahan-dahang pagpunas sa gilagid gamit ang bimpo araw-araw. Mga 4 hanggang 6 na buwan, magsisimula ang “pagngingipin” dahil magsisimulang lumabas ang mga ngipin ng sanggol. Dapat kang magpa-appointment para sa unang pagpapatingin sa dentista ng iyong anak kapag lumabas na ang kanyang unang ngipin o sa kanyang unang kaarawan, alinman ang mauuna.

Ang mga serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal ay libre o mababa ang halaga para sa:

Mga sanggol na edad 0-3

- Unang pagpapatingin ng sanggol sa dentista
- Unang eksaminasyon ng ngipin ng sanggol
- Mga eksaminasyon ng ngipin (kada 6 na buwan at minsan higit pa)
- Mga X-ray
- Paglilinis ng ngipin (kada 6 na buwan, at minsan higit pa)
- Fluoride varnish (kada 6 na buwan at minsan higit pa)
- Mga filling



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

5 | Pangangalaga sa walang sakit na bata at kabataan

- Mga pagbunot (patanggal ng ngipin)
- Mga pang-emergency na serbisyo sa ngipin
- *Pagpapatulog (kung kinakailangan sa paggamot)

Mga bata na may edad na 4-12

- Mga eksaminasyon ng ngipin (kada 6 na buwan, at minsan higit pa)
- Mga X-ray
- Mga sealant sa bagang
- Mga filling
- Mga root canal
- Mga pagbunot (patanggal ng ngipin)
- Mga pang-emergency na serbisyo sa ngipin
- *Pagpapatulog (kung kinakailangan sa paggamot)
- Fluoride varnish (kada 6 na buwan, at minsan higit pa)
- Paglilinis ng ngipin (kada 6 na buwan, at minsan higit pa)

Kabataan mga edad 13-20

- Mga eksaminasyon ng ngipin (kada 6 na buwan, at minsan higit pa)
- Mga X-ray
- Fluoride varnish (kada 6 na buwan, at minsan higit pa)
- Paglilinis ng ngipin (kada 6 na buwan, at minsan higit pa)
- Pagtutuwid ng mga ngipin (mga brace) para sa mga kwalipikado
- Mga filling
- Mga crown
- Mga root canal
- Hindi kumpleto at kumpletong pustiso
- Scaling at root planning
- Mga pagbunot (patanggal ng ngipin)
- Mga pang-emergency na serbisyo sa ngipin
- *Pagpapatulog (kung kinakailangan sa paggamot)

*Dapat isaalang-alang ng mga provider na pagpapatulog at general anesthesia kapag matukoy nila at idokumento ang dahilan na ang local anesthesia ay hindi medikal na naaangkop, at ang paggamot ng ngipin ay maagang naaprubahan o hindi kailangang paunang pag-apruba (paunang pahintulot).



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles) **170**

Ito ay ilang dahilan na hindi maaaring gamitin ang local anesthesia at sa halip maaaring gamitin ang pagpapatulog o general anesthesia:

- Kondisyon sa katawan, pag-uugali, paglaki, o emosyonal na humahadlang sa pasyente na tumugon sa mga pagsubok ng provider na gawin ang paggamot
- Malaking mga procedure para sa pagbabalik sa dating ayos o kaugnay sa operasyon
- Bata na hindi nakikipagtulungan
- Malubhang impeksiyon sa lugar na pinag-iniksiyunan
- Hindi nakontrol ng lokal na anesthesia ang pananakit

Kung mayroon kang mga tanong o kung gusto mong malaman pa ang tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tawagan ang Medi-Cal Dental Program sa **1-800-322-6384** (TTY **1-800-735-2922** o **711**). O pumunta sa <https://smilecalifornia.org/> (sa Ingles).

Mga karagdagang serbisyo para sa referral tungkol sa edukasyon para makaiwas sa sakit

Kung nag-aalala kang na hindi nakikilahok at hindi natututo nang mabuti ang iyong anak sa paaralan, kausapin ang doktor, mga guro o mga administrator sa paaralan ng iyong anak. Dagdag pa sa iyong mga pangmedikal na benepisyo na sinasakop namin, may mga serbisyo na dapat ibigay ng paaralan upang tulungang matuto at hindi mapag-iwanan ang iyong anak.

Mga serbisyo na maaaring makatulong sa pagkatuto ng iyong anak ang:

- Mga serbisyo sa pagsasalita at wika
- Mga serbisyo para sa isip
- Physical therapy
- Therapy para maibalik ang dating paggana ng katawan
- Pantulong na teknolohiya
- Mga serbisyo sa Social Work
- Mga serbisyo sa pagpapayo
- Mga serbisyo ng nurse sa paaralan
- Transportasyon patungo at mula sa paaralan



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

5 | Pangangalaga sa walang sakit na bata at kabataan

Ang Kagawaran ng Edukasyon ng California ay nagbibigay at nagbabayad para sa mga serbisyong ito Kasama ng mga doktor at guro ng iyong anak, makakagawa ka ng custom na plano na pinakamakakatulong sa iyong anak.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY 711). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles) **172**

6. Pag-uulat at paglutas ng mga problema

Mayroong dalawang paraan para mag-ulat at maglutas ng mga problema:

- Gumamit ng **reklamo (karaingan)** kapag mayroong kang problema o hindi ka masaya sa Kaiser Permanente o sa isang provider o sa pangangalagang pangkalusugan o paggamot na natanggap mo mula sa isang provider.
- Gumamit ng **apela** kapag hindi ka sumasang-ayon sa aming desisyon para baguhin ang iyong mga serbisyo o hindi sakupin ang mga ito.

May karapatan kang magsumite ng mga karaingan at apela sa Kaiser Permanente upang sabihin sa amin ang iyong problema. Hindi nito inalis ang alinman sa iyong mga legal na karapatan at mga remedyo. Hindi kami nandidiskrimina o maghihiganti laban sa paghain mo ng reklamo sa amin o pag-uulat ng mga isyu. Ang pagsasabi sa amin ng tungkol sa iyong problema ay makakatulong sa aming mapahusay ang pangangalaga para sa lahat ng miyembro

Maaari mong kontakin muna ang Kaiser Permanente para ipaalam sa amin ang tungkol sa iyong problema. Tumawag sa amin sa pagitan ng 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban sarado sa mga holiday) sa **1-855-839-7613** (TTY **711**) para sabihin sa amin ang iyong problema. Maaari mong sabihin sa amin online sa **kp.org** (sa Ingles) o sa personal sa tanggapan ng Mga Serbisyo sa Miyembro sa iyong lokal na Pasilidad ng Plano.

Kung hindi pa rin malulutas ang iyong karaingan o apela pagkatapos ng 30 araw, o kung hindi ka masaya sa resulta, maaari mong tawagan ang Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California (Department of Managed Health Care, “DMHC”). Hilingin sa DMHC na suriin ang iyong reklamo o magsagawa ng Malayang Pagsusuring Medikal (Independent Medical Review, “IMR”). Kung apurahan ang iyong problema, kabilang ang mga tulad na seryosong pagbabanta sa iyong kalusugan, maaari mong tawagan agad ang DMHC nang hindi muna magsumite ng karaingan o apela sa amin. Maaari mong tawagan ang DMHC nang libre sa **1-888-466-2219** (TTY **1-877-688-9891** o **711**). O pumunta sa: <https://www.dmhc.ca.gov> (sa Ingles).



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Ang Ombudsman ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal ng Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services, “DHCS”) ng California ay maaari ring makatulong. Makakatulong sila kung may mga problema ka sa pagsali, pagbabago, o pag-alis sa planong pangkalusugan. Makakatulong rin sila kung lumipat ka at nagkakaroon ng problema sa paglipat ng iyong Medi-Cal sa iyong bagong county. Maaari mong tawagan ang Ombudsman Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. sa **1-888-452-8609**. Libre ang tawag.

Maaari ka ring magsumite ng karaingan sa tanggapan ng iyong county para sa pagiging karapat-dapat tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat para sa Medi-Cal. Kung hindi ka sigurado kung kanino ka magsusumite ng iyong karaingan, tumawag sa aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**).

pang iulat ang maling impormasyon tungkol sa iyong insurance sa kalusugan, tawagan ang Medi-Cal sa **1-800-541-5555**, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m.

Mga reklamo

Ang reklamo (karaingan) ay kapag may problema ka o kapag hindi ka masaya sa mga serbisyong natatanggap mo mula sa Kaiser Permanente o sa isang provider. Walang limitasyon sa panahon na maaaring magsumite ng reklamo.

Kung may reklamo ka sa mga inireresetang gamot para sa outpatient na nakuha mo sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx, isumite ang iyong reklamo sa Medi-Cal Rx. Maaari mong isumite ang reklamo sa pamamagitan ng sulat o telepono sa pamamagitan ng pagpunta sa www.Medi-CalRx.dhcs.ca.gov (sa Ingles) o pagtawag sa Customer Service ng Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **711**, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m.

Para sa lahat ng iba pang isyu, maaari kang maghain ng reklamo sa amin anumang oras sa pamamagitan ng telepono, koreo, nang personal, o online. Maaari ring magsumite ng reklamo para sa iyo ang iyong may pahintulot na kinatawan o provider na may pahintulot mo.

Karaniwang Pamamaraan

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro nang libre sa **1-855-839-7613** (TTY **711**), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Ibigay ang iyong numero ng medikal na rekord, ang iyong pangalan, at ang dahilan ng iyong reklamo.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

- **Sa pamamagitan ng koreo:** Para maghain ng karaingan sa sulat, mangyaring gamitin ang aming form para sa karaingan, na available sa kp.org (sa Ingles) sa ilalim ng “Mga Form at Publication.” Maaari mo ring makuha ang form mula sa alinmang tanggapan ng Mga Serbisyo sa Miyembro sa Pasilidad ng Plano, o mula sa Mga Provider na Nasa Network ng Medi-Cal. Siguruhing isama ang iyong pangalan, numero ng medikal na rekord, at ang dahilan para sa iyong reklamo. Sabihin sa amin kung ano ang nangyari at kung paano kami makakatulong sa iyo.

Ipadala sa koreo ang form sa:

Member Case Resolution Center (para sa karaniwang mga karaingan)

P.O. Box 939001

San Diego, CA 92193-9001

- **Online:** Punan ang online form sa karaingan sa kp.org (sa Ingles).

Kung kailangan mo ng tulong sa paghahain ng iyong reklamo, makakatulong kami sa iyo. Makakapagbigay kami ng mga libreng serbisyo sa wika. Tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**).

Sa loob ng 5 araw sa kalendaryo ng pagtanggap ng iyong reklamo, magpapadala kami sa iyo ng sulat upang ipaalam sa iyo na natanggap namin ito. Sa loob ng 30 araw, magpapadala kami ng isa pang sulat upang sabihin sa iyo kung paano namin nilutas ang iyong problema. Kung tatawag ka sa amin tungkol sa isang karaingan na hindi tungkol sa coverage ng pangangalagang pangkalusugan, pangangailangang medikal, o paggamot na sinusubukan o sinisiyasat pa lang, at ang iyong karaingan ay nalutas bago matapos ang susunod na araw ng negosyo, maaaring hindi ka makatanggap ng sulat.

Apurahang Pamamaraan

Kung mayroon kang apurahang problema na kinabibilangan ng seryosong alalahanin sa kalusugan, sisimulan namin ang pinabilis (mabilis) na pagsusuri at bibigyan ka ng desisyon sa loob ng 72 oras. Kung gusto mong isaalang-alang namin ang iyong karaingan sa agarang basehan, mangyaring sabihin ito sa amin kapag maghain ka ng iyong karaingan.

Tandaan: Minsan ang apurahan ay tinutukoy bilang “kailangan.” Kung may umiiral na mga kailangang sitwasyon, maaaring suriin ang iyong karaingan gamit ang apurahang pamamaraan na inilarawan sa seksyong ito.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa kp.org (sa Ingles)

Dapat mong isumite ang iyong apurahang karaingan sa isa sa mga sumusunod na paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan ang aming Expedited Review Unit sa **1-888-987-7247** (TTY 711)
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Magpadala ng nakasulat na kahilingan sa:
Kaiser Foundation Health Plan, Inc.
Expedited Review Unit
P.O. Box 1809
Pleasanton, CA 94566
- **Sa pamamagitan ng fax:** I-fax ang iyong nakasulat na kahilingan sa aming Expedited Review Unit sa **1-888-987-2252**
- **Nang personal:** Bisitahin ang tanggapan ng Mga Serbisyo sa Miyembro sa Pasilidad ng Plano (para sa mga address, i-refer sa iyong Direktoryo ng Provider ng Medi-Cal o tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro)
- **Online:** Punan ang online form sa karaingan sa kp.org (sa Ingles)

Kung kailangan mo ng tulong sa pagsusumite ng iyong apurahang karaingan, makakatulong kami sa iyo. Makakapagbigay kami sa iyo ng mga serbisyo sa wika na walang bayad. Tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY 711). Sa loob ng 72 oras sa pagkuha ng iyong reklamo, magpapasya kami kung paano namin pamamahalaan ang iyong reklamo at kung pabibilisin namin ito Kung malaman naming hindi namin pabibilisin ang iyong reklamo, sasabihin namin sa iyo na lulutasin namin ang iyong reklamo sa loob ng 30 araw. Maaari mong kontakin nang direkta ang DMHC para sa anumang dahilan, kasama ang kung naniniwala ka kung kwalipikado ang iyong alalahanin para sa pinabilis na pagsusuri, o hindi kunghindi kami tutugon sa iyo sa loob ng 72 oras, o kung ikaw ay hindi masaya sa aming desisyon.

Ang mga reklamo na kaugnay sa mga benepisyo ng parmasya na hindi sumasailalim sa Medi-Cal Rx ay maaaring maging karapat-dapat para Malayang Pagsusuring Medikal. Ang walang bayad na numero ng telepono ng DMHC ay **1-888-466-2219** (TTY **1-877-688-9891**). Makikita mo ang form at mga instruksyon ng Malayang Medikal na Pagsusuri/Reklamo sa online sa website ng DMHC sa: <https://www.dmhc.ca.gov/> (sa Ingles).



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY 711). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Mga Apela

Ang apela ay iba sa isang reklamo. Ang apela ay isang kahilingan para suriin at baguhin ng Kaiser Permanente ang isang desisyon na ginawa namin tungkol sa iyong mga serbisyo. Kung nagpadala kami sa iyo ng sulat ng Abiso tungkol sa Aksyon (Notice of Action, “NOA”) na nagsasabi sa iyo na tinatanghian, inaatala, binabago, o tinitigil namin ang isang serbisyo, at hindi ka sumasang-ayon sa aming desisyon, maaari kang magsumite ng apela. Maaari ring magsumite ng apela para sa iyo ang iyong may pahintulot na kinatawan o provider na may nakasulat na pahintulot mo.

Kailangan mong maghain ng apela sa loob ng 60 araw sa kalendaryo mula sa petsa na nasa NOA na iyong nakuha mula sa Kaiser Permanente. Kung magpapasiya kaming bawasan, suspindihin, o itigil ang serbisyong natatanggap mo ngayon, maaari mong patuloy na matanggap ang serbisyong iyon habang hinihintay mong mapagpasiyahan ang iyong apela. Tinatawag itong Binabayarang Tulong Habang Naghihintay. Upang makatanggap ng Nakabinbin na Bayad na Tulong, dapat kang humiling sa amin ng apela sa loob ng 10 araw mula sa petsa na nasa NOA o bago ang petsa na sinabi namin sa iyong ititigil ang serbisyo, alinman ang mas huli. Kapag humiling ka ng apela sa ilalim ng mga sitwasyong ito, magpapatuloy ang iyong serbisyo habang naghihintay ka sa desisyon ng iyong apela. Maaari naming hilingin sa iyong bayaran ang halaga ng mga serbisyo kung tatanghian o babaguhin ng panghuling desisyon ang serbisyo.

Kung gusto mong iapela ang desisyon na ginawa ng Medi-Cal Rx, maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado. Ang Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California ay mayroong proseso sa Pagdinig ng Estado kung gusto mong iapela ang desisyon ng Medi-Cal Rx. Ang prosesong ito ay iba sa proseso ng mga apela na ginagamit mo para sa iyong iba pang mga benepisyo. Sa isang Pagdinig ng Estado, susuriin ng hukom ang iyong kahilingan kasama ng klinikal na mungkahin mula sa mga pharmacist ng DHCS upang masigurong sumusunod ang desisyon sa patakaran ng parmasya ng Medi-Cal.

Para sa lahat ng iba pang isyu, maaari kang maghain ng apela sa telepono, koreo, sa personal, o online:

Karaniwang apela

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro nang libre sa **1-800-464-4000 (TTY 711)**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Ibigay ang iyong pangalan, numero ng medikal na rekord, iyong pangalan at ang dahilan ng iyong reklamo.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

- **Sa pamamagitan ng koreo:** Para maghain ng apela sa sulat, mangyaring gamitin ang aming form para sa karaingan, na available sa kp.org (sa Ingles) sa ilalim ng “Mga Form at Publication.” Maaari mo ring makuha ang form mula sa alinmang tanggapan ng Mga Serbisyo sa Miyembro sa Pasilidad ng Plano, o mula sa Mga Provider na Nasa Network ng Medi-Cal. Siguruhing isama ang iyong pangalan, numero ng medikal na rekord, at ang dahilan para sa iyong apela. Sabihin sa amin kung ano ang nangyari at kung paano kami makakatulong sa iyo.

Ipadala sa koreo ang form sa:

Member Case Resolution Center (para sa karaniwang apela)
P.O. Box 9390011
San Diego, CA 92193-90011

- **Online:** Punan ang online form sa karaingan sa **kp.org** (sa Ingles)

Kung kailangan mo ng tulong sa paghiling ng apela o sa Aid Paid Pending, makakatulong kami sa iyo. Makakapagbigay kami ng mga libreng serbisyo sa wika. Tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**).

Sa loob ng 5 araw sa kalendaryo ng pagtanggap ng iyong apela, magpapadala kami sa iyo ng sulat upang ipaalam sa iyo na natanggap namin ito. Sa loob ng 30 araw, sasabihin namin sa iyo ang aming desisyon sa apela at padadalhan ka ng sulat na Abiso ng Resolusyon sa Apela (Notice of Appeal Resolution, “NAR”). Kung hindi naming bibigay sa iyo ang desisyon sa apela sa loob ng 30 araw, maaari ka humiling ng Pagdinig ng Estado mula sa Pagdinig ng Estado mula sa Departamento ng Serbisyong Panlipunan ng California (California Department of Social Services, “CDSS”) o Malayang Pagsusuring Medikal (“IMR”) mula sa DMHC.

Ngunit kung hihiling ka muna ng Pagdinig ng Estado, at nangyari na ang pagdinig para tugunan ang iyong mga partikular na isyu, hindi ka makakahiling ng isang IMR mula sa DMHC sa mga parehong isyu. Sa ganitong pagkakataon, ang Pagdinig ng Estado ang masusunod. Ngunit maaari ka pa ring maghain ng reklamo sa DMHC kung ang iyong mga isyu ay hindi kwalipikado para sa IMR, kahit nangyari na ang Pagdinig ng Estado.

Kung gusto mo o ng iyong doktor na gumawa kami ng mabilis na desisyon dahil ang oras na kinakailangan upang pagdesisyunan ang iyong apela ay maglalagay sa iyong buhay, kalusugan o kakayahang gumana sa panganib, maaari kang humiling ng isang pinabilis (mabilis) na pagsusuri. Magpapasya kami sa loob ng 72 oras para sa pagkuha ng iyong apela.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Apurahang pamamaraan ng apela

Kung gusto mo o ng iyong doktor na gumawa kami ng mabilis na desisyon dahil ang oras na kinakailangan upang pagdesisyonan ang iyong apela ay maglalagay sa iyong buhay, kalusugan o kakayahang gumana sa panganib, maaari kang humiling ng isang pinabilis (mabilis) na pagsusuri. Magpapasya kami sa loob ng 72 oras para sa pagkuha ng iyong apela.

Maaari kang humiling ng pinabilis na pagsusuri sa isa sa mga sumusunod na paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan ang aming Expedited Review Unit **1 888 987 7247** (TTY **711**)
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Magpadala ng nakasulat na kahilingan sa:

Kaiser Foundation Health Plan, Inc.
Expedited Review Unit
P.O. Box 1809
Pleasanton, CA 94566

- **Sa pamamagitan ng fax:** I-fax ang iyong nakasulat na kahilingan sa aming Expedited Review Unit sa **1-888-987-2252**
- **Nang personal:** Bisitahin ang tanggapan ng Mga Serbisyo sa Miyembro sa Pasilidad ng Plano (para sa mga address, i-refer sa iyong Direktoryo ng Provider ng Medi-Cal o tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro)

Online: Punan ang online form sa karaingan sa kp.org (sa Ingles)

Ano ang gagawin kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng apela

Kung nagsumite ka ng apela at nakakuha ng sulat ng Abiso ng Mga Karapatan para sa Mga Apela (“NAR”) mula sa amin na nagsasabi sa iyo na hindi namin binago ang aming desisyon, o hindi kailanman nakatanggap ng sulat ng NAR at lampas na sa 30 araw, maaari kang:

- Humingi ng **Pagdinig ng Estado** mula sa Kagawarawan ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California (CDSS), at isang hukom ang susuri ng iyong kaso. Ang libreng numero ng telepono ng CDSS ay **1-800-743-8525** (TTY **1-800-952-8349**). Maaari ka ring humingi ng Pandinig ng Estado sa online sa



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

6 | Pag-uulat at paglutas ng mga problema

<https://www.cdss.ca.gov> (sa Ingles). Maraming paraan ng paghingi ng Pagdinig ng Estado ay makikiita sa “Mga pagdinig ng estado” sa ibang pagkakataon sa kabanata na ito.

- Magsumite ng form para sa Malayang Pagsusuring Medikal/Reklamo sa Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangkalusugan (“DMHC”) para suriin ang aming desisyon. Kung kwalipikado ang iyong reklamo para proseso ng Malayang Pagsusuring Medikal (“IMR”) ng DMHC, susuriin ang iyong kaso ng isang doktor mula labas na hindi bahagi ng Kaiser Permanente at gagawa ng desisyon na dapat namin sundin.

Ang libreng numero ng telepono ng DMHC ay **1-888-466-2219** (TTY **1-877-688-9891**). Makikita mo ang form at mga instruksyon ng IMR/Reklamo sa online sa website ng DMHC: <https://www.dmhc.ca.gov> (sa Ingles).

Hindi mo kailangang magbayad para sa isang Pagdinig ng Estado o IMR.

Mayroon kang karapatan sa parehong Pagdinig ng Estado at IMR. Ngunit kung hihiling ka muna ng Pagdinig ng Estado at nangyari na ang pagdinig para tugunan ang iyong mga partikular na isyu, hindi ka makakahiling ng isang IMR mula sa DMHC sa mga parehong isyu. Sa ganitong pagkakataon, ang Pagdinig ng Estado ang masusunod. Ngunit maaari ka pa ring maghain ng reklamo sa DMHC kung ang mga isyu ay hindi kwalipikado para sa IMR, kahit nangyari na ang Pagdinig ng Estado.

Ang mga seksyon sa ibaba ay mayroong higit pang impormasyon tungkol sa kung paano humiling ng Pagdinig ng Estado o isang IMR.

Ang mga reklamo at apelang nauugnay sa mga benepisyo ng parmasya ng Medi-Cal Rx ay hindi pinapangasiwaan ng Kaiser Permanente. Maaari kang magsumite ng mga reklamo at apela tungkol sa mga benepisyo ng parmasya ng Medi-Cal Rx sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-977-2273** (TTY **1-800-977-2273**) at pindutin ang **7** o **711**. Ang mga reklamo at apela na may kaugnayan sa mga benepisyo ng parmasya na hindi sumasailalim sa Medi-Cal Rx ay maaaring maging kwalipikado sa Malayang Pagsusuring Medikal (“IMR”) sa DMHC.

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa isang desisyong nauugnay sa iyong benepisyo ng parmasya ng Medi-Cal Rx, maaari kang humiling ng isang Pagdinig ng Estado. Hindi sumasailalim sa proseso ng DMHC ang mga desisyon sa benepisyo ng parmasya ng Medi-Cal Rx.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Mga Reklamo at Malayang Pagsusuring Medikal (“IMR”) sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (“DMHC”)

Ang IMR ay kapag susuriin ng nasa labas na doktor na walang kaugnayan sa planong kalusugan ang iyong kaso. Kung gusto mo ng isang IMR, dapat ka munang magsumite sa amin ng isang apela sa amin para sa mga hindi agarang alalahanin. Kung wala kang matanggap na sagot sa amin sa loob ng 30 araw ng kalendaryo, o kung hindi ka masaya sa desisyon namin, maaari kang humiling ng isang IMR. Kailangan mong humiling ng isang IMR sa loob ng 6 na buwan mula sa petsa ng abiso na nagsasabi sa iyo ng tungkol sa desisyon sa apela. Mayroon ka lang 120 araw para humiling ng Pagdinig ng Estado. Kaya, kung gusto mo ng IMR at Pagdinig ng Estado, maghain ng reklamo sa madaling panahon na magagawa mo.

Tandaan, kung hihiling ka muna ng Pagdinig ng Estado, at nangyari na ang pagdinig para tugunan ang iyong mga partikular na isyu, hindi ka makakahiling ng isang IMR mula sa DMHC sa mga parehong isyu. Sa ganitong pagkakataon, ang Pagdinig ng Estado ang masusunod. Ngunit maaari ka pa ring maghain ng reklamo sa DMHC kung ang iyong mga isyu ay hindi kwalipikado para sa IMR, kahit nangyari na ang Pagdinig ng Estado.

Maaari kang makakuha kaagad ng IMR nang hindi muna nagsusumite ng apela sa Kaiser Permanente. Ito ay sa mga sitwasyon kung saan ay apurahan ang iyong kalusugan, tulad ng mga bagay na kinabibilangan ng seryosong banta sa iyong kalusugan o kung tinanggihan ka ng serbisyo sa basehan na sinusubukan o sinisiyasat pa lang.

Kung hindi kwalipikado para sa isang IMR ang iyong reklamo sa DMHC, susuriin pa rin ng DMHC ang reklamo mo upang matiyak na tama ang ginawa naming desisyon noong inapela mo ang aming pagtanggap ng mga serbisyo. Kailangan naming sumunod sa mga desisyon sa IMR at pagsusuri ng DMHC.

Narito kung paano humingi ng isang IMR. Responsable ang Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California na pangasiwaan ang mga plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kang karaingan laban sa iyong planong pangkalusugan, dapat mo munang tawagan ang iyong planong pangkalusugan sa **1-855-839-7613 (TTY 711)** at gamitin ang proseso ng karaingan ng iyong planong pangkalusugan bago makipag-ugnayan sa departamento. Ang paggamit sa pamamaraan sa karaingan na ito ay hindi nagbabawal sa anumang



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

posibleng legal na karapatan o remedyo na maaari mong magamit. Kung kailangan mo ng tulong sa isang karaingang nauugnay sa emergency, karaingang hindi kasiya-siyang nalutas ng iyong planong pangkalusugan, o karaingang mahigit 30 araw nang hindi nalulutas, puwede kang tumawag sa departamento para sa tulong. Maaari ka ring maging karapat-dapat para sa isang Malayang Pagsusuring Medikal (“IMR”). Kung kwalipikado ka para sa IMR, magbibigay ang proseso ng IMR ng walang kinikilingang pagsusuri ng mga medikal na pasyang ginawa ng planong pangkalusugan na nauugnay sa medikal na pangangailangan ng isang iminumungkahing serbisyo o paggamot, mga pasya sa saklaw para sa mga paggamot na pang-eksperimento o sinisiyasat pa lang, at mga hindi pagkakaunawaan sa pagbabayad para sa mga medikal na serbisyong pang-emergency o nangangailangan ng agarang atensyon. Mayroon ding toll-free na numero ng telepono ang departamento (**1-888-466-2219**) at isang linya ng TDD (**1-877-688-9891**) para sa mga may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang internet website ng departamento na www.dmhc.ca.gov (sa Ingles) ay may mga form para sa reklamo, form para sa aplikasyon sa IMR at mga instruksyon sa online.

Mga Pagdinig ng Estado

Ang Pagdinig ng Estado ay isang pagpupulong sa amin at judge na mula sa Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan (“CDSS”). Tutulong ang judge para lutasin ang iyong problema at magdedesisyon kung ginawa namin ang tamang desisyon o hindi. Mayroon kang karapatang humiling ng Pagdinig ng Estado kung nagsampa ka na ng apela sa Kaiser Permanente at hindi ka pa rin masaya sa aming desisyon, o kung hindi ka nakatanggap ng desisyon sa iyong apela pagkatapos ng 30 araw.

Dapat kang humingi ng Padinig ng Estado sa loob ng 120 araw ng kalendaryo mula sa petsang nasa aming sulat ng Abiso ng Mga Karapatan para sa Mga Apela (“NAR”). Kung binigyan ka namin ng Aid Paid Pending sa panahon ng iyong apela at gusto mo itong magpatuloy hanggang sa magkaroon ng desisyon sa iyong Pagdinig ng Estado, dapat kang humingi ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw mula sa aming sulat ng NAR, o bago ang petsa na sinabi naming ititigil ang (mga) serbisyo, alinman ang mas huli.

Kung kailangan mo ng tulong sa pagtiyak na magpapatuloy ang Aid Paid Pending hanggang sa magkaroon ng huling desisyon sa iyong Pagdinig ng Estado, tumawag sa aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**) Maaaring humiling ang iyong awtorisadong kinatawan o provider ng Pagdinig ng Estado kasama ng iyong nakasulat na pahintulot.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

6 | Pag-uulat at paglutas ng mga problema

Minsan maaari kang humingi ng Pagdinig ng Estado nang hindi kinukumpleto ang aming proseso sa apela. Halimbawa, maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado nang hindi kinukumpleto ang aming proseso sa apela, kung hindi ka namin inabisuhan nang tama o nang nasa oras tungkol sa iyong serbisyo. Tinatawag itong Deemed Exhaustion. Narito ang ilang halimbawa ng Deemed Exhaustion:

- Hindi ka namin binigyan ng sulat na NOA o NAR na nasa mas gusto mong wika
- Nagkamali kami na nakakaapekto sa alinman sa iyong mga karapatan
- Hindi ka namin binigyan ng sulat na NOA
- Hindi ka namin binigyan ng sulat na NAR
- Nagkamali kami sa aming sulat na NAR
- Hindi namin napagpasiyahan ang iyong apela sa loob ng 30 araw
- Pinagpasiyahan naming apurahan ang iyong kaso ngunit hindi tumugon sa iyong apela sa loob ng 72 oras.

Maaari kang humiling ng isang Pagdinig ng Estado sa mga paraang ito:

- **Sa telepono:** Tawagan ang Sangay ng mga Pandinig ng Estado sa **1-800-743-8525**
(TTY **1-800-952-8349** o **711**).
- **Sa fax:** Punan ang form na ibinigay kasama ng iyong abiso sa mga resolusyon ng apela at i-fax Sangay ng mga Pagdinig ng Estado sa **1-833-281-0905**.
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Punan ang form ang ibinigay kasama ng iyong abiso sa mga resolusyon ng apela. Ipadala ito sa:
California Department of Social Services
State Hearings Division
P.O. Box 944243, MS 09-17-3
Sacramento, CA 94244-2430
- **Online** Humiling ng pagdinig sa online sa www.cdss.ca.gov (sa Ingles)



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

- **Sa pamamagitan ng koreo:** Punan ang form na dumating kasama ang iyong abiso ng resolusyon ng mga apela at i-email ito sa Scopeofbenefits@dss.ca.gov
 - Tandaan: Kung ipadadala mo ito sa email, may panganib na mabasa ng ibang tao bukod sa State Hearings Division ang iyong email. Pag-isipang gumamit ng mas ligtas na paraan para ipadala ang iyong kahilingan.

Kung kailangan mo ng tulong upang humiling ng Pagdinig ng Estado, makakatulong kami sa iyo. Makakapagbigay kami ng mga libreng serbisyo sa wika. Tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**).

Sa pagdinig, sasabihin mo sa judge kung bakit hindi ka sang-ayon sa aming desisyon. Sasabihin namin sa judge kung paano namin ginawa ang desisyon. Maaaring magtatagal ng hanggang 90 araw para magpasya ang hukom sa iyong kaso. Kailangan nating sundin kung ano man ang pasiya ng hukom.

Kung gusto mong gumawa ang CDSS ng mabilis na desisyon dahil ang oras na kinakailangan upang magkaroon ng Pagdinig ng Estado ay maglalagay sa iyong buhay, kalusugan o kakayahang gumana sa panganib, ikaw, o ang iyong may pahintulot na kinatawan, o ang iyong provider ay maaaring makipag-ugnayan sa CDSS at humingi ng isang pinabilis (mabilis) na Pagdinig ng Estado. Dapat magpasiya ang CDSS nang hindi lalampas sa 3 araw ng negosyo pagkatapos nitong matanggap ang kumpletong file ng iyong kaso saamin.

Pandaraya, pag-aaksaya at pang-aabuso

Kung pinaghihinalaan mong gumawa ng pandaraya, pag-aaksaya, o pang-aabuso ang isang provider o tao na tumatanggap ng Medi-Cal, responsibilidad mong iulat ito sa pamamagitan ng pagtawag sa kumpidensyal at walang bayad na numerong **1-800-822-6222** o pagsusumite ng reklamo online sa <https://www.dhcs.ca.gov/> (sa Ingles).

Kasama sa pandaraya, pag-aaksaya, at pang-aabuso ng provider ang:

- Pagsisinungaling sa mga medikal na rekord
- Pagresetang gamot na mas marami kaysa sa Kinakailangan sa Paggamot
- Pagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na mas marami kaysa ay Kinakailangan sa Paggamot



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

6 | Pag-uulat at paglutas ng mga problema

- Pagsingil para sa mga serbisyong hindi ibinigay
- Pagsingil para sa mga propesyonal na serbisyo kung hindi isinagawa ng propesyonal ang serbisyo
- Pagbibigay ng libre o may diskwentong mga item at serbisyo sa mga miyembro bilang pagsusumikap na maimpluwensiyahan kung sinong provider ang pipiliin ng miyembro
- Pagpapalit ng provider ng pangunahing pangangalaga nang hindi alam ng miyembro

Kasama sa pandaraya, pag-aaksaya, at pang-aabuso ng isang taong tumatanggap ng mga benepisyo ang, ngunit hindi limitado sa:

- Pagpapahiram, pagbebenta o pagbibigay, ng ID card ng plano sa kalusugan o ng ID Card para sa mga Benepisyo (Benefits Identification Card, “BIC”) na mula sa Medi-Cal sa ibang tao
- Pagkuha ng katulad o parehong mga paggamot o gamot mula sa mahigit sa isang provider
- Pagpunta sa emergency room kahit na hindi ito isang emergency
- Paggamit ng numero ng Social Security o numero ng ID ng planong pangkalusugan ng ibang tao
- Paggamit ng mga sasakyan na Pangmedikal na Transportasyon at Hindi Pangmedikal na Transportasyon para sa mga serbisyong may kaugnayan sa hindi para sa pangangalanga pangkalusugan o para sa mga serbisyong hindi sinasakop ng Medi-Cal, o kapag walang medikal na appointment o mga gamot na dapat kunin

Upang iulat ang pandaraya, pag-aaksaya, at pang-aabuso, isulat ang pangalan, address, at numero ng ID ng taong gumawa ng pandaraya, pag-aaksaya, o pang-aabuso. Magbigay ng maraming impormasyon na magagawa mo tungkol sa tao, katulad ng numero ng telepono o espesyalidad kung provider siya. Magbigay ng mga petsa ng mga pangyayari at isang buod ng eksaktong nangyari.

Kung may mapapansin kang mga posibleng palatandaan ng maling gawi, kontakin ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839- 7613** (TTY **711**), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (sarado kapag may mga holiday). Maaari mo ring isumite ang iyong ulat sulat sa tanggapan ng Mga Serbisyo sa Miyembro. Makikita mo ang mga lokasyon ng aming mga tanggapan ng aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa iyong Direktoryo ng Provider ng Medi-Cal.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Arbitrasyon na Pagpapasyahan ng Tagapamagitan

Kapag piliin mong mag-enroll sa Kaiser Foundation Health Plan, Inc. bilang iyong planong kalusugan ng Medi-Cal, sumasang-ayon kang gamitin ang arbitrasyon na pagpapasyahan ng tagapamagitan para ayusin ang mga hindi pagkakasundo. Ito ay kinakailangang hakbang bago ka makapag-enroll sa aming Medi-Cal Plan.

Sa arbitrasyon na pagpapasyahan ng tagapamagitan, tatalikuran ng magkabilang panig ang karapatan sa isang paglilitis ng hurado o korte. Ang arbitrasyon na pagpapasyahan ng tagapamagitan ay isang paraan upang lutasin ang mga problema gamit ang isang walang kinikilingang ikatlong partido. Pakikinggan ng ikatlong partido na ito ang magkabilang panig ng isyu at gagawa ito ng desisyon na dapat sundin ng magkabilang panig.

Ano ang mga panuntunan para sa Arbitrasyon na Pagpapasyahan ng Tagapamagitan?

Mayroong mga panuntunang na binuo ng Arbitration Oversight Board sa konsultasyon sa Office of the Independent Administrator (“OIA”), ang Kaiser Permanente, at iba pang interesadong partido na inilalarawan kung paano pinangangasiwaan ang mga kaso ng arbitrasyon. Ang mga panuntunang ito ay ang Mga Panuntunan para sa Mga Arbitrasyon ng Miyembro ng Kaiser Permanente na Pinamamahalaan ng Office of the Independent Administrator. Ang mga panuntunang ito ay tinatawag ding The Rules of Procedure. Ang OIA walang kinikilingan, malayang tanggapan na responsable sa pagbibigay ng mga arbitrasyon sa pagitan ng Kaiser Foundation Health Plan, Inc. at mga miyembro ng planong pangkalusugan ng California. Ang OIA ay hindi bahagi ng Kaiser Permanente. Maaari mong tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro para humingi ng Mga Patakaran ng Pamamaraan.

Sakop ng Arbitrasyon

Ang Arbitrasyon na Pagpapasyahan ng Tagapamagitan ay gagamitin sa anumang hindi pagkakasundo kung natutugunan ang lahat ng sumusunod na kinakailangan:

- Ang claim ay para sa:
 - Kapabayaang (isang claim na ang mga medikal na serbisyo o item ay hindi kailangan o hindi pinahintulutan o ibinigay nang hindi tama, nang may pagpapabaya, o nang kulang sa kahusayan); o



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

6 | Pag-uulat at paglutas ng mga problema

- Paghahatid ng mga serbisyo o item; o
- Mga pananagutan ng lugar
- Ang claim ay isinumite:
 - Ikaw laban sa amin; o
 - Kami laban sa iyo
- Hindi pinagbabawalan ng umiiral na batas ang paggamit ng arbitrasyon na pagpapasiyahan ng tagapamagitan upang malutas ang claim

Tandaan:

- Ang mga claim na maaaring ayusin sa pamamagitan ng korte ng Small Claims na hindi dumaan sa Arbitrasyon na Pagpapasiyahan ng Tagapamagitan.
- Hindi mo kinakailangang gamitin ang arbitrasyon na pagpapasiyahan ng tagapamagitan para sa mga claim na maaaring malutas sa pamamagitan ng Pagdinig ng Estado
- Hindi mo magagamit ang mandatoryong arbitrasyon kung nakakuha ka ng desisyon sa claim sa pamamagitan ng Pagdinig ng Estado

Sa seksyong “Arbitrasyon na Pagpapasiyahan ng Tagapamagitan” lang, “ikaw” ay ibig sabihin kung:

- Ikaw (isang Miyembro)
- Ang iyong tagapagmana, kamag-anak o isang taong pinili mong kumilos para sa iyo
- Isang taong nagki-claims na tungkulin sa kanila na umiiral dahil sa kaugnyan mo sa amin

Sa seksyong “Arbitrasyon na Pagpapasiyahan ng Tagapamagitan” lang, “amin” at “namin” ay ibig sabihin:

- Kaiser Foundation Health Plan, Inc. (“KFHP”)
- Kaiser Foundation Hospitals (“KFH”)
- Southern California Permanente Medical Group (“SCPMG”)
- The Permanente Medical Group, Inc. (“TPMG”)
- The Permanente Federation, LLC
- The Permanente Company, LLC



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

- Sinumang doktor ng SCPMG o TPMG
- Sinumang tao o alinmang organisasyong nakipagkontrata sa alinman sa mga partidong ito na nangangailangan ng paggamit ng arbitrasyon na pagpapasiyahan ng tagapamagitan
- Sinumang empleyado o ahente ng alinman sa mga partidong ito

Mga Panuntunan ng Pamamaraan

Isinasagawa ang mga arbitrasyon na pagpapasiyahan ng tagapamagitan gamit ang Mga Panuntunan ng Pamamaraan:

- Ang Mga Panuntunan ng Pamamaraan ay binuo ng Arbitration Oversight Board na kumokonsulta sa Office of the Independent Administrator (“OIA”), Kaiser Permanente, at iba pang mga interesadong partido.
- Makakakuha ka ng kopya ng Mga Patakaran ng Pamamaraan mula sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**

Paano Humingi ng Arbitrasyon

Para humingi ng arbitrasyon na pagpapasiyahan ng tagapamagitan, dapat gumawa ka ng pormal na kahilingan. Tinatawag itong Paghingi ng Arbitrasyon, kung saan kasama ang:

- Iyong paglalarawan ng claim laban sa amin
- Ang halaga ng mga danyos o resolusyon na hinihingi mo
- Ang mga pangalan, address, at numero ng telepono ng lahat ng partidong nagsumite ng claim na ito. Kung ang alinmang mga partido ay may abogado, kasama ang pangalan, address, at numero ng telepono ng abogado
- Ang mga pangalan ng mga partidong ito na dahilan kung bakit ka nagsusumite ng claim

Ang lahat ng claim na nagmumula sa parehong insidente ay dapat isama sa isang kahilingan.

Kung magsusumite kami ng claim sa iyo, dapat naming sundin ang parehong mga hakbang na nakabalangkas sa itaas sa paggawa ng pormal na kahilingan.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Saan ipapadala ang Paghingi ng Arbitrasyon

Kung magsusumite ka ng claim laban sa KFHP, KFH, SCPMG, TPMG, Ang Permanente Federation, LLC, o The Permanente Company, LLC, ipadala sa koreo ang Paghingi ng Arbitrasyon sa:

Kaiser Permanente
Legal Department
1950 Franklin St., 17th Floor
Oakland, CA 94612

Kung magsusumite ka ng claim laban sa alinmang iba pang partido, dapat bigyan mo sila ng abiso ayon sa hinihiling ng Kodigo Sibil na Pamamaraan ng California para sa sibil na aksyon.

Ituturing namin na naabisuhan na kami kapag natanggap namin iyong Paghingi ng Arbitrasyon.

Kung kami ng magsusumite ka ng claim laban sa iyo, ipapadala namin sa koreo ang Paghingi ng Arbitrasyon sa iyong address na nasa file.

Mga gastos kaugnay sa Arbitrasyon na Pagpapasyahan ng Tagapamagitan

Singil sa pagsusumite

Mayroong singil sa pagsusumite na \$150 para sa bawat Paghingi ng Arbitrasyon na hinihiling mo, babayaran sa “Arbitration Account,” at parehong ang halaga, kahit ialng claim ang iyong hihilingin o ang bilang ng partido na iyong papangalanan. Hindi mare-refund ang singil sa pagsusumite.

Kung hindi mababayaran ang singil sa pagsusumite o ang iyong bahagi sa halaga ng Arbitrasyon na Pagpapasyahan ng Tagapamagitan, maaari kang humingi sa Office of the Independent Administrator para hindi singilin ng bayad. Para gawin ito, dapat mong kumpletuhin at ipadala ang Form para Hindi Singilin ng Bayad sa:

- The Office of the Independent Administrator; at
- Ang mga partido kung bakit ka naghahain ng claim



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Ang Form para Hindi Singilin ng Bayad ay:

- Sasabihin sa iyo kung paano pagpapasiyahan ng Independent Administrator kung aalisin ang mga fee
- Sasabihin sa iyo na maaaring hindi singilin ang mga fee

Makakakuha ka ng kopya ng Form para sa Hindi Singilin ng Bayad sa aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**).

Mga Singil at Gastos ng Arbitrator

May ilang mga kaso kung saan babayaran namin ang mga fee para sa walang kinikilingang arbitrator. Para malaman kung kailan namin babayaran ang mga fee, tingnan ang Mga Panuntunan ng Pamamaraan. Makakakuha ka ng kopya ng Mga Panuntunan ng Pamamaraan mula sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Sa lahat ng iba pang kaso, pinaghahatian ng magkabilang panig ang halaga ng gastos na ito. Kung ang mga partido ay pipili ng mga arbitrator ng partido, babayaran ng bawat partido ang mga fee ng kanilang tagapamagitan ng partido.

Mga Gastos

Karaniwan, ang bawat partido ay dapat magbayad ng kanilang sariling mga gastos para sa arbitrasyon na pagpapasiyahan ng tagapamagitan, anuman ang kalalabasan, tulad ng mga fee ng abogado, mga testigo, at ibang mga gastos.

Bilang ng Arbitrator

Ang ilang kaso ay pinapakinggan ng isang arbitrator na pinagkasunduan ng pagkabilang panig sa (isang walang kinikilingang arbitrator). Sa ilang kaso, maaaring may isang walang kinikilingang arbitrator at arbitrator na pinili ng bawat panig, kilala bilang mga arbitrator ng partido.

Ang mga kaso na humihiling nang hanggang \$200,000 na danyos ay dapat humarap sa isang walang kinikilingang arbitrator, na dapat manatiling walang kinikilingan. Sa mga kasong iyon, maaaring sumang-ayon ang parehong panig para magdagdag ng dalawang arbitrator ng partido, para sa kabuuang tatlong arbitrator. Ang kasunduan ng pagkakaroon ng mahigit sa isang arbitrator ay dapat gawin pagkatapos maisumite ang Paghingi ng Arbitrasyon. Kapag mayroong tatlong tagapamagitan, ang isa ay kumakatawan sa bawat panig at ang pangatlo ay walang kinikilingan. Ang (mga) arbitrator ay hindi maaaring maggawad ng mahigit sa \$200,000.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Ang mga kaso na humihiling nang mahigit sa \$200,000 na danyos ay maaari pumunta bago ang tatlong arbitrator, isang walang kinikilingan at dalawang partido na arbitrator, ang isa na pinili ng bawat panig. Ang bawat panig ay maaaring i-waive ang kanilang karapatan para magkaroon ng mga arbitrator ng partido. Ang bawat panig sa isang hindi pagkakasundo ay maaaring magkasundo na ipadinig ang kaso sa isang walang kinikilingang arbitrator. Ang kasunduan ng pagkakaroon ng isang walang kinikilingang arbitrator ay dapat gawin pagkatapos maisumite ang Paghingi ng Arbitrasyon.

Mga Pangkalahatang Probisyon

Hindi ka maaaring humiling ng arbitrasyon na pagpapasiyahan ng tagapamagitan kung hindi matutugunan ng claim ang tuntunin ng mga limitasyon para sa claim na iyon sa isang sibil na aksyon.

Ipawawalang-saysay ang iyong claim kung mangyayari ang alinman sa mga sumusunod:

- Hindi mo sinunod ang Mga Panuntunan ng Pamamaraan
- Hindi naisagawa ang paglilitis, at mahigit sa limang taon na ang nakalipas mula nang mangyari ang mas maaga sa:
 - Ang petsa nang ipinadala mo ang Paghingi ng Arbitrasyon; o
 - Ang petsa ng iyong pagsumite ng sibil na aksyon na batay sa parehong insidente

Ang isang claim ay maaaring ipawalang-saysay ng walang kinikilingang arbitrator dahil sa iba pang mga dahilan. Dapat magpakita ng mabuting dahilan upang mangyari ito.

Kung hindi pupunta sa pagdinig ang isa sa mga partido, maaaring pagpasiyahan ng walang kinikilingang arbitrator ang kaso nang wala ang partidong iyon.

Ang Batas ng California sa Reporma para sa Pagbabayad-pinsala sa Pinsalang Matatamo sa Paggamot (at anumang mga pagbabago) ay naaangkop sa mga claim na pinahihintulutan ng batas, tulad ng:

- Ang karapatang magpakita ng katibayan ng anumang pagbabayad sa iyo para sa benepisyo ng insurance o ng kapansanan



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

6 | Pag-uulat at paglutas ng mga problema

- Mga limitasyon sa halaga ng pera mababawi mo para sa danyos na hindi babayaran
- Ang karapatang magkatanggap ng gawad para sa mga matatamong pinsala na babayaran sa pana-panahong paraan

Ang mga arbitrasyon ay pinamamahalaan nitong seksyon ng "Arbitrasyon na Pagpapasiyahan ng Tagapamagitan". Ginagamit din ang mga pamantayang ito basta't ang mga ito ay hindi salungat sa seksyong ito:

- Seksyon 2 Pederal na Batas para sa Arbitrasyon
- Ang Kodigo ng California para sa Sibil na Pamamaraan
- Ang Mga Patakaran ng Pamamaraan



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY 711). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles) **192**

7. Mga karapatan at responsibilidad

Bilang Miyembro ng Kaiser Permanente mayroon kang mga partikular na karapatan at responsibilidad. Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga karapatan at reponsibilidad na ito. Kabilang rin sa kabanatang ito ang mga legal na paunawa na may karapatan ka bilang miyembro ng Kaiser Permanente.

Ang iyong mga karapatan

Ito ang iyong mga karapatan bilang Miyembro ng Kaiser Permanente:

- Tratuhan nang may paggalang at dignidad, na isinasaalang-alang ang iyong karapatan sa privacy at sa pangangailangang panatilihin ang pagiging kumpidensyal ng iyong medikal na impormasyon tulad ng nakaraan at kasalukuyang sakit, kondisyon sa isip at pisikal o paggamot, kalusugan kaugnay sa pag-aanak o sekswal
- Mabigyan ng impormasyon tungkol sa planong pangkalusugan at mga serbisyo nito, kabilang ang mga sakop na serbisyo, Mga Provider na Nasa Network ng Medi-Cal, at ang mga karapatan at responsibilidad ng miyembro
- Para makakuha ng buong isinaling-wika na nakasulat ng impormasyong ng miyembro sa iyong mas gustong wika, kasama ang lahat ng abiso sa karaingan at mga apela
- Gumawa ng mga rekomendasyon tungkol sa aming patakaran sa mga karapatan at responsibilidad ng miyembro
- Pumili ng provider ng pangunahing pangangalaga na nasa Network ng Provider ng Medi-Cal
- Magkaroon ng napapanahong access sa Mga Provider na Nasa Network ng Medi-Cal
- Lumahok sa paggawa ng desisyon tungkol sa pangangalaga ng iyong sariling kalusugan, kabilang ang karapatang tumanggi sa paggamot



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

7 | Mga karapatan at responsibilidad

- Sabihin ang mga karaingan, alinman sa pagsasabi o pagsusulat, tungkol sa organisasyon o sa pangangalagang natanggap mo
- Malaman ang medikal na dahilan para sa aming desisyon na tumanggi, iaantala, i-terminate (tapusin), o baguhin ang kahilingan para sa medikal na pangangalaga
- Makakuha ng pangangasiwa ng pangangalaga
- Humiling ng apela sa mga desisyon na tanggihan, ipagpaliban, o limitahan ang mga serbisyo o benepisyo
- Makakuha ng libreng mga serbisyo ng interpreter at pagsasaling-wika sa iyong wika
- Makakuha ng libreng legal na tulong sa iyong lokal na tanggapan sa legal na tulong o iba pang mga grupo
- Gumawa ng mga paunang direktiba
- Humingi ng Pagdinig ng Estado kung ang serbisyo o benepisyo ay tinanggihan at nagsumite ka ng apela sa amin at hindi pa rin masaya sa desisyon, o kung hindi ka nakatanggap ng desisyon sa iyong apela pagkatapos ng 30 araw, kabilang ang impormasyon sa mga pangyayari kung saan posible ang isang pinabilis na pagdinig
- Umalis sa pagkaka-enroll (umalis) mula sa Kaiser Permanente at baguhin ang ibang plano ng pinamamahalaang pangangalaga sa county kung saan nakatira ka
- Ma-access ang mga serbisyo na nangangailangan ng pagpapahintulot ng menor de edad
- Makakuha ng libreng nakasulat na impormasyon ng miyembro sa iba pang mga format tulad ng braille, malalaking titik, audio, at naa-access na mga elektronikong format kapag hiniling at nang nasa oras na naaangkop sa format na hinihiling at nang ayon sa seksyon 14182 (b)(12) ng Kodigo sa Kapakanan at Mga Institusyon (Welfare and Institutions, “W&I”)
- Upang maging malaya mula sa anumang anyo ng pagpipigil o paghihiwalay na ginagamit bilang paraan pamimilit, disiplina, kaghinhawaan, o paghihiganti
- Talakayin nang totoo ang tungkol sa impormasyon sa mga magagamit na opsyon at alternatibo sa paggamot, na ipinapakita sa paraang naaangkop sa iyong kondisyon at kakayahang makaunawa, anuman ang halaga o coverage
- Magkaroon ng access sa at tumanggap ng kopya ng iyong mga medikal na rekord, at hilinging baguhin ang mga ito o itama, gaya ng nakasaad sa mga seksyong §164.524 at 164.526 ng Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon (Code of Federal Regulations, CFR).



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

- Kalayaan upang gamitin ang mga karapatan na ito nang walang masamang epekto sa kung paano ka tatrathin ng Kaiser Permanente, iyong mga provider, o ng Estado
- Magkaroon ng access sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, Mga Nagsasariling Paanakan, Mga Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan, Mga Indian na Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan, mga serbisyo ng kumadrona, Mga Panlalawigang Sentrong Pangkalusugan, mga serbisyo para sa impeksiyong naihahawa sa pamamagitan ng pakikipagtalik, at Pangangalagang Pang-emergency na wala sa aming network alinsunod sa pederal na batas.
- Malaman ang mga pangalan ng mga taong nagbibigay sa iyo ng pangangalaga at kung anong uri ng pagsasanay ang mayroon sila.
- Tumanggap ng pangangalaga sa isang lugar na ligtas, protektado, malinis at madaling makuha
- Kumuha ng pangalawang opinyon mula sa isang provider na nasa network ng Medi-Cal sa anumang oras

Ang iyong mga responsibilidad

Ang mga miyembro ng Kaiser Permanente ay mayroong mga responsibilidad na ito:

- Basahin ang Handbook ng Miyembro na ito upang malaman kung anong coverage ang mayroon ka at kung paano ka makakakuha ng mga serbisyo
- Gamitin nang wasto ang iyong mga ID card. Dalhin ang iyong ID card ng Kaiser Permanete, isang ID
- Na may litrato, at iyong ID card ng Medi-Cal kapag pumunta ka para sa pangangalaga
- Papunta sa mga appointment
- Ipaalam sa iyong provider ang tungkol sa iyong kalusugan at nakaraan at kasalukuyang kalusugan
- Sundin ang plano ng pangangalaga na pinagkasunduan ninyo ng iyong provider
- Kilalanin ang epekto ng iyong pamumuhay sa iyong kalusugan



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

- Maging maunawain sa mga doktor na nasa network, iba pang mga tauhan sa pangangalagang pangkalusugan, at mga Miyembro
- Bayaran ang mga serbisyo na hindi sinasakop ng Medi-Cal
- Lutasin ang mga problema gamit ang mga pamamaraang inilalarawan sa Handbook ng Miyembro na ito
- Sabihin sa amin kung ipinasok ka sa isang ospital na wala sa network
- Pag-uunawa ng iyong mga problema sa kalusugan at paglahok sa pagbuo ng napagkasunduang mga layunin sa paggamot, sa lawak na posible

Abiso ng Kawalan ng Diskriminasyo

Sa dokumentong, “kami”, “namin”, o “amin” ay ibig sabihin ang Kaiser Permanente (Kaiser Foundation Health Plan, Inc, Kaiser Foundation Hospitals, The Kaiser Permanente Medical Group. Inc., at ang Southern California Medical Group). Available ang abisong ito sa aming website sa **kp.org**.

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sinusunod namin ang mga batas ng estado at pederal sa mga karapatang pantao.

Hindi kami nandiskrimina, hindi isinasama ang mga tao, o tinatrato ang mga ito nang iba dahil sa edad, lahi, kinikilalang grupo ng etniko, kulay, pinagmulang bansa, pinagmulang kultura, pinagmulang kultura, ninuno, relihiyon, kasarian, kinikilalang kasarian, pagpapahayag ng kasarian, sekswal na oryentasyon, marital status, pisikal o pangkaisipan na kapansanan, medikal na kondisyon, pinanggagalingan ng bayad, impormasyong henetiko, pagkamamamayan, pangunahing wika, o estado sa imigrasyon.

Ibinibigay ng Kaiser Permanente ang mga sumusunod na serbisyo:

- Ang walang bayad na mga tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan para tulungan silang makipag-usap nang mas maganda sa amin, tulad ng:
 - ◆ Mga kwalipikadong interpreter para sa sign language
 - ◆ Nakasulat na impormasyon sa iba pang mga format (braille, malalaking letra, audio, naa-access na mga elektronikong format, at iba pang mga format)
- Ang walang bayad na mga serbisyo sa wika sa mga tao na ang pangunahing wika ay hindi Ingles, tulad ng:



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

- ◆ Mga kwalipikadong interpreter
- ◆ Impormasyong nakasulat sa ibang wika

Kung kailangan ninyo ang mga serbisyong ito, tumawag sa aming departamento para sa Serbisyo sa Miyembro sa mga numero sa ibaba. Libre ang tawag. Sarado ang mga serbisyo sa miyembro sa mga pangunahing holiday.

- Medicare, kasama ang D-SNP: **1-800-443-0815** (TTY 711), 8 a.m. hanggang 8 p. m., 7 araw sa isang linggo.
- Medi-Cal: **1-855-839-7613** (TTY 711), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
- Lahat ng iba pa: **1-800-464-4000** (TTY 711), 24 na oras sa isang araw, 7 aaw sa isang linggo.

Kapag hiniling, makukuha ang dokumentong ito sa braille, malalaking letra, audio, o sa mga elektronikong format. Para makakuha ng isang kopya sa isa sa mga alternatibong format na ito, o ibang format, tawagan ang aming departamento para sa Serbisyo sa Miyembro at hilingin ang kailangan ninyong format.

Paano maghain ng karaingan sa Kaiser Permanente

Maaari kayong maghain ng karaingan sa diskriminasyon sa amin kung naniniwala kayo na hindi namin naibigay ang mga serbisyong ito o labag sa batas na nandiskrimina sa ibang paraan. Maaari kayong maghain ng karaingan sa telepono, sa koreo, nang personal, o sa online. Mangyaring sumangguni sa iyong *Ebidensiya ng Pagsakop (Evidence of Coverage)* o *Mga Katunayan ng Insurance (Certificate of Insurance)* para sa mga detalye. Maaari ninyong tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro para sa higit pang inpormasyon sa mga opsyon na naaangkop sa inyo, o para sa tulong sa paghain ng karaingan. Maaari kayong maghain ng isang karaingan sa diskriminasyon sa mga sumusunod na paraan:

- **Sa telepono:** Tawagan ang aming departamento para sa Mga Serbisyo sa Miyembro, Nakalista sa itaas ang mga numero ng telepono.
- **Sa koreo:** I-download ang form sa kp.org o tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro at hilingin sa kanila na padalhan kayo ng form na maaari ninyong ipadala pabalik.
- **Sa personal:** Punan ang Form para sa Reklamo o Paghahabol/Kahilingan para sa Benepisyo sa opisina ng mga serbisyo sa miyembro na matatagpuan sa isang Pasilidad ng Plan (pumunta sa directory ng inyong provider sa kp.org/facilities para sa mga address)
- **Online:** Gamitin ang online form sa aming website sa kp.org



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY 711). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Maaari ka ring direktang makipag-ugnayan sa Tagapangasiwa ng Mga Karapatang Sibil ng Kaiser Permanente sa mga address sa ibaba:

Attn: Kaiser Permanente Civil Rights Coordinator

Member Relations Grievance Operations

P.O. Box 939001

San Diego CA 92193

Paano maghain ng karaingan sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California Opisina para sa Mga Karapatang Sibil *(Para sa mga Medi-Cal Beneficiary Lang)*

Maaari ka rin maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Kalusugan ng California Opisina para sa Mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng sulat, sa telepono o sa email:

- **Sa telepono:** Tumawag sa Opisina para sa Mga Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services, DHCS) sa **916-440-7370** (TTY **711**)

- **Sa koreo:** Punan ang form para sa reklamo o magpadala ng sulat sa:

Office of Civil Rights
Department of Health Care Services
P.O. Box 997413, MS 0009
Sacramento, CA 95899-7413

Makukuha ang mga form para sa reklamo sa:

http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx

- **Online:** Magpadala ng email sa CivilRights@dhcs.ca.gov

Paano maghain ng isang karaingan sa Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at Tao ng Estados Unidos, Opisina para sa Mga Karapatang Sibil

Maaari kayong maghain ng reklamo sa diskriminasyon sa Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at Tao ng Estados Unidos Opisina para sa Mga Karapatang Sibil. Maaari kayong maghain ng reklamo sa pamamagitan ng sulat sa telepono, o online:

- **Sa telepono:** Tumawag sa **1-800-368-1019** (TTY **711** o **1-800-537-7697**)

- **Sa koreo:** Punan ang form para sa reklamo o magpadala ng sulat sa:

U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Makakakuha ng mga form para sa reklamo sa:
<https://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>

- **Online:** Bisitahin ang Portal sa Reklamo ng Opisina para sa Mga Karapatang Sibil sa: <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/smartscreen/main.jsf>.

Mga paraan upang makibahagi bilang miyembro

Gusto naming may malaman mula sa iyo. Kada quarter, nagkakaroon kami ng mga pagpupulong upang pag-usapan kung ano ang mahusay na gumagana at kung paano kami huhusay. Inaanyayahang dumalo ang mga miyembro. Pumunta sa pagpupulong.

Komite sa Pagpapayo sa Consumer ng Medi-Cal

Mayroon kaming grupo sa bawat Rehiyon ng California na tinatawag na ang Komite Tagapayo sa Consumer ng Medi-Cal (Medi-Cal Consumer Advisory Committee, “CAC”). Ang grupong ito ay binubuo ng Mga Miyembro, provider, at mga organisasyon sa komunidad. Maaari kang sumali sa grupong ito kung gusto mo. Ang CAC ay nagbibigay ng mga mungkahi at rekomendasyon sa Lupon ng mga Direktor ng Kaiser Foundation Health Plan, Inc. sa kung paano namin maaaring pahusayin ang serbisyo sa mga Miyembro ng Medi-Cal. Mayroong isang komite sa bawat Rehiyon ng California.

Para alamin pa ang tungkol sa Komite sa Pagpapayo sa Consumer ng Medi-Cal sa mga Rehiyon ng California, maaari kang makipag-ugnayan sa Medi-Cal Care Delivery at Operations Team:

- **Email:** MediCalCommunity@kp.org
- **Sa koreo:**

Kaiser Permanente
393 E. Walnut St.
Pasadena, CA 91188

ATTN: Medi-Cal Care Delivery and Operations Team 5th floor/CAC



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles) **199**

Abiso ng mga kasanayan sa privacy

Ang pahayag na naglalarawan sa mga patakaran at pamamaraan ng Kasier Permanente para sa pagpapanatili ng pagiging kumpidensyal ng mga medikal rekord ay makukuha at ibibigay sa iyo kung hilingin mo.

Kung ikaw ay nasa edad at kapasidad na magbigay ng pahintulot sa mga maselang serbisyo, hindi mo kailangang kumuha ng pahintulot ng sinumang iba pang miyembro para makakuha ng mga maselang serbisyo o magsumite ng claim para sa mga maselang serbisyo. Maaari mong basahin pa ang tungkol sa mga maselang serbisyo sa seksyong “Maselang pangangalaga” sa handbook na ito.

Maaari mong hilingin sa aming na magpadala ng komunikasyon tungkol sa mga maselang serbisyo sa ibang mailing address, email address, o numero ng telepono na pipiliin mo. Ito ay tinatawag na “kahilingan para sa mga kumpidensyal na komunikasyon.” Kung pahihintulutan mo ang pangangalaga, hindi kami ng magbibigay ng impormasyon sa iyong mga serbisyo ng maselang pangangalaga sa kahit sino nang walang nakasulat na pahintulot mo. Kung hindi ka magbibigay ng mailing address, email address, o numero ng telepono, magpapadala kami ng mga komunikasyon sa pangalan mo sa address o numero ng telepono na nasa file.

Tatanggapin namin ang iyong mga kahilingan para makakuha ng kumpidensyal na komunikasyon sa form at format na hinihingi mo. O sisiguraduhin namin na ang iyong komunikasyon ay madaling ilagay sa form at format na hinihingi mo. Ipapadala namin ang mga ito sa ibang lokasyon na pipiliin mo. Ang iyong kahilingan para sa kumpidensyal na komunikasyon ay tatagal hanggang kanselahin mo ito o magsumite ng bagong kahilingan para sa mga kumpidensyal na komunikasyon.

Maaari kang humiling ng pagpapadala ng kumpidensyal na komunikasyon sa isang lokasyon na iba sa iyong karaniwang address o sa pamamagitan ng pagpapadala na iba sa karaniwang paraan. Maaari kang humiling ng kumpidensyal na komunikasyon sa pamamagitan ng pagkumpleto sa Form para sa Paghiling ng Kumpidensyal na Komunikasyon. Makukuha ang form sa **kp.org** (sa Ingles) sa “Request for confidential communications forms” (Humiling ng mga form para sa kumpidensyal na mga komunikasyon). Ang iyong kahilingan para sa kumpidensyal na komunikasyon ay magiging valid hanggang sa sabihin mo sa aming itigil ang paggamit sa form o kapag nagpadala ka ng bagong kahilingan para sa kumpidensyal na komunikasyon. Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY 711). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Poprotektahan ng Kaiser Permanente ang privacy ng iyong pinoprotektahang impormasyon ng kalusugan (protected health information, “PHI”). Hinihiling din namin sa lahat ng kinokontratang provider na protektahan ang privacy ng iyong PHI. Ang iyong PHI ay impormasyong makakatukoy ng indibidwal (sinasabi, nakasulat, o elektroniko) tungkol sa iyong kalusugan, mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na natanggap mo, o bayad para sa iyong pangangalagang pangkalusugan.

Karaniwang magagawa mong makita o kumuha ng kopya ng iyong PHI, ayusin ang mga o magdagdag ng pinakabagong impormasyon sa iyong PHI, at humingi sa amin ng listahan ng mga partikular na pagsisiwalat ng iyong PHI. Maaari kang humiling ng pagpapadala ng kumpidensyal na komunikasyon sa isang lokasyon na iba sa iyong karaniwang address o sa pamamagitan ng pagpapadala na iba sa karaniwang paraan.

Maaari naming gamitin o payagan ang ibang tao na makita ang iyong PHI para sa pangangalaga, pagsasaliksik sa kalusugan, pagbabayad, o mga pagpapalakad sa pangangalagang pangkalusugan, tulad ng para sa pagsasaliksik o pagsukat ng kalidad ng pangangalaga at mga serbisyo. At, ayon sa batas maaari rin namin ibigay ang iyong PHI sa gobyerno o ibigay ito para sa mga legal na aksyon.

Hindi namin gagamitin o isisiwalat ang iyong PHI para sa anumang iba pang dahilan nang walang nakasulat na pahintulot mula sa iyo (o ng isang taong itinakda mo na kumilos para sa iyo), maliban sa nakalarawan sa aming Abiso ng Mga Kasanayan sa Privacy (tingnan sa ibaba) at mga patakaran sa privacy ng Medi-Cal. Hindi mo kailangang pahintulutan itong ibang paggamit ng iyong PHI.

Kung mayroon kang makikitang ibang tao na gumagamit ng iyong impormasyon sa maling paraan, kontakin ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)** o sa Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California, Opisyal sa Privacy, sa **1-866-866-0602** Opsyon 1 (**TTY 1-877-735-2929**). Maaari ka ring magpadala ng e-mail sa Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California sa **privacyofficer@dhcs.ca.gov**.

Ito ay isang maikling buod lamang ng ilan sa aming mga mahalagang kasanayan sa privacy. **ANG AMING ABISO SA MGA KASANAYAN SA PRIVACY, NA NAGBIBIGAY NG KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA AMING MGA KASANAYAN SA PRIVACY AT SA IYONG MGA KARAPATAN KAUGNAY SA IYONG PHI, AY MAKUKUHA AT IBIBIGAY SA IYO KAPAG HINILING MO.** Para makakuha ng kopya, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Makikita mo rin ang abisong ito sa isang pasilidad ng Kaiser Permanente o sa pamamagitan ng pagpunta online sa **kp.org** (sa Ingles).



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Abiso tungkol sa mga batas

Maraming batas na ginagamit sa Handbook ng Miyembro na ito. Ang mga batas na ito ay maaaring makaapekto sa iyong mga karapatan at responsibilidad kahit na hindi kasama o ipinaliwanag ang mga batas sa Handbook ng Miyembro na ito. Ang mga pangunahing batas na ginagamit sa Handbook ng Miyembro na ito ay mga batas ng estado at pederal tungkol sa programa ng Medi-Cal. Maaari ring naaangkop ang iba pang batas ng pederal at estado.

Abiso tungkol sa Medi-Cal bilang huling magbabayad, iba pang coverage sa kalusugan at pagbabalik ng nawala dahil sa nagawang mali

Sumusunod ang programa ng Medi-Cal sa mga batas at regulasyon ng estado at pederal na nauugnay sa legal na pananagutan ng mga ikatlong partido para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga miyembro. Isasagawa ng Kaiser Permanente ang lahat ng makatwirang hakbang upang masiguro na ang programa ng Medi-Cal ay ang huling magbabayad.

Ang mga miyembro ng Medi-Cal ay maaari ring magkaroon ng iba pang coverage sa kalusugan (other health coverage, "OHC"), tinatawag din bilang pribadong insurance sa kalusugan. Bilang kondisyon ng pagiging karapat-dapat ng Medi-Cal, dapat mag-apply ka para sa o panatilihin ang anumang available na OHC kapag libre ito.

Hinihiling nga mga batas na Pederal at ng estado sa mga miyembro ng Medi-Cal na iulat ang OHC at anumang pagbabago sa umiiral na OHC. Maaaring kailangan mong bayaran ulit ang DHCS para sa anumang benepisyo nagkamaling bayaran kung hindi mo iulat kaagad ang OHC. Isumite ang iyong OHC online sa <http://dhcs.ca.gov/OHC> (sa Ingles).

Kung wala ka access sa internet, maaari mong i-report ang OHC sa amin sa pamamagitan ng pagtawag sa aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). O maaari mong tawagan ang OHC Processing Center ng DHCS sa **1-800-541-5555** (TTY **1-800-430-7077** o **711**) sa loob ng California sa **1-916-636-1980** (sa labas ng California).

Ang Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California ay may karapatan at responsibilidad para mabayaran para sa mga sinasakop na serbisyo ng Medi-Cal kung saan hindi unang magbabayad ang Medi-Cal. Halimbawa, kung ikaw



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

ay nasaktan sa isang aksidente o sa trabaho, maaaring magbayad muna ang insurance para sa bayad-pinsala ang kotse o manggagawa, o bayaran ang Medi-Cal kung mababayad ang Medi-Cal.

Kung ikaw ay masasaktan, at ibang partido ang mananagot para sa iyong pinsala, ikaw o ang iyong legal na kinatawan ay dapat abisuhan ang DHCS sa loob ng 30 araw mula sa pagsusumite ng legal na aksyon o claim. Isumite ang iyong abiso sa online sa:

- Personal Injury Program sa <https://dhcs.ca.gov/PIForms> (sa Ingles)
- Workers' Compensation Recovery Program sa <https://dhcs.ca.gov/WC> (sa Ingles)

Para alamin pa, bisitahin ang website ng DHCS Third Party Liability and Recovery Division sa <https://dhcs.ca.gov/tplrd> (sa Ingles) o tawagan ang **1-916-445-9891**.

Abiso tungkol sa pagbawi ng ari-arian

Ang programa ng Medi-Cal ay dapat humingi ng muling pagbabayad mula sa mga probated estate ng ilang namatay na miyembro para sa mga benepisyo ng Medi-Cal na natanggap sa o pagkatapos ng kanilang ika-55 kaarawan. Kasama sa muling pagbabayad ang Fee-For-Service ("FFS") at mga bayad sa premium/capitation ng pinapamahalaang pangangalaga para sa mga serbisyo ng nursing facility, mga serbisyo sa bahay at sa komunidad, at mga nauugnay na serbisyo sa ospital at inireresetang gamot na natanggap noong ang miyembro ay isang inpatient sa isang nursing facility pasilidad o tumatanggap ng mga serbisyo sa bahay at sa komunidad. Ang muling pagbabayad ay hindi puwedeng lumampas sa halaga ng probated estate ng isang miyembro.

Para alamin pa, pumunta sa website ng DHCS Estate Recovery Program sa <https://dhcs.ca.gov/er> (sa Ingles) o tawagan ang **1-916-650-0590**.

Abiso ng Aksyon

Magpapadala ang Kaiser Permanente ng sulat na Abiso ng Aksyon (Notice of Action, "NOA") anumang oras na tinanggihan naantala, itinigil, o binago ang kahilingan para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung hindi ka sumasang-ayon sa aming desisyon, maaari kang palagi maghain ng apela. Pumunta sa seksyon "Mga apela" sa Kabanata 6 ng Handbook ng Miyembro na ito para sa mahalagang impormasyon sa paghain ng iyong apela. Kapag nagpadala kami sa iyo ng NOA sasabihin nito sa iyo ang lahat ng karapatan na mayroon ka kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon na ginawa namin.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Nilalaman sa mga abiso

Kung ibabatay namin nang buo o hindi buo ang mga pagtangga, pag-antala, pagbabago, pagtapos, pagsuspende, o pagbabawas sa iyong serbisyo sa pangangailangang medikal, ang iyong Abiso ng Aksyon (NOA) ay dapat mayroon ng mga sumusunod:

- Pahayag ng aksyon na gusto naming gawin.
- Malinaw at maikling paliwanag ng mga dahilan para sa aming desisyon
- Paano kami nagdedesisyon, ikasama ang mga pununtunan na ginamit namin
- Ang mga medikal na dahilan para sa desisyon. Dapat malinaw naming sabihin kung paano hindi natutugunan ng iyong kondisyon ang mga panuntunan o alituntunin.

Mga Pagsasalin-wika

Kailangan naming ganap na isalin-wika at ibigay ang nakasulat na impormasyon ng miyembro sa mga karaniwang mas gustong wika, kasama ang lahat ng abiso sa karaingan at mga apela.

Dapat kasama sa ganap na isinalin-wikang abiso ang medikal na dahilan para sa aming desisyon na tanggihan, iantala, baguhin, tapusin, suspindihin, o bawasan, ang kahilingan para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

Kung hindi available ang pagsasaling-wika sa iyong mas gustong wika, magbibigay ng berbal na tulong na nasa iyong mas gustong wika para maunawaan mo ang impormasyong natatanggap mo.

Abiso tungkol sa mga hindi pangkaraniwang pangyayari

Kung may mangyayari na maglilimita sa aming kakayahang magbigay at asikasuhin ang pangangalaga, tulad ng malaking kalamidad, gagawa kami ng pagsusumikap na may mabuting hangarin naming bigyan ka ng pangangalaga na kailangan mo sa Mga Provider na Nasa Network ng Medi-Cal at mga pasilidad na nasa network na maaaring gamitin. Kung mayroon kang pang-emergency na medikal na kondisyon, pumunta sa pinakamalapit na ospital. Mayroon kang coverage para sa mga Pangangalagang Pang-emergency tulad ng inilalarawan sa seksyong "Pangangalagang Pang-emergency" ng handbook na ito.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Abiso tungkol sa pangangasiwa sa iyong mga benepisyo

Dapat mong kumpletuhin ang anumang mga form na hinihiling namin sa aming karaniwang pagpapalakad ng negosyo. Maaari rin kaming gumawa ng mga pamantayan (mga patakaran at pamamaraan) upang mas mahusay na makapagbigay sa iyo ng mga serbisyo.

Kung gagawa kami ng exception sa mga tuntunin ng Handbook ng Miyembro na ito para sa iyo o sa iba, hindi namin kailangang gawin muli ito para sa iyo o sa iba sa hinaharap.

Abiso tungkol sa mga pagbabago sa Handbook ng Miyembro na ito

Kami, nang may pag-apruba ng DHCS, ay maaaring gumawa ng mga pagbabago sa Handbook ng Miyembro na ito anumang oras. Sasabihin namin sa iyo sa sulat ang anumang pagbabago sa loob ng 30 araw bago mangyari ang mga ito.

Abiso tungkol sa mga bayad at mga gastos sa abogado at tagapagtaguyod

Sa anumang hindi pagkakasundo sa pagitan mo at namin, The Permanente Medical Group, o sa Kaiser Foundation Hospitals, ang bawat partido ang magbabayad ng kani-kanilang sariling mga bayad at mga gastos. Kasama rito ang mga bayad sa abogado at tagapagtaguyod.

Abiso na ang Handbook ng Miyembro ay mandatoryo sa mga Miyembro

Ang mga tuntunin ng Handbook ng Miyembro na ito ay mandatoryo sa iyo kapag pinili mong mag-enroll sa Kaiser Permanente Medi-Cal Plan.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY 711). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Mga abiso tungkol sa iyong coverage

Maaaring padalhan ka namin ng mga update tungkol sa iyong coverage sa pangangalagang pangkalusugan. Ipapadala namin ito sa pinakabagong address mo na nasa amin. Kung lumipat ka o may bagong address, sabihin sa amin ang iyong agong address sa lalong madaling panahon sa pamamagitan ng pagtawag sa aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Sabihin din sa iyong Manggagawa ng County para sa Pagiging Karapat-dapat ang iyong bagong address.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613** (TTY **711**). Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles) **206**

8. Mga mahalagang numero at salita na dapat malaman

Mga mahalagang numero ng telepono

- Mga Serbisyo sa Miyembro ng Kaiser Permanente:
 - Ingles **1-855-839-7613**
(at mahigit sa 150 wikang gumagamit ng mga serbisyo ng interpreter)
 - Espanyol **1-800-788-0616**
 - Mga Chinese na diyalekto **1-800-757-7585**
 - TTY **711**
- Pahintulot para sa pangangalaga pagkatapos maging maayos ang kondisyon **1-800-225-8883 (TTY 711)**
- Mga appointment at Linya para sa Payo ng Kaiser Permanente
 - Hilagang California **1-866-454-8855 (TTY 711)**
 - Katimugang California **1-833-574-2273 (TTY 711)**
- Health Care Options **1-800-430-4263**
(TTY **1-800-430-7077**)
- Medi-Cal Rx **1-800-977-2273**
(TTY **711**)

Mga salitang dapat malaman

Active labor: Ang panahon kapag ang buntis na miyembro ay nasa tatlong yugto ng panganganak at hindi ligtas na maililipat sa ibang ospital bago manganak o maaaring makasama ang paglipat sa kalusugan at kaligtasan ng miyembro o hindi pa naipapanganak na sanggol.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Acute: Ang maikli, bigla na medikal kondisyon na nangangailangan ng mabilis na medikal na atensyon.

American Indian: Mga indibiduwal na natutugunan ang kahulugan ng “Indian” sa batas pederal sa 42 Mga Pederal na Regulasyon ng California (California Federal Regulations, CFR) seksyon 438.14, na tinutukoy ang isang tao bilang “Indian” kung natutugunan ng isang tao ang anuman sa sumusunod:

- Ay miyembro ng pederal na kinikilalang Indian tribe
- Nakatira sa urban center at natutugunan ang isa o mahigit pa sa mga sumusunod:
 - Ay miyembro ng tribe, band, o inorganisang grupo ng mga Indian, kabilang ang mga tribe, band o mga grupong tinapos simula 1940 at ang mga kilala ngayon o sa hinaharap ng estado kung saan nakatira sila, o isang descendant sa first o second degree ng alimang nasabing miyembro
 - Ay isang Eskimo orAleut o iba pang Katutubo ng Alaska
 - Ay itinuturing ng Secretary of the Interior na isang Indian para sa anumang layunin
 - Ay nalaman na isang Indiansa ilalim ng mga regulasyon ng ibinigay ng Secretary o ang Interior
- Ay itinuturing ng Secretary of the Interior na isang Indian para sa anumang layunin
- Ay itinuturing ng Kalihim ng Mga Serbisyo sa Tao at Kalusugan na isang Indian para sa mga layunin ng pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, kasama ang California Indian, Eskimo, Aleut, o iba pang Katutubo ng Alaska

Ang pasilidad o tahanan ng Intermediate care: Ibinibigay na pangangalaga sa isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga na nagbibigay ng 24 na oras na mga serbisyong pantahanan. Mga uri ng pasilidad o tahanan ng intermediate care kasama ang pasilidad/may kapansanan sa paglaki (intermediate care facility/developmentally-disabled, ICF/DD), intermediate care facility/developmentally disabled-habilitative (ICF/DD-H), at intermediate care facility/developmentally disabled-nursing (ICF/DD-N).

Apela: Kahilingan ng miyembro para suriin at baguhin ng Kaiser Permanente ang isang ginawang desisyon tungkol sa coverage para sa hiniling na serbisyo.

Apurahang Pangangalaga (o mga apurahang serbisyo): Mga serbisyong ibinibigay upang gamutin ang hindi emergency na karamdaman, pinsala o kondisyon na nangangailangan ng medikal na pangangalaga. Makakakuha ka ng agarang pangangalaga mula sa isang Provider na Wala sa Network ng Medi-Cal kung pansamantalang wala o hindi



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

maa-access ang mga provider na Nasa Network ng Medi-Cal.

Arbitrasyon na pagpapasyahan ng tagapamagitan: Isang paraan para lutasin ang mga problema gamit ang walang kinikilingang partido. Para sa mga problema na lulutasin sa pamamagitan ng arbitrasyon na pagpapasiyahan ng tagapamagitan, pakikikingan ng ikatlong partido ang magkabilang panig ng isyu at gagawa ito ng desisyon na dapat tanggapin ng magkabilang panig. Tatalikuran ng magkabilang panig ang karapatan sa isang paglilitis ng hurado o korte.

Artipisyal na gamit: Isang kagamitan na ginagamit bilang suporta o brace na ikinakabit sa labas ng katawan upang suportahan o itama ang malubhang pinsala o may sakit na bahagi ng katawan at kinakailangan sa paggamot para sa paggaling ng miyembro.

Artipisyal na kagamitan: Isang artipisyal na kagamitang ikinakabit sa katawan upang palitan ang nawawalang bahagi ng katawan.

California Children’s Services (“CCS”): Isang programa ng Medi-Cal na nagbibigay ng mga serbisyo para sa mga bata na hanggang edad na 21 na may partikular na kondisyon, mga sakit, o hindi gumagaling na mga problema sa kalusugan.

Case manager: Mga rehistradong nurse, lisensyadong vocational nurse, social worker o iba pang itinalagang kawani na makakatulong sa iyong maunawaan ang mga malaking problema sa kalusugan at pangasiwaan ang pangangalaga kasama ng iyong mga provider ng miyembro.

Certified Nurse Midwife (Certified Nurse Midwife, “CNM”): Isang tao bilang rehistradong nurse at sertipikadong kumadronang nars ng Lupon ng Rehistradong Nurse ng California. Ang isang sertipikadong nurse na kumadrona ay pinapayagang mamahala ng mga kaso ng normal na panganganak.

Chiropractor: Isang provider na gumagamot sa gulugod sa pamamagitan ng manu-manong pagmamanipula.

Contract Drugs List (“CDL”): Ang inaprubahang listahan ng gamot para sa Medi-Cal Rx mula kung saan maaaring mag-order ang iyong provider ng mga sakop na gamot na kailangan ng isang miyembro.

Copayment (copay): Pagbabayad na ginagawa ng miyembro, karaniwan ay sa oras na ibinigay ang serbisyo, dagdag pa sa bayad ng nagbibigay ng insurance.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Coverage ng inireresetang gamot: Coverage para sa mga gamot na inireseta ng provider.

Dati nang pasyente: Isang pasyente na mayroon nang dating kaugnayan sa isang provider at nagpatingin na sa provider na iyon sa partikular na panahon na itinakda ng planong pangkalusugan.

Doktor ng Plano: Sinumang lisensiyadong doktor na empleyado ng The Permanente Medical Group, o sinumang lisensiyadong doktor na nakikipagkontrata upang magbigay ng mga Sakop na Serbisyo sa mga Miyembro. Ang mga doktor na nakikipagkontrata lang sa amin upang magbigay ng mga serbisyo ng referral ay hindi itinuturing na mga Doktor ng Plano.

Espesyalista (o may espesyalidad na doktor): Isang doktor na gumagamot ng partikular na mga uri ng problema sa pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, isang orthopedic na siruhano na gumagamot ng mga baling buto; isang allergist na gumagamot ng mga alerhiya; at isang cardiologist na gumagamot ng mga problema sa puso. Sa karamihan ng kaso, kailangan ng miyembro ang referral mula sa iyong PCP upang magpatingin sa isang espesyalista.

Fee-for-Service (“FFS”) Medi-Cal: Kung minsan hindi sinasakop ang mga serbisyo ng iyong plano ng Medi-Cal, ngunit maaari pa ring makuha ng miyembro ang mga ito sa pamamagitan FFS Medi-Cal, tulad ng maraming serbisyo ng parmasya sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx.

Follow-up na pangangalaga: Regular na pangangalaga ng doktor upang tingnan ang pagbuti ng miyembro pagkatapos maospital o sa haba ng paggamot.

Formulary: Listahan ng mga gamot o item na nakakatugon sa ilang mga pamantayan at inaprubahan para sa mga Miyembro.

Health Care Options (“HCO”): Ang programa na maaaring mag-enroll o mag-alis sa pagkaka-enroll ang miyembro sa planong pangkalusugan.

Hindi gumagaling na kondisyon: Isang sakit o iba pang medikal na problema na hindi ganap na malulunasan o na lalala sa katagalan o na dapat gamutin para hindi lumala ang miyembro.

Hindi lumalahok na provider: Provider na wala sa network ng Kaiser Permanente.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro ng KP sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**. Nandito kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (maliban kapag sarado sa mga holiday). Libre ang tawag. Bumisita online sa **kp.org** (sa Ingles)

Hindi Pangmedikal na Transportasyon: Transportasyon kapag nagbibiyaha patungo at mula sa isang appointment para sa sakop na serbisyo ng Medi-Cal na pinahintulutan ng provider ng miyembro at kapag kumukuha ng mga gamot at mga medikal na supply.

Hindi sakop na serbisyo: Isang serbisyong na hindi sinasakop ng Kaiser Permanente.

Hospice: Pangangalaga na nagbabawas sa mga pisikal, emosyonal, panlipunan, at espiritwal na kawalan ng ginhawa para sa miyembro na may taning na karamdaman. Available ang pangangalaga ng hospice kapag ang miyembro ay mayroong inaasahang magtagal ang buhay ng 6 na buwan o wala pa.

Iba pang coverage sa kalusugan (Other health coverage, “OHC”): Pribadong insurance sa kalusugan at mga nagbabayad ng serbisyo maliban sa Medi-Cal. Maaaring kasama sa mga serbisyo ang pangmedikal, sa ngipin, paningin, pamilya, mga plano ng Medicare Advantage (“Part C”), at/o mga karagdagang plano ng Medicare Advantage (“Medigap”).

Insurance sa kalusugan: Coverage ng insurance na nagbabayad para sa mga gastos na pangmedikal at para sa pag-oopera sa pamamagitan ng pagbabayad sa naka-insured para sa mga gastos mula sa mga karamdaman o pinsala o direktang pagbabayad sa provider ng pangangalaga.

Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services, DHCS): Ang Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan. Ito ang tanggapan ng estado na namamahala sa programa ng Medi-Cal.

Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Managed Health Care, DMHC): Ang Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California. Ito ang tanggapan ng estado na namamahala sa mga plano ng pinamamahalaang pangangalagang pangkalusugan.

Kaiser Foundation Health Plan, Inc.: Isang nonprofit na korporasyon sa California. Sa Handbook ng Miyembro na ito, "kami", "namin", o "amin" ay nangangahulugan sa Kaiser Foundation Health Plan, Inc.

Kaiser Permanente Medi-Cal Plan: Ang iyong planong pangkalusugan sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal.



